رئاسة الشؤون الدينية
بالمسجد الحرام والمسجد النبوي

حِصْنُ المُسْلِمِ مِنْ أَذْكَارِ الكِتَابِ وَالسُّنَّةِ | فلبيني تجالوج | Filipino

Ang Muog ng Muslim Mula sa mga Dhikr ng Qur'ān at Sunnah

Ang nangangailangan kay Allāh (napakataas Siya)
Dr. Sa`īd bin `Alīy bin Wahaf Al-Qaḥṭānīy

حِصْنُ المُسْلِمِ
مِنْ أَذْكَارِ الكِتَابِ وَالسُّنَّةِ

Ang Muog ng Muslim Mula sa mga Dhikr ng Qur'ān at Sunnah

د. سَعِيدُ بْنُ عَلِيِّ بْنِ وَهْفٍ الْقَحْطَانِيُّ

Ang nangangailangan kay Allāh (napakataas Siya),
Dr. Sa`īd bin `Alīy bin Wahaf Al-Qaḥṭānīy

بِسْمِ اللهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Ang Muog ng Muslim Mula sa mga Dhikr ng Qur'ān at Sunnah

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain

Ang Panimula

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allāh. Nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya, at humihingi tayo ng tawad sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allāh laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga masagwa sa mga gawa natin. Ang sinumang papatnubayan ni Allāh ay walang magliligaw sa kanya at ang sinumang ipaliligaw ni Allāh ay walang magpapatnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Basbasan siya ni Allāh, ang mag-anak niya, ang mga Kasamahan niya, at ang sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng Pagtutumbas; at pangalagaan nang pangangalagang palagi. Sa pagpapatuloy.

Ito ay isang pinaiksing edisyon na hinalaw ko sa aklat ko na pinamagatang Adh-Dhikr wa Ad-Du`ā' wa

Al-`Ilāj bi Ar-Ruqā min Al-Kitāb wa As-Sunnah.[1] Pinaiksi ko rito ang bahagi ng mga dhikr upang maging magaang dalhin sa mga paglalakbay.

Naglimita nga ako sa teksto ng dhikr at nagkasya ako sa pagsasadokumento nito sa pamamagitan ng pagbanggit ng isa o dalawang sangguniang kabilang sa natagpuan sa batayang aklat. Ang sinumang nagnais ng pagkakilala sa Ṣaḥābīy [na nagsalaysay ng ḥadīth] o ng isang karagdagan sa pagsasadokumento [ng ḥadīth] ay kailangan sa kanya ang pagsangguni sa batayang aklat. Humihiling ako kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa pamamagitan ng mga pangalan Niyang pinakamagaganda at mga katangian Niyang pinakamatataas na gawin Niya ito bilang wagas na ukol sa marangal na mukha Niya, na pakinabangin Niya ako sa pamamagitan nito sa buhay ko at sa pagkamatay ko, at na pakinabangin Niya ang sinumang bumasa nito o nagpalimbag nito o naging kadahilanan ng pagkalathala nito; tunay na Siya ay ang Katangkilik doon at ang Nakakakaya niyon.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, ang mga Kasamahan niya, at ang sinumang sumunod sa kanila sa paggawa ng maganda hanggang sa Araw ng

[1] Nailimbag na ang orihinal na nabanggit – ukol kay Allāh ang papuri – kasama ng pagsasadokumento ng mga ḥadīth nito sa isang pinalawak na pagsasadokumento sa apat na tomo. Ang Ḥiṣn Al-Muslim sa Una at Ikalawang Tomo mula sa mga ito.

Pagtutumbas.

Ang May-akda

Isinulat sa buwan ng Ṣafar, 1409 Hijrah (Setyembre 1988)

❋❋❋

Ang Kainaman ng Dhikr

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿فَٱذۡكُرُونِيٓ أَذۡكُرۡكُمۡ وَٱشۡكُرُواْ لِي وَلَا تَكۡفُرُونِ ١٥٢﴾

{Kaya alalahanin ninyo Ako, aalalahanin Ko kayo; at magpasalamat kayo sa Akin at huwag kayong tumangging sumampalataya sa Akin.}[1]

﴿يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ ٱذۡكُرُواْ ٱللَّهَ ذِكۡرٗا كَثِيرٗا ٤١﴾

{O mga sumampalataya, mag-alaala kayo kay Allāh nang pag-aalaalang madalas}[2]

﴿...وَالذَّاكِرِينَ اللَّهَ كَثِيرًا وَالذَّاكِرَاتِ أَعَدَّ اللَّهُ لَهُم مَّغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا﴾

{...at ang mga lalaking nag-aalaala kay Allāh nang madalas at ang mga babaing nag-aalaala ay naghanda si Allāh para sa kanila ng isang kapatawaran at isang pabuyang sukdulan [ng Paraiso].}[3]

﴿وَٱذۡكُر رَّبَّكَ فِي نَفۡسِكَ تَضَرُّعٗا وَخِيفَةٗ وَدُونَ ٱلۡجَهۡرِ مِنَ ٱلۡقَوۡلِ بِٱلۡغُدُوِّ وَٱلۡأٓصَالِ وَلَا تَكُن مِّنَ ٱلۡغَٰفِلِينَ ٢٠٥﴾

[Alalahanin mo [O Propeta] ang Panginoon mo sa sarili mo nang may pagpapakumbaba at pangamba at walang kalakasan sa pagsasabi, sa mga umaga at mga hapon, at huwag kang maging kabilang sa mga nalilingat.[4]

---

[1] Qur'ān 2:152.
[2] Qur'ān 33:41.
[3] Qur'ān 33:35.
[4] Qur'ān 7:205.

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang paghahalintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at hindi umaalaala sa Panginoon niya ay tulad ng buháy at patay."[1]

Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ba ako magbabalita sa inyo hinggil sa pinakamabuti sa mga gawa ninyo, pinakabusilak sa mga ito sa ganang May-ari ninyo, pinakaangat sa mga ito sa mga antas ninyo, pinakamabuti para sa inyo kaysa sa paggugol ng ginto at pilak, at pinakamabuti para sa inyo kaysa sa makitagpo kayo sa kaaway ninyo para tumaga kayo ng mga leeg nila at tumaga sila ng mga leeg ninyo?" Nagsabi sila: "Opo." "Ang pag-alaala kay Allāh (napakataas Siya)."[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nagsasabi si Allāh (napakataas-taas Siya): Ako ay ayon sa palagay ng lingkod Ko sa Akin at Ako ay kasama niya kapag binanggit niya Ako. Kaya kung binanggit niya Ako sa sarili niya ay binanggit Ko rin siya sa sarili Ko. Kung binanggit niya Ako sa isang madla ay binanggit Ko rin siya sa isang madla na

---

[1] Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/208, sa numero 6407; at Muslim, 1/539, sa numero 779, na may pananalitang: "Ang paghahalintulad sa bahay na inaalaala si Allāh doon at bahay na hindi inaalaala si Allāh doon ay tulad ng buháy at patay."

[2] At-Tirmidhīy, 5/459, sa numero 3377; at Ibnu Mājah, 2/124, sa numero 3790. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/316; at Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/139.

mainam kaysa sa kanila. Kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang dangkal ay nagpakalapit naman Ako sa kanya ng isang bisig. Kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang bisig ay nagpakalapit naman Ako sa kanya ng isang dipa. Kung pumunta siya sa Akin na naglalakad ay pumunta naman Ako sa kanya nang payagyag."[1]

Ayon kay `Abdullāh bin Busr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May isang lalaking nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang mga batas ng Islām ay dumami nga sa akin, kaya magpabatid ka sa akin ng isang bagay na panghahawakan ko." Nagsabi siya: "Hindi matitigil ang dila mo na basa dahil sa pag-alaala kay Allāh."}[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Allāh ay magkakaroon siya dahil dito ng isang gawang maganda. Ang gawang maganda ay [may gantimpalang] katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alif lām mīm ay isang titik, bagkus ang alif ay isang titik, ang lām ay isang titik at ang mīm ay isang titik."[3]

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir (malugod si Allāh sa

---

[1] Al-Bukhārīy, 8/171, sa numero 7405; at Muslim, 4/2061, sa numero 2675. Ang pananalita ay batay kay Imām Al-Bukhārīy.

[2] At-Tirmidhīy, 5/458, sa numero 3375; at Ibnu Mājah, 2/1246, sa numero 3793. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/139; at Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/317.

[3] At-Tirmidhīy, 5/75, sa numero 2910. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/9; at Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` Aṣ-Ṣaghīr, 5/340.

kanya) na nagsabi: {Lumabas ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang kami ay nasa Ṣuffah, saka nagsabi siya: "Alin sa inyo ang ibig pumunta sa umaga sa Buṭḥān o sa `Aqīq bawat araw at mag-uuwi mula roon ng dalawang babaing kamelyong may malaking umbok nang hindi [nakagagawa ng] kasalanan ni paglagot ng ugnayan sa kaanak?" Kaya nagsabi kami: "O Sugo ni Allāh, naiibigan po namin iyon." Nagsabi siya: "Hindi ba pupunta ang isa sa inyo sa masjid at makaalam o bumigkas ng dalawang talata mula sa Aklat ni Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan? Iyon ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa dalawang babaing kamelyo. Ang tatlong talata ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa tatlong kamelyo. Ang apat na talata ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa apat na kamelyo at kaysa sa [anumang] mga bilang ng mga kamelyong ito."}[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang naupo sa isang upuan na hindi nag-alaala kay Allāh roon ay magkakamit siya mula kay Allāh ng isang hinagpis. Ang sinumang nahiga sa isang higaan na hindi nag-alaala kay Allāh roon ay magkakamit siya mula kay Allāh ng isang hinagpis."[2]

---

[1] Muslim, 1/553, sa numero 803.

[2] Abū Dāwud, 4/264, sa numero 4856; at ang iba pa sa kanya. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 5/342.

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang umupong mga tao sa isang pagtitipon, na hindi sila nag-alaala kay Allāh roon at hindi sila dumalangin ng basbas para sa Propeta nila, malibang may magiging ukol sa kanila na isang hinagpis. Kung loloobin Niya, pagdurusahin Niya sila; at kung loloobin Niya, patatawarin Niya sila."[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang mga taong tumatayo mula sa inupuan, na hindi umaalaala kay Allāh roon, malibang tatayo sila palayo sa tulad ng isang bangkay ng isang asno at ito para sa kanila ay magiging isang hinagpis."[2]

1. Ang mga Dhikr Pagkagising

«الحَمْدُ للَّهِ الَّذِي أَحْيَانَا بَعْدَ مَا أَمَاتَنَا، وَإِلَيْهِ النُّشُور»

Alḥamdu lillāhi -lladhī aḥyānā ba`da mā amātanā wa-ilayhi -nnushūr.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagbigay-buhay sa atin matapos nagbigay-kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang pagkabuhay."[3]

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ،

---

[1] At-Tirmidhīy, 5/461, sa numero 3380. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/140.

[2] Abū Dāwud, 4/264, sa numero 4855; at Aḥmad, 2/389, sa numero 10680. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 5/176.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/113, sa numero 6314; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2083, sa numero 2711.

سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالحَمْدُ للَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكبَرُ، وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ العَلِيِّ العَظِيمِ، رَبِّ اغْفِرْ لِي»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Subḥāna -llāh, wa-lḥamdu lillāh, wa-lā ilāha illa -llāhu wa-llāhu akbar, wa-lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāhi -l`alīyi -l`aḏīm, rabbi -ghfir lī.

"Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Kaluwalhatian kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay Pinakadakila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh, ang Mataas, ang Sukdulan. O Panginoon ko, patawarin Mo ako."[1]

«الحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي عَافَانِي فِي جَسَدِي، وَرَدَّ عَلَيَّ رُوحِي، وَأَذِنَ لِي بِذِكْرِهِ»

Alḥamdu lillāhi -lladhī `āfānī fī jasadī, wa-radda `alayya rūḥī, wa-adhina lī bi-dhikrih.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpaigi sa akin sa katawan ko at nagsauli sa akin ng kaluluwa ko at

[1] "Ang sinumang nagsabi niyon, patatawarin siya. Kung dumalangin siya, tutugunin siya. Kung tumayo siya saka nagsagawa siya ng wuḍū', pagkatapos nagdasal, tatanggapin ang pagdarasal niya." Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/39, sa numero 1154; at ang iba pa. Ang pananalita aya batay kay Ibnu Mājah. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/335.

nagpahintulot sa akin sa pag-alaala sa Kanya."[1]

﴿إِنَّ فِي خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ لَءَايَٰتٍ لِّأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٠﴾ ٱلَّذِينَ يَذْكُرُونَ ٱللَّهَ قِيَٰمًا وَقُعُودًا وَعَلَىٰ جُنُوبِهِمْ وَيَتَفَكَّرُونَ فِى خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ رَبَّنَا مَا خَلَقْتَ هَٰذَا بَٰطِلًا سُبْحَٰنَكَ فَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿١٩١﴾ رَبَّنَآ إِنَّكَ مَن تُدْخِلِ ٱلنَّارَ فَقَدْ أَخْزَيْتَهُۥ ۖ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴿١٩٢﴾ رَّبَّنَآ إِنَّنَا سَمِعْنَا مُنَادِيًا يُنَادِى لِلْإِيمَٰنِ أَنْ ءَامِنُوا۟ بِرَبِّكُمْ فَـَٔامَنَّا ۚ رَبَّنَا فَٱغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَكَفِّرْ عَنَّا سَيِّـَٔاتِنَا وَتَوَفَّنَا مَعَ ٱلْأَبْرَارِ ﴿١٩٣﴾ رَبَّنَا وَءَاتِنَا مَا وَعَدتَّنَا عَلَىٰ رُسُلِكَ وَلَا تُخْزِنَا يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿١٩٤﴾ فَٱسْتَجَابَ لَهُمْ رَبُّهُمْ أَنِّى لَآ أُضِيعُ عَمَلَ عَٰمِلٍ مِّنكُم مِّن ذَكَرٍ أَوْ أُنثَىٰ ۖ بَعْضُكُم مِّنۢ بَعْضٍ ۖ فَٱلَّذِينَ هَاجَرُوا۟ وَأُخْرِجُوا۟ مِن دِيَٰرِهِمْ وَأُوذُوا۟ فِى سَبِيلِى وَقَٰتَلُوا۟ وَقُتِلُوا۟ لَأُكَفِّرَنَّ عَنْهُمْ سَيِّـَٔاتِهِمْ وَلَأُدْخِلَنَّهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ثَوَابًا مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ عِندَهُۥ حُسْنُ ٱلثَّوَابِ ﴿١٩٥﴾ لَا يَغُرَّنَّكَ تَقَلُّبُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فِى ٱلْبِلَٰدِ ﴿١٩٦﴾ مَتَٰعٌ قَلِيلٌ ثُمَّ مَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۚ وَبِئْسَ ٱلْمِهَادُ ﴿١٩٧﴾ لَٰكِنِ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ رَبَّهُمْ لَهُمْ جَنَّٰتٌ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا نُزُلًا مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ ۗ وَمَا عِندَ ٱللَّهِ خَيْرٌ لِّلْأَبْرَارِ ﴿١٩٨﴾ وَإِنَّ مِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ لَمَن يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْكُمْ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْهِمْ خَٰشِعِينَ لِلَّهِ لَا يَشْتَرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ ثَمَنًا قَلِيلًا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿١٩٩﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱصْبِرُوا۟ وَصَابِرُوا۟ وَرَابِطُوا۟ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٢٠٠﴾﴾

{Tunay na sa pagkalikha sa mga langit at lupa at pagsasalit-salitan ng gabi at maghapon ay talagang

[1] At-Tirmidhīy, 5/473, sa numero 3401. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/144.

may mga tanda ukol sa mga may isip,

na mga umaalaala kay Allāh nang nakatayo o nakaupo o nakahiga sa mga tagiliran nila at nag-iisip-isip sa pagkalikha sa mga langit at lupa, [na nagsasabi]: "Panginoon namin, hindi Ka lumikha nito nang walang-saysay. Kaluwalhatian sa Iyo, kaya magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.

Panginoon namin, tunay na Ikaw, sa sinumang ipapasok Mo sa Apoy, ay nagpahiya nga sa kanya. Walang ukol sa mga tagalabag sa katarungan na mga tagaadya.

Panginoon namin, tunay na kami ay duminig sa isang tagapanawagan na nananawagan para sa pananampalataya, na [nagsasabi]: "Sumampalataya kayo sa Panginoon ninyo," kaya sumampalataya kami. Panginoon namin, kaya magpatawad Ka sa amin sa mga pagkakasala namin, magtakip-sala Ka sa amin sa mga masagwang gawa namin, at magpapanaw Ka sa amin kasama sa mga mabuting-loob.

Panginoon namin, magbigay Ka sa amin ng ipinangako Mo sa mga sugo Mo, at huwag Kang magpahiya sa amin sa Araw ng Pagbangon; tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa ipinangako.

Kaya tumugon sa kanila ang Panginoon nila: "Tunay na Ako ay hindi magsasayang ng gawa ng isang gumagawa kabilang sa inyo, na isang lalaki o isang babae. Ang isa't isa sa inyo ay bahagi ng isa't isa. Kaya ang mga lumikas, pinalisan mula sa mga tahanan nila, sinaktan sa landas Ko, nakipaglaban, at pinatay

ay talagang magtatakip-sala nga Ako sa kanila sa mga masagwang gawa nila at talagang magpapapasok nga Ako sa kanila sa mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog," bilang gantimpala mula sa ganang kay Allāh. Si Allāh, taglay Niya ang kagandahan ng gantimpala.

Huwag ngang lilinlang sa iyo ang pagpapagala-gala ng mga tumangging sumampalataya sa bayan.

Isang natatamasang kakaunti, pagkatapos ang kanlungan nila ay Impiyerno. Kay saklap ang himlayan!

Subalit ang mga nangilag magkasala sa Panginoon nila, ukol sa kanila ay mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito bilang tuluyan mula sa ganang kay Allāh. Ang anumang nasa ganang kay Allāh ay higit na mabuti para sa mga mabuting-loob.

Tunay na mayroon sa mga May Kasulatan na talagang sumasampalataya kay Allāh at sa pinababa sa inyo at sa pinababa sa kanila, na mga taimtim kay Allāh. Hindi sila bumibili kapalit ng mga talata ni Allāh ng isang kaunting panumbas. Ang mga iyon ay may ukol sa kanila na pabuya sa kanila sa ganang Panginoon nila. Tunay na si Allāh ay mabilis ang pagtutuos.

O mga sumampalataya, magtiis kayo, manaig kayo sa pagtitiis, mamalagi kayo, at mangilag kayong magkasala kay Allāh, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay.}

(Qur'ān 3:190-200)[1]

2. Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Damit

«الحَمْدُ للَّهِ الَّذِي كَسَانِي هَذَا (الثَّوْبَ) وَرَزَقَنِيهِ مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي وَلَا قُوَّة»

Alḥamdu lillāhi -lladhī kasānī hādha [-ththawba] wa-razaqanīhi min ghayri ḥawlim minnī wa-lā qūwah ...

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpadamit sa akin ng [damit na] ito at nagkaloob nito sa akin nang walang kapangyarihan ni lakas mula sa akin ..."[2]

3. Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Bagong Damit

«اللَّهُمَّ لَكَ الحَمْدُ أَنْتَ كَسَوْتَنِيهِ، أَسْأَلُكَ مِنْ خَيْرِهِ وَخَيْرِ مَا صُنِعَ لَهُ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهِ وَشَرِّ مَا صُنِعَ لَه»

Allāhumma laka -lḥamdu anta kasawtanīhi. As'aluka min khayrihi wa-khayri mā ṣuni`a lahu wa-a`ūdhu bika min sharrihi wa-sharri mā ṣuni`a lahu.

"O Allāh, ukol sa Iyo ang papuri; Ikaw ay nagpadamit sa akin nito. Humihingi ako sa Iyo ng kabutihan nito at kabutihan ng pagkayari nito. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan nito at

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 8/337, sa numero 4569; at Ṣaḥīḥ Muslim, 1/530, sa numero 256.

[2] Nagtala nito ang mga May Sunan maliban kay Imām An-Nasā'īy: sina Imām Abū Dāwud sa numero 4023, Imām At-Tirmidhīy sa numero 3458, at Imām Ibnu Mājah sa numero 3285. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Irwā' Al-Ghalīl, 7/47).

kasamaan ng pagkayari nito."[1]

4. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsuot ng Bagong Damit

«تُبْلِي وَيُخْلِفُ اللَّهُ تَعَالَى»

Tublī wa-yukhlifu -llāhu ta`ālā.

"Magpaluma ka nawa at maghalili nawa si Allāh (napakataas Siya)."[2]

«اِلبَسْ جَدِيدًا، وَعِشْ حَمِيدًا، وَمُتْ شَهِيدًا»

Ilbas jadīdan, wa-`ish ḥamīdan, wa-mut shahīdā.

"Magsuot ka nawa ng bago, mabuhay ka nawa na kapuri-puri, at mamatay ka nawa na isang martir."[3]

5. Ang Sasabihin Bago Maghubad ng Damit

«بِسْمِ اللَّه»

Bismi -llāh.

"Sa ngalan ni Allāh."[4]

---

[1] Abū Dāwud sa numero 4020; At-Tirmidhīy sa numero 1767; at Al-Baghawīy, 12/40. Tingnan: Mukhtaṣar Shamā'il At-Tirmidhīy ni Al-Albānīy, p. 47.

[2] Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, 4/41, sa numero 4020. Tingnan: Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 2/760.

[3] Ibnu Mājah, 2/1178, sa numero 3558; at Al-Baghawīy, 12/41. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/275.

[4] At-Tirmidhīy, 2/505, sa numero 606; at iba pa. Tingnan: Irwā' Al-Ghalīl sa numero 50; at Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 3/203.

6. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palikuran

«[بِسْمِ اللَّهِ] اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْخُبْثِ وَالْخَبَائِث»

[Bismi -llāh,] Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lkhubthi wa-lkhabā'ith.

"[Sa ngalan ni Allāh] O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo."[1]

7. Ang Du`ā' sa Paglabas sa Palikuran

«غُفْرَانَك»

Ghufrānak.

"[Hinihingi ko] ang kapatawaran Mo."[2]

8. Ang Dhikr Bago Magsagawa ng Wuḍū'

«بِسْمِ اللَّه»

Bismi -llāh.

"Sa ngalan ni Allāh."[3]

---

[1] Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy, 1/45, sa numero 142; at Imām Muslim, 1/283, sa numero 375. Ang dagdag na: "Bismi -llāh (Sa ngalan ni Allāh)" sa simula nito ay itinala ni Imām Sa`īd bin Manṣūr. Tingnan: Fatḥ Al-Bārī, 1/244.

[2] Nagtala nito ang mga may-akda ng Sunan, maliban si Imām An-Nasā'īy sapagkat nagtala siya nito sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 79: sina Imām Abū Dāwud sa numero 30, Imām At-Tirmidhīy sa numero 7, at Imām Ibnu Mājah sa numero 300. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Sunan Abī Dāwud, 1/19.

[3] Abū Dāwud sa numero 101, Ibnu Mājah sa numero 397, at Aḥmad sa numero 9418. Tingnan: Irwā' Al-Ghalīl, 1/122.

9. Ang Dhikr Matapos Magsagawa ng Wuḍū'

«أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُه»

Ashhadu an lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh.

"Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya – at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya."[1]

«اللَّهُمَّ اجْعَلْنِي مِنَ التَّوَّابِينَ وَاجْعَلْنِي مِنَ المُتَطَهِّرِين»

Allāhumma -j`alnī mina -ttawwābīna wa-j`alnī mina -lmutaṭahhirīn.

"O Allāh, gawin Mo ako na kabilang sa mga palabalik-loob at gawin Mo ako na kabilang sa mga nagpapakalinis."[2]

«سُبْحانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتوبُ إِلَيْك»

Subḥānaka -llāhumma wa-bi-ḥamdik, ashhadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa-atūbu ilayk.

"Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako

[1] Muslim, 1/209, sa numero 234.

[2] At-Tirmidhīy, 1/78, sa numero 55. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/18.

sa Iyo."[1]

10. Ang Dhikr sa Paglabas ng Bahay

«بِسْمِ اللَّهِ، تَوَكَّلْتُ عَلَى اللَّهِ، وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ»

Bismi -llāh, tawakkaltu `ala -llāh, wa-lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh.

"Sa ngalan ni Allāh, nanalig ako kay Allāh. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh."[2]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ أَنْ أَضِلَّ، أَوْ أُضَلَّ، أَوْ أَزِلَّ، أَوْ أُزَلَّ، أَوْ أَظْلِمَ، أَوْ أُظْلَمَ، أَوْ أَجْهَلَ، أَوْ يُجْهَلَ عَلَيَّ»

Allāhumma innī a`ūdhu bika an aḍilla aw uḍalla, aw azilla aw uzalla, aw aḏlima aw uḏlama, aw ajhala aw yujhala `alayya.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo upang huwag akong maligaw o mailigaw ako, o matisod ako o maitisod ako, o mang-api ako o maapi ako, o makagawa ako ng kamangmangan o magawa ang kamangmangan sa akin."[3]

---

[1] An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah, p. 173. Tingnan: Irwā' Al-Ghalīl, 1/135 at 3/94.

[2] Abū Dāwud, 4/325, sa numero 5095; at At-Tirmidhīy, 5/490, sa numero 3426. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/151.

[3] Ang mga May Sunan: sina Imām Abū Dāwud sa numero 5094, Imām At-Tirmidhīy sa numero 3427, Imām An-Nasā'īy sa numero 5501, at Imām Ibnu Mājah sa numero 3884. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/152; at Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/336.

11. Ang Dhikr sa Pagpasok ng Bahay

«بِسْمِ اللَّهِ وَلَجْنَا، وَبِسْمِ اللَّهِ خَرَجْنَا، وَعَلَى اللَّهِ رَبِّنَا تَوَكَّلْنَا»

Bismi -llāhi walajnā wa-bismi -llāhi kharajnā wa-`alā -llāhi rabbinā tawakkalnā.

"Sa ngalan ni Allāh ay pumasok tayo; sa ngalan ni Allāh ay lumabas tayo; at sa kay Allāh na Panginoon natin ay nanalig tayo." Pagkatapos ay bumati siya ng Salam sa pamilya niya.[1]

12. Ang Du`ā' sa Pagpunta sa Masjid

«اللَّهُمَّ اجْعَلْ فِي قَلْبِي نُورًا، وَفِي لِسَانِي نُورًا، وَفِي سَمْعِي نُورًا، وَفِي بَصَرِي نُورًا، وَمِنْ فَوْقِي نُورًا، وَمِنْ تَحْتِي نُورًا، وَعَنْ يَمِينِي نُورًا، وَعَنْ شِمَالِي نُورًا، وَمِنْ أَمَامِي نُورًا، وَمِنْ خَلْفِي نُورًا، وَاجْعَلْ فِي نَفْسِي نُورًا، وَأَعْظِمْ لِي نُورًا، وَعَظِّمْ لِي نُورًا، وَاجْعَلْ لِي نُورًا، وَاجْعَلْنِي نُورًا، اللَّهُمَّ أَعْطِنِي نُورًا، وَاجْعَلْ فِي عَصَبِي نُورًا، وَفِي لَحْمِي نُورًا، وَفِي دَمِي نُورًا، وَفِي شَعْرِي نُورًا، وَفِي بَشَرِي نُورًا»

Allāhumma -j`al fī qalbī nūran, wa-fī lisānī nūran, wa-fī sam`ī nūran, wa-fī baṣarī nūran, wa-min fawqī nūran, wa-min taḥtī nūran, wa-`an yamīnī nūran, wa-`an shimālī nūran, wa-min amāmī nūran, wa-min khalfī nūran, wa-j`al fī nafsī nūran, wa-a`ḏim lī nūran,

---

[1] Nagtala nito si Abū Dāwūd, 4/325, sa numero 5096. Sumang-ayon sa kagandahan ng isnād nito ang Pantas na si Ibnu Bāz sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 28. Nasaad sa Ṣaḥīḥ: "Kapag pumasok ang lalaki sa bahay nito saka bumanggit siya kay Allāh sa sandali ng pagpasok niya at sa sandali ng pagkain niya, magsasabi ang Demonyo [sa mga kampon nito]: 'Walang pagmamagdamagan para sa inyo at walang hapunan para sa inyo.'", Muslim sa numero 2018.

wa-`aḍḍim lī nūran, wa-j`al lī nūran, wa-j`alnī nūran. Allāhumma a`ṭinī nūran, wa-j`al fī `aṣabī nūran, wa-fī laḥmī nūran, wa-fī damī nūran, wa-fī sha`rī nūran, wa-fī basharī nūran.

"O Allāh, maglagay Ka sa puso ko ng liwanag, sa dila ko ng liwanag, sa pandinig ko ng liwanag, sa paningin ko ng liwanag, sa itaas ko ng liwanag, sa ilalim ko ng liwanag, sa gawing kanan ko ng liwanag, sa gawing kaliwa ko ng liwanag, sa harapan ko ng liwanag, at sa likuran ko ng liwanag. Maglagay Ka sa sarili ko ng liwanag. Magpalaki Ka para sa akin ng liwanag. Magpalakas Ka para sa akin ng liwanag. Maglagay ka para sa akin ng liwanag. Maglagay Ka sa akin ng liwanag. O Allāh, bigyan Mo ako ng liwanag. Maglagay ka sa litid ko ng liwanag, sa laman ko ng liwanag, sa dugo ko ng liwanag, sa buhok ko ng liwanag, sa balat ko ng liwanag."[1]

«اللَّهُمَّ اجْعَلْ لِي نُورًا فِي قَبْرِي... وَنُورًا فِي عِظَامِي، وَزِدْنِي نُورًا، وَزِدْنِي نُورًا، وَزِدْنِي نُورًا، وَهَبْ لِي نُورًا عَلَى نُور»

Allāhumma -j`al lī nūran fī qabrī... wa-nūran fī `iḍāmī, wa-zidnī nūran, wa-zidnī nūran, wa-zidnī nūran; wa-hab lī nūran `alā nūr.

"O Allāh, maglagay ka para sa akin ng liwanag sa libingan ko... at ng liwanag sa mga buto ko.[2] Dagdagan

---

[1] Tingnan ang lahat ng mga pananalitang ito sa Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, 11/116, sa numero 3166; at Ṣaḥīḥ Muslim, 1/526, sa numero 529, 530, at 763.

[2] At-Tirmidhīy, 5/483, sa numero 3419.

Mo ako ng liwanag, dagdagan Mo ako ng liwanag, dagdagan Mo ako ng liwanag.[1] Pagkalooban Mo ako ng liwanag sa ibabaw ng isang liwanag."[2]

13. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Masjid

Magsisimula sa kanang paa[3] at magsasabi:

«أَعُوذُ بِاللَّهِ العَظِيمِ، وَبِوَجْهِهِ الكَرِيمِ، وَسُلْطَانِهِ القَدِيمِ، مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ»

A`ūdhu bi-llāhi -l`aḍīm, wa-bi-wajhihi -lkarīm, wa-sulṭānihi -lqadīm, mina -shshayṭāni -rrajīm.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh, ang Sukdulan, sa mukha Niyang marangal, at sa kapamahalaan Niyang namamalagi, laban sa Demonyong kasumpa-sumpa."[4]

«بِسْمِ اللَّهِ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّه»

Bismi -llāhi, wa-ṣṣalātu wa-ssalāmu `alā rasūli -

---

[1] Nagtala nito si Imām Al-Bukhārīy sa Al-Adab Al-Mufrad sa numero 695, p. 258. Sumang-ayon sa katumpakan ng isnād nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Adab Al-Mufrad sa numero 536.

[2] Binanggit ito ni Ibnu Ḥajar sa Fatḥ Al-Bārī at tinunton niya ito kay Ibnu Abī `Āṣim sa Kitāb Ad-Du`ā'. Tingnan: Al-Fatḥ, 11/118. Nagsabi siya: "Kaya natipon mula sa pagkakaiba-iba ng mga salaysay ang dalawampu't limang kakanyahan."

[3] Batay sa sabi ni Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): "Bahagi ng sunnah na kapag pumasok ka sa masjid ay magsimula ka sa kanang paa mo, at kapag lumabas ka ay magsimula ka sa kaliwang paa mo." Nagtala nito si Imām Al-Ḥākim, 1/218. Sumang-ayon siya sa katumpakan nito ayon sa kundisyon ni Imām Muslim at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy. Nagtala nito si Imām Al-Bayhaqīy 2/442. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 5/624, sa numero 2478.

[4] Abū Dāwud sa numero 466,. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` sa numero 4591.

llāh.

"Sa ngalan ni Allāh, at ang pagbasbas[1] at ang kapayapaan ay ukol sa Sugo ni Allāh."[2]

«اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِك»

Allāhumma -ftaḥ lī abwāba raḥmatik.

"O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pintuan ng awa Mo."[3]

14. Ang Du`ā' sa Paglabas ng Masjid

Magsisimula sa kaliwang paa[4] at magsasabi:

«بِسْمِ اللَّهِ وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّه»

Bismi -llāhi, wa-ṣṣalātu wa-ssalāmu `alā rasūli -llāh.

"Sa ngalan ni Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh."

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك»

---

[1] Nagsalaysay nito si Ibnu As-Sunnīy sa numero 88. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ath-Thamar Al-Mustaṭāb, p. 607.

[2] Abū Dāwud, 1/126, sa numero 465. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 1/528.

[3] Muslim, 1/494, sa numero 713. Sa Sunan Ibni Mājah mula sa ḥadīth ni Fāṭimah (malugod si Allāh sa kanya): "Allāhumma -ghfir lī dhunūbī, wa-ftaḥ lī abwāba raḥmatik. (O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng mga pagkakasala ko at magbukas Ka para sa akin ng mga pintuan ng awa Mo.)" Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy batay sa mga tagasaksi nito. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/128, sa numero 129.

[4] Al-Ḥākim, 1/218; at Al-Bayhaqīy, 2/442. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 5/624, sa numero 2478. Nauna na ang pagsasadokumento nito.

Allāhumma innī as'aluka min faḍlik.

"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo mula sa kabutihang-loob Mo."

«اللَّهُمَّ اعْصِمْنِي مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيم»

Allāhumma -`ṣimnī mina -shshayṭāni -rrajīm.

"O Allāh, magsanggalang Ka sa akin laban sa demonyong kasumpa-sumpa."[1]

15. Ang mga Dhikr Kaugnay sa Adhān

Magsasabi ng tulad sa sinasabi ng mu'adhdhin maliban sa: "Ḥayya `ala -ṣṣalāh" at "Ḥayya `ala -lfalāḥ" sapagkat magsasabi ng:

«لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّه»

Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh.

"Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh."[2]

Magsasabi:

«وَأَنَا أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، رَضِيتُ بِاللَّهِ رَبًّا، وَبِمُحَمَّدٍ رَسُولًا، وَبِالإِسْلَامِ دِينًا»

Wa-ana ashhadu an lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā

[1] Tingnan ang pagsasadokumento ng mga salaysay ng naunang ḥadīth ukol sa panalangin sa pagpasok sa masjid, numero 20; at ang karagdagan: "(O Allāh, magsanggalang Ka sa akin laban sa demonyong kasumpa-sumpa," batay kay Ibnu Mājah. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/129.

[2] Al-Bukhārīy, 1/152 sa numero 611 at 613; at Muslim, 1/288, sa numero 383.

sharīka lah, wa-anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh. Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-muḥammadin rasūlan, wa-bi-l'islāmi dīnan.

"At ako ay sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya – at na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Nasiyahan ako kay Allāh bilang Panginoon, kay Muḥammad bilang Sugo, at sa Islām bilang Relihiyon."[1]

Magsasabi niyon kaagad matapos ng tashahhud ng muadhdhin.[2]

Mananalangin ng basbas para sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) makatapos ng pagtugon sa mu'adhdhin.[3]

Magsasabi:

«اللَّهُمَّ رَبَّ هَذِهِ الدَّعْوَةِ التَّامَّةِ، وَالصَّلَاةِ القَائِمَةِ، آتِ مُحَمَّدًا الوَسِيلَةَ وَالفَضِيلَةَ، وَابْعَثْهُ مَقَامًا مَحْمُودًا الَّذِي وَعَدْتَهُ، [إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ المِيعَاد]»

Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmati wa-ṣṣalāti -lqā'imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa-lfaḍīlah, wa-b`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī

wa`attahu, [innaka lā tukhlifu -lmī`ād].

"O Allāh, Panginoon nitong ganap na panawagan at ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muḥammad ang

[1] Muslim, 1/290, sa numero 386.
[2] Ibnu Khuzaymah, 1/220.
[3] Muslim, 1/288, sa numero 384.

kaparaanan at ang kalamangan at ibangon Mo siya sa katayuang pupurihin, na ipinangako Mo; [tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa naipangako]."[1]

Mananalangin para sa sarili sa pagitan ng adhān at iqāmah sapagkat tunay na ang panalangin sa sandaling iyon ay hindi tinatanggihan.[2]

16. Ang Du`ā' ng Pagpapasimula ng Ṣalāh

«اللَّهُمَّ بَاعِدْ بَيْنِي وَبَيْنَ خَطَايَايَ كَمَا بَاعَدْتَ بَيْنَ المَشْرِقِ وَالمَغْرِبِ، اللَّهُمَّ نَقِّنِي مِنْ خَطَايَايَ كَمَا يُنَقَّى الثَّوْبُ الأَبْيَضُ مِنَ الدَّنَسِ، اللَّهُمَّ اغْسِلْنِي مِنْ خَطَايَايَ، بِالثَّلْجِ وَالماءِ وَالبَرَدِ»

Allāhumma bā`id baynī wa-bayna khaṭāyāya kamā bā`adta bayna -lmashriqi wa-lmaghribi. Allāhumma naqqinī min khaṭāyāya kamā yunaqqa -ththawbu -l'abyaḍu mina -ddanasi. Allāhumma -ghsilnī min khaṭāyāya bi-ththalji wa-lmā'i wa-lbarad.

"O Allāh, magpalayo Ka sa pagitan ko at ng mga kamalian ko kung paanong nagpalayo Ka sa pagitan ng silangan at kanluran. O Allāh, magdalisay Ka sa akin mula sa mga kamalian ko kung paanong dinadalisay ang puting kasuutan mula sa karumihan. O Allāh, maghugas Ka sa akin ng mga kamalian ko ng

---

[1] Al-Bukhārīy, 1/152, sa numero 614. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay batay kay Al-Bayhaqīy, 1/410. Sumang-ayon sa kagandahan ng isnād nito ang Pantas na si `Abd Al-`Azīz bin Bāz (kaawaan siya ni Allāh) sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 38.

[2] At-Tirmidhīy sa numero 3594 at 3595, Abū Dāwud sa numero 525, at Aḥmad sa numero 12200. Tingnan: Irwā' Al-Ghalīl, 1/262.

niyebe, tubig, at namuong yelo."[1]

«سُبْحانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، وَتَبارَكَ اسْمُكَ، وَتَعَالَى جَدُّكَ، وَلَا إِلَهَ غَيْرُك»

Subḥānaka -llāhumma wa-bi-ḥamdika wa-tabāraka -smuka wa-ta`ālā jadduka wa-lā ilāha ghayruk.

"Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, napakataas ang kabunyian Mo, at walang Diyos na iba pa sa Iyo."[2]

«وَجَّهْتُ وَجْهِيَ لِلَّذِي فَطَرَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضَ حَنِيفًا وَمَا أَنَا مِنَ المُشْرِكِينَ، إِنَّ صَلَاتِي، وَنُسُكِي، وَمَحْيَايَ، وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ، لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا مِنَ المُسْلِمِينَ، اللَّهُمَّ أَنْتَ المَلِكُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَنْتَ رَبِّي وَأَنَا عَبْدُكَ، ظَلَمْتُ نَفْسِي وَاعْتَرَفْتُ بِذَنْبِي فَاغْفِرْ لِي ذُنُوبِي جَمِيعًا إِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنوبَ إِلَّا أَنْتَ، وَاهْدِنِي لِأَحْسَنِ الأَخْلَاقِ لَا يَهْدِي لِأَحْسَنِهَا إِلَّا أَنْتَ، وَاصْرِفْ عَنِّي سَيِّئَهَا، لَا يَصْرِفُ عَنِّي سَيِّئَهَا إِلَّا أَنْتَ، لَبَّيْكَ وَسَعْدَيْكَ، وَالخَيْرُ كُلُّهُ بِيَـدَيْكَ، وَالشَّرُّ لَيْسَ إِلَيْكَ، أَنَا بِكَ وَإِلَيْكَ، تَبارَكْتَ وَتَعَالَيْتَ، أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتوبُ إِلَيْك»

Wajjahtu wajhiya li-lladhī faṭara -ssamāwāti wa-l'arḍa ḥanīfan, wa-mā ana mina -lmushrikīn. Inna ṣalātī, wa-nusukī, wa-maḥyāya, wa-mamātī lillāhi

---

[1] Al-Bukhārīy, 1/181, sa numero 744; at Muslim, 1/419, sa numero 598.

[2] Muslim sa numero 399 at ang mga may-akda ng apat na Sunan: sina Imām Abū Dāwud sa numero 775, Imām At-Tirmidhīy sa numero 243, Imām Ibnu Mājah sa numero 806, at Imām An-Nasā'īy sa numero 899. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/77; at Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/135.

rabbi -l`ālamīn, lā sharīka lah. Wa-bi-dhālika umirtu wa-ana mina -lmuslimīn. Allāhumma anta -lmaliku, la ilāha illā anta. Anta rabbī wa-ana `abduka. Ḍalamtu nafsī wa-`taraftu bi-dhambī fa-ghfir lī dhunūbī jamī`ā, innahu lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta; wa-hdinī li-aḥsani -l'akhlāq, la yahdi li-aḥsanihā illā anta; wa-ṣrif `annī sayyi'ahā, lā yasrifu `annī sayyi'ahā illā anta. Labbayka wa-sa`dayka, wa-lkhayru kulluhu bi-yadayka wa-shsharru laysa ilayka. Ana bika wa-ilayka, tabārakta wa-ta`ālayta, astaghfiruka wa-atūbu ilayk.

"Naghaharap ako ng mukha ko sa naglalang ng mga langit at lupa bilang isang makatotoo. Ako ay hindi kabilang sa mga tagapagtambal. Tunay na ang dasal ko, ang alay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang – walang katambal sa Kanya. Gayon ako inutusan. Ako ay kabilang sa mga Muslim. O Allāh, Ikaw ay ang Hari – walang Diyos kundi Ikaw. Ikaw ay Panginoon ko at ako ay lingkod Mo. Lumabag ako sa katarungan sa sarili ko at umamin ako ng pagkakasala ko. Magpatawad Ka sa mga pagkakasala ko nang lahatan; tunay na walang magpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw. Magpatnubay Ka sa akin sa pinakamaganda sa mga kaasalan; walang magpapatnubay sa pinakamaganda sa mga ito kundi Ikaw. Magpalihis Ka sa akin sa masagwa sa mga ito; walang magpapalihis sa akin sa masagwa sa mga ito kundi Ikaw. Bilang pagtugon sa Iyo at bilang

pagsunod sa Iyo, ang kabutihan sa kabuuan nito ay nasa mga kamay Mo at ang kasamaan ay hindi kaugnay sa Iyo. Ako ay nagpapatulong sa iyo at babalik sa Iyo. Napakamapagpala Mo at napakataas Mo. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo."[1]

«اللَّهُمَّ رَبَّ جِبْرَائِيلَ، وَمِيْكَائِيلَ، وَإِسْرَافِيلَ، فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ، عَالِمَ الغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ أَنْتَ تَحْكُمُ بَيْنَ عِبَادِكَ فِيمَا كَانُوا فِيهِ يَخْتَلِفُونَ، اهْدِنِي لِمَا اخْتُلِفَ فِيهِ مِنَ الحَقِّ بِإِذْنِكَ إِنَّكَ تَهْدِي مَنْ تَشَاءُ إِلَى صِرَاطٍ مُسْتَقِيم»

Allāhumma rabba jibrā'īla wa-mīkā'īla wa-isrāfīl, fāṭira -ssamāwāti wa-l'arḍ, `ālima -lghaybi wa-shshahādah, anta taḥkumu bayna `ibādika fīmā kānū fīhi yakhtalifūn. Ihdinī lima -khtulifa fīhi mina -lḥaqqi bi-idhnika; innaka tahdī man tashā'u ilā ṣirāṭim mustaqīm.

"O Allāh, Panginoon nina Jibrā'īl, Mīkā'īl at Isrāfīl, Tagapaglalang ng mga langit at lupa, na Tagaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, Ikaw ay hahatol sa mga lingkod Mo hinggil sa anumang sila noon kaugnay rito ay nagkakaiba-iba. Magpatnubay Ka sa akin sa ipinagkakaiba nila kaugnay roon na totoo, ayon sa pahintulot Mo; tunay na Ikaw ay nagpapatnubay sa sinumang niloloob Mo tungo sa isang landasing tuwid."[2]

---

[1] Nagtala nito si Imām Muslim, 1/534, sa numero 771.
[2] Nagtala nito si Imām Muslim, 1/534, sa numero 770.

«اللَّهُ أَكْبَرُ كَبِيرًا، اللَّهُ أَكْبَرُ كَبِيرًا، اللَّهُ أَكْبَرُ كَبِيرًا، وَالحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا، وَالحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا، وَالحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا، وَسُبْحَانَ اللَّهِ بُكْرَةً وَأَصِيلًا»

Allāhu akbar kabīrā, Allāhu akbar kabīrā, Allāhu akbar kabīrā; wa-lḥamdu lillāhi kathīrā, wa-lḥamdu lillāhi kathīrā, wa-lḥamdu lillāhi kathīrā; wa-subḥāna -llāhi bukratan wa-aṣīlā.

"Si Allāh ay pinakadakila sa malaking kadakilaan, si Allāh ay pinakadakila sa malaking kadakilaan, si Allāh ay pinakadakila sa malaking kadakilaan. Ang papuri ay ukol kay Allāh nang maramihan. Ang papuri ay ukol kay Allāh nang maramihan. Ang papuri ay ukol kay Allāh nang maramihan. Kaluwalhatian kay Allāh sa umaga at gabi."

(tatlong ulit)

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ: مِنْ نَفْخِهِ، وَنَفْثِهِ، وَهَمْزِهِ»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni: min nafkhihi, wa-nafthihi, wa-hamzih.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyo: laban sa pagmamataas niya, at pangkukulam niya, at pambubuyo niya."[1]

---

[1] Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, 1/203, sa numero 764; at Imām Ibnu Mājah, 1/265, sa numero 807; at Imām Aḥmad, 4/85, sa numero 16739. Nagsabi si Shu`ayb Al-Arnā'ūṭ sa pagsisiyasat niya sa Musnad: "Maganda dahil sa iba pa rito." Nagsabi naman si `Abdulqādir Al-Arnā'ūṭ sa pagsasadokumento sa Al-Kalim Aṭ-Ṭayyib ni Ibnu Taymiyah sa numero 78: "Ito ay ḥadīth na tumpak dahil sa mga tagasaksi nito." Binanggit ito ni Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Kalim Aṭ-Ṭayyib sa numero 62. Nagtala rin nito si Imām Muslim

«اللَّهُمَّ لَكَ الحَمْدُ، أَنْتَ نُورُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ، وَلَكَ الحَمْدُ أَنْتَ قَيِّمُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ، [وَلَكَ الحَمْدُ أَنْتَ رَبُّ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ] [وَلَكَ الحَمْدُ لَكَ مُلْكُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَنْ فِيهِنَّ] [وَلَكَ الحَمْدُ أَنْتَ مَلِكُ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ] [وَلَكَ الحَمْدُ] [أَنْتَ الحَقُّ، وَوَعْدُكَ الحَقُّ، وَقَوْلُكَ الحَقُّ، وَلِقاؤُكَ الحَقُّ، وَالجَنَّةُ حَقٌّ، وَالنَّارُ حَقٌّ، وَالنَّبِيُّونَ حَقٌّ، وَمُحَمَّدٌ ﷺ حَقٌّ، وَالسَّاعَةُ حَقٌّ] [اللَّهُمَّ لَكَ أَسْلَمتُ، وَعَلَيْكَ تَوَكَّلْتُ، وَبِكَ آمَنْتُ، وَإِلَيْكَ أَنَبْتُ، وَبِكَ خاصَمْتُ، وَإِلَيْكَ حاكَمْتُ. فَاغْفِرْ لِي مَا قَدَّمْتُ، وَمَا أَخَّرْتُ، وَمَا أَسْرَرْتُ، وَمَا أَعْلَنْتُ] [وَمَا أَنْتَ أَعْلَمُ بِهِ مِنِّي] [أَنْتَ المُقَدِّمُ، وَأَنْتَ المُؤَخِّرُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ] [أَنْتَ إِلَهِي لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ] [وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّه]»

Allāhumma, laka -lḥamdu, anta nūru -ssamāwāti wa-l'arḍi wa-man fīhinnā; wa-laka -lḥamdu, anta qayyimu -ssamāwāti wa-l'arḍi wa-man fīhinnā; [wa-laka -lḥamdu, anta rabbu -ssamāwāti wa-l'arḍi wa-man fīhinnā;] [wa-laka -lḥamdu: laka mulku -ssamāwāti wa-l'arḍi wa-man fīhinnā] [wa-laka -lḥamdu anta maliku -ssamāwāti wa-l'arḍ;] [wa-laka -lḥamd,] [anta -lḥaqqu, wa-wa`duka -lḥaqqu, wa-qawluka -lḥaqqu, wa-liqā'uka -lḥaqqu, wa-ljannatu ḥaqqun, wa-nnāru ḥaqqun, wa-nnabīyūna ḥaqqun, wa-muḥammadun, ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallama, ḥaqqun, wa-ssā`atu ḥaqq.] [Allāhumma laka aslamtu, wa-`alayka tawakkaltu, wa-bika āmantu, wa-ilayka

mula sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) ng tulad nito at may nasaad dito na isang sanaysay: 1/420, sa numero 601.

anabtu, wa-bika khāṣamtu, wa-ilayka ḥākamtu, fa-ghfir lī mā qaddamtu, wa-mā akhkhartu, wa-mā asrartu, wa-mā a`lantu,] [wa-mā anta

a`lamu bihi minnī,] [anta -lmuqaddimu, wa-anta -lmu'akhkhiru: lā ilāha illā anta,] [anta ilāhī: lā ilāha illā anta,] [wa-lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh].

"O Allāh, ukol sa Iyo ang papuri,[1] Ikaw ay ang Liwanag ng mga langit at lupa at ng sinumang nasa mga ito. Ukol sa Iyo ang papuri, Ikaw ay ang Tagapagpanatili ng mga langit at lupa at ng sinumang nasa mga ito. [Ukol sa Iyo ang papuri, Ikaw ay ang Panginoon ng mga langit at lupa at sinumang nasa mga ito.] [Ukol sa Iyo ang papuri, ukol sa Iyo ang paghahari sa mga langit at lupa at sa sinumang nasa mga ito.] [Ukol sa Iyo ang papuri, Ikaw ay ang Hari ng mga langit at lupa.] [Ukol sa Iyo ang papuri,] [Ikaw ay ang Totoo, ang pangako Mo ay ang totoo, ang sabi Mo ay ang totoo, ang pakikipagkita sa Iyo ay totoo, ang Paraiso ay totoo, ang Impiyerno ay totoo, ang mga propeta ay totoo, si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay totoo, ang Huling Sandali ay totoo.] [O Allāh, sa Iyo ako nagpasakop, sa Iyo ako nanalig, sa Iyo ako sumampalataya, sa Iyo ako nagbalik-loob, dahil sa Iyo ako nakipagtalo, at sa Iyo ako nagpahukom. Kaya magpatawad Ka sa akin sa

[1] Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi nito kapag bumangon siya sa gabi upang magsagawa ng tahajjud.

[kasalanang] naunang nagawa ko at nahuling nagawa ko, [kasalanang] inilihim ko at inihayag ko,] [at kasalanang] Ikaw ay higit na maalam doon kaysa sa akin.] [Ikaw ay ang Tagapagpauna at Ikaw ay ang Tagapagpahuli; walang Diyos kundi Ikaw.] [Ikaw ay Diyos ko; walang Diyos kundi Ikaw.] [Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh.]"[1]

17. Ang Du`ā' sa Pagyukod

«سُبْحانَ رَبِّيَ العَظِيم»

Subḥāna rabbiya -l`aḏīm.

"Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Dakila."

(tatlong ulit)[2]

«سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي»

Subḥānaka -llāhumma rabbanā wa-bi-ḥamdika. Allāhumma -ghfir lī.

"(Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allāh, magpatawad Ka sa akin."[3]

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/3, 11/116, at 13/371, sa numero 423, 465, 1120, 6317, 7385, 7442, at 7499; at Ṣaḥīḥ Muslim nang pinaiksi sa tulad nito, 1/532, sa numero 769.

[2] Nagtala nito ang mga May Sunan at si Imām Aḥmad: sina Imām Abū Dāwud sa numero 870, Imām At-Tirmidhīy sa numero 262, Imām An-Nasā'īy sa numero 1007, Imām Ibnu Mājah sa numero 897; at Imām Aḥmad sa numero 3514. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy 1/83.

[3] Al-Bukhārīy, 1/99, sa numero 794; at Muslim, 1/350, sa numero 484.

«سُبُّوحٌ، قُدُّوسٌ، رَبُّ المَلَائِكَةِ وَالرُّوحِ»

Subbūḥun quddūsun rabbu -lmalā'ikati wa-rrūḥ.

"Kaluwa-luwalhatian, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu."[1]

«اللَّهُمَّ لَكَ رَكَعْتُ، وَبِكَ آمَنْتُ، وَلَكَ أَسْلَمْتُ، خَشَعَ لَكَ سَمْعِي، وَبَصَرِي، وَمُخِّي، وَعَظْمِي، وَعَصَبِي، [وَمَا اسْتَقَلَّتْ بِهِ قَدَمِي]»

Allāhumma laka raka`tu, wa-bika āmantu, wa-laka aslamtu. Khasha`a laka sam`ī wa-baṣarī, wa-mukhkhī wa-`adhmī wa-`aṣabī, [wa-ma -staqallat bihi qadamī].

"O Allāh sa Iyo ako yumukod, sa Iyo ako sumampalataya at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpakababa sa Iyo ang pandinig ko, ang paningin ko, ang utak ko, ang buto ko, ang litid ko, [at ang anumang binuhat ng paa ko]."[2]

«سُبْحَانَ ذِي الجَبَرُوتِ، وَالمَلَكُوتِ، وَالكِبْرِيَاءِ، وَالعَظَمَة»

Subḥāna dhi -ljabarūti, wa-lmalakūti, wa-lkibriyā'i, wa-l`aḍamah.

"Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari,

---

[1] Imām Muslim, 1/353, sa numero 487; at Imām Abū Dāwud, 1/230, sa numero 872.

[2] Imām Muslim, 1/534, sa numero 771. Ang Apat na May Sunan maliban kay Imām Ibnu Mājah: sina Imām Abū Dāwud sa numero 760 at 761, Imām At-Tirmidhīy sa numero 3421, at Imām An-Nasā'īy sa numero 1049. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay batay kina Imām Ibnu Khuzaymah sa numero 607 at Imām Ibnu Hibbān sa numero 1901.

pagkamapagmalaki, at kadakilaan."[1]

18. Ang Du`ā' sa Pag-angat Mula sa Pagkakayukod

«سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَه»

Sami`a -llāhu li-man ḥamidah.

"Dumidinig si Allāh sa sinumang nagpuri sa Kanya."[2]

«رَبَّنَا وَلَكَ الحَمْدُ، حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبارَكًا فِيه»

Rabbanā wa-laka -lḥamdu, ḥamdan kathīran ṭayyibam mubārakan fīh.

"Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri, papuring marami, mabuti, pinagpapala rito."[3]

«مِلْءَ السَّمَوَاتِ وَمِلْءَ الأَرْضِ، وَمَا بَيْنَهُمَا، وَمِلْءَ مَا شِئْتَ مِنْ شَيءٍ بَعْدُ. أَهلَ الثَّناءِ وَالمَجْدِ، أَحَقُّ مَا قَالَ العَبْدُ، وَكُلُّنَا لَكَ عَبْدٌ، اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الجَدِّ مِنْكَ الجَد»

Mil'a -ssamāwāti wa-mil'a -l'arḍ, wa-mā baynahumā, wa-mil'a mā shi'ta min shay'im ba`d. Ahla -ththanā'i wa-lmajd, aḥaqqu mā qāla -l`abdu, wa-kullunā laka `abd, Allāhumma lā māni`a li-mā a`ṭayta, wa-lā mu`ṭiya li-mā mana`ta, wa-lā yanfa`u dha -ljaddi minka -ljadd.

---

[1] Abū Dāwud, 1/230, sa numero 873; An-Nasā'īy sa numero 1131; at Aḥmad sa numero 23980. Ang isnād nito ay maganda.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 2/282, sa numero 796.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 2/284, sa numero 796.

"Makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa, at anumang nasa pagitan nito, at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos. Karapat-dapat sa pagbubunyi at karingalan, ang pinakatotoo na sinabi ng lingkod — at lahat naman kami sa Iyo ay lingkod, O Allāh, walang pipigil sa anumang ibinigay Mo at walang magbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi magdudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo."[1]

19. Ang Du`ā' sa Pagkapatirapa

«سُبْحَانَ رَبِّيَ الأَعْلَى»

Subḥāna rabbiya -l-a`lā.

"Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas."

(tatlong ulit)[2]

«سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ رَبَّنَا وَبِحَمْدِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي»

Subḥānaka -llāhumma rabbanā wa-bi-ḥamdika. Allāhumma -ghfir lī.

"Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allāh, magpatawad Ka sa akin."[3]

---

[1] Muslim, 1/346, sa numero 477.

[2] Nagtala nito ang mga May Sunan at si Imām Aḥmad: sina Imām Abū Dāwud sa numero 870; Imām At-Tirmidhīy sa numero 262; Imām An-Nasā'īy sa numero 1007; Imām Ibnu Mājah sa numero 897; at Imām Aḥmad sa numero 3514. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/83.

[3] Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy sa numero 794 at Imām Muslim sa numero 484. Nauna na ito sa numero 34.

«سُبُّوحٌ، قُدُّوسٌ، رَبُّ المَلَائِكَةِ وَالرُّوح»

Subbūḥun quddūsun rabbu -lmalā'ikati wa-rrūḥ.

"Kaluwa-luwalhatian, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu."[1]

«اللَّهُمَّ لَكَ سَجَدْتُ وَبِكَ آمَنْتُ، وَلَكَ أَسْلَمْتُ، سَجَدَ وَجْهِيَ لِلَّذِي خَلَقَهُ، وَصَوَّرَهُ، وَشَقَّ سَمْعَهُ وَبَصَرَهُ، تَبَارَكَ اللَّهُ أَحْسَنُ الخَالِقِين»

Allāhumma laka sajadtu, wa-bika āmantu, wa-laka aslamtu. Sajada wajhī li-lladhī khalaqahu, wa-ṣawwarahu, wa-sḥaqqa sam`ahu wa-baṣarahu,

tabāraka -llāhu aḥsanu -lkhāliqīn.

"O Allāh, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha rito, nag-anyo nito, nagbukas ng pandinig nito at paningin nito. Napakamapagpala ni Allāh, ang pinakamagaling sa mga tagalikha."[2]

«سُبْحَانَ ذِي الجَبَرُوتِ، وَالمَلَكُوتِ، وَالكِبْرِيَاءِ، وَالعَظَمَة»

Subḥāna dhi -ljabarūti, wa-lmalakūti, wa-lkibriyā'i, wa-l`aḏamah.

"Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari, pagkamapagmalaki, at kadakilaan."[3]

---

[1] Muslim, 1/533, sa numero 487; at Abū Dāwud, sa numero 872. Nauna na ito sa numero 35.

[2] Muslim, 1/534, sa numero 771, at iba pa.

[3] Abū Dāwud, 1/230, sa numero 873; An-Nasā'īy sa numero 1131; at Aḥmad sa numero 23980. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي ذَنْبِي كُلَّهُ: دِقَّهُ وَجِلَّهُ، وَأَوَّلَهُ وَآخِرَهُ، وَعَلَانِيَتَهُ وَسِرَّه»

Allāhumma -ghfir lī dhambī kullahu diqqahu wa-jillahu, wa-awwalahu wa-ākhirahu, wa-`alāniyatahu wa-sirrah.

"O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa pagkakasala ko sa kabuuan nito: kaliit-liitan nito at kalaki-lakihan nito, una nito at huli nito, at hayag nito at lihim nito."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِرِضَاكَ مِنْ سَخَطِكَ، وَبِمُعَافَاتِكَ مِنْ عُقوبَتِكَ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْكَ، لَا أُحْصِي ثَنَاءً عَلَيْكَ، أَنْتَ كَمَا أَثْنَيْتَ عَلَى نَفْسِك»

Allāhumma, innī a`ūdhu bi-riḍāka min sakhaṭika, wa-bi-mu`āfātika min `uqūbatika, wa-a`ūdhu bika minka. Lā uḥṣī thanā'an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa pagkalugod Mo laban sa pagkainis Mo at sa pagpapaigi Mo laban sa pagpaparusa Mo at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako nakabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay kung paanong nagbunyi Ka sa sarili Mo."[2]

20. Ilan sa mga Du`ā' sa Pagkaupo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa

«رَبِّ اغْفِرْ لِي، رَبِّ اغْفِرْ لِي»

Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/166. Nauna na ang pagsasadokumento nito sa numero 37.

[1] Muslim, 1/230, sa numero 483.

[2] Muslim, 1/352, sa numero 486.

Rabbi -ghfir lī, rabbi -ghfir lī.

"Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin; Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin."[1]

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَاجْبُرْنِي، وَعَافِنِي، وَارْزُقْنِي، وَارْفَعْنِي»

Allāhumma -ghfir lī, wa-rḥamnī, wa-hdinī, wa-jburnī, wa-`āfinī, wa-rzuqnī, wa-rfa`nī.

"O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, pariwasain Mo ako, palusugin Mo ako, tustusan Mo ako, at iangat Mo ako."[2]

21. Ang Du`ā' sa Sujūd Tilāwah

«سَجَدَ وَجْهِيَ لِلَّذِي خَلَقَهُ، وَشَقَّ سَمْعَهُ وَبَصَرَهُ بِحَوْلِهِ وَقُوَّتِهِ، فَتَبارَكَ اللَّهُ أَحْسَنُ الخَالِقِين»

Sajada wajhiya li-lladhī khalaqahu, wa-shaqqa sam`ahu wa-baṣarahu bi-ḥawlihi wa-qūwatihi, fa-tabāraka -llāhu aḥsanu -lkhāliqīn.

"Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha nito, at nagbukas ng pandinig nito at paningin nito sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya at lakas Niya. Kaya napakamapagpala ni Allāh, ang pinakamagaling sa mga tagalikha."

---

[1] Abū Dāwud, 1/231, sa numero 874; at Ibnu Mājah sa numero 897. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/148.

[2] Nagtala nito ang mga may-akda ng Sunan, maliban si Imām An-Nasā'īy: sina Imām Abū Dāwud, 1/231, sa numero 850; Imām At-Tirmidhīy sa numero 284 at 285; at Imām Ibnu Mājah sa numero 898. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/90; at Ṣaḥīḥ Ibnu Mājah, 1/148.

(Qur'ān 23:14)[1]

«اللَّهُمَّ اكْتُبْ لِي بِهَا عِنْدَكَ أَجْرًا، وَضَعْ عَنِّي بِهَا وِزْرًا، وَاجْعَلْهَا لِي عِنْدَكَ ذُخْرًا، وَتَقَبَّلْهَا مِنِّي كَمَا تَقَبَّلْتَهَا مِنْ عَبْدِكَ دَاوُد»

Allāhumma -ktub lī bihā `indaka ajran, wa-ḍa` `annī bihā wizran, wa-j`alhā lī `indaka dhukran, wa-taqabbalhā minnī kamā taqabbaltahā min `abdika dāwud.

"O Allāh, magtala Ka para sa akin dahil dito sa piling Mo ng isang pabuya, mag-alis Ka sa akin dahil dito ng isang pasanin, gumawa ka nito para sa akin sa piling Mo bilang isang kayamanan, at tumanggap Ka nito mula sa akin kung paanong tumanggap Ka nito mula sa lingkod Mong si Dawud."[2]

22. Ang Tashahhud

«التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ، وَالصَّلَوَاتُ، وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسولُه»

Attaḥīyātu lillāhi wa-ṣṣalawātu wa-ṭṭayyibāt. Assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa-raḥmatu -llāhi

[1] At-Tirmidhīy, 2/474, sa numero 3425; Aḥmad, 6/30, sa numero 24022; at Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy, 1/220, na ang karagdagan ay batay sa kanya.

[2] At-Tirmidhīy, 2/473, sa numero 579; at Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman dito si Adh-Dhahabīy, 1/219.

wa-barakātuh. Assalāmu `alaynā wa-`alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn. Ashhadu an lā ilāha illa -llāh wa-ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa-rasūluh.

"Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, ang mga dasal, at ang mga kaaya-ayang gawa. Ang pangangalaga ay sumaiyo, O Propeta, at ang awa ni Allāh at ang mga biyaya Niya. Ang pangangalaga ay sumaamin at sa mga maayos na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya."[1]

23. Ang Panalangin Para sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Matapos ng Tashahhud

«اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيد»

Allāhumma ṣalli `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin, kamā ṣallayta `alā Ibrāhīma wa-`alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alā Muḥammadin wa-`alā āli Muḥammadin, kamā bārakta `alā Ibrāhīma wa-`alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd.

"O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbasbas Mo kay

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 2/311, sa numero 831; at Ṣaḥīḥ Muslim, 1/301, sa numero 402.

Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal. O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo kay Abraham at sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal."[1]

«اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى أَزْوَاجِهِ وَذُرِّيَّتِهِ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى أَزْوَاجِهِ وَذُرِّيَّتِهِ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيد»

Allāhumma ṣalli `alā Muḥammad wa-`alā azwājihi wa-dhurrīyatihi kamā ṣallayta `alā āli Ibrāhīm; wa-bārik `alā Muḥammad wa-`alā azwājihi wa-dhurrīyatihi kamā bārakta `alā āli Ibrāhīm; innaka ḥamīdum majīd.

"O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad, ang mga maybahay niya, at ang mga inapo niya gaya ng pagbasbas Mo sa mag-anak ni Abraham; at pagpalain Mo si Muḥammad, ang mga maybahay niya, at ang mga inapo niya gaya ng pagpapala Mo sa mag-anak ni Abraham; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maringal."[2]

24. Ang Du`ā' Matapos ng Huling Tashahhud Bago ang Salām

«اللَّهُـــمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ القَبْرِ، وَمِنْ عَذَابِ جَهَنَّمَ، وَمِنْ فِتْنَةِ المَحْيَا

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/408, sa numero 3370; at Ṣaḥīḥ Muslim sa numero 406.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/407, sa numero 3369; at Ṣaḥīḥ Muslim, 1/306, sa numero 407. Ang pananalita ay batay sa kanya.

وَالمَمَاتِ، وَمِنْ شَرِّ فِتْنَةِ المَسِيحِ الدَّجَّالِ»

Allāhumma innī a`ūdhu bika min `adhābi -lqabri, wa-min `adhābi jahannama, wa-min fitnati -lmaḥyā wa-lmamāti, wa-min sharri fitnati -lmasīḥi -ddajjāl.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa pagdurusa sa Impiyerno, laban sa sigalot ng buhay at kamatayan, at laban sa kasamaan ng sigalot ng Bulaang Kristo."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ القَبْرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ فِتْنَةِ المَسِيحِ الدَّجَّالِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ فِتْنَةِ المَحْيَا وَالمَمَاتِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ المَأْثَمِ وَالمَغْرَمِ»

Allāhumma innī a`ūdhu bika min `adhābi -lqabri, wa-a`ūdhu bika min fitnati -lmasīḥi -ddajjāl, wa-a`ūdhu bika min fitnati -lmaḥyā wa-lmamāt. Allāhumma innī a`ūdhu bika min -ma'thami wa-lmaghram.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa sigalot ng Bulaang Kristo, at nagpapakupkop sa Iyo laban sa sigalot ng buhay at kamatayan. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasalanan at pagkakautang."[2]

«اللَّهُمَّ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي ظُلْمًا كَثِيرًا، وَلَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ، فَاغْفِرْ لِي

---

[1] " Imām Al-Bukhārīy, 2/102, sa numero 1377; at Imām Muslim, 1/412, sa numero 588. Ang pananalita ay batay kay Imām Muslim."

[2] Al-Bukhārīy, 1/202, sa numero 832; at Muslim, 1/412, sa numero 587.

مَغْفِرَةً مِنْ عِنْدِكَ وَارْحَمْنِي، إِنَّكَ أَنْتَ الغَفُورُ الرَّحِيم»

Allāhumma innī ḍalamtu nafsī ḍulman kathīrā, wa-lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta, fa-ghfir lī maghfiratam min `indika wa-rḥamnī, innaka anta -lghafūru -rraḥīm.

"O Allāh, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko nang maraming paglabag sa katarungan at walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw, kaya magpatawad Ka sa akin ng isang kapatawarang mula sa Iyo at maawa Ka sa akin; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain."[1]

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي مَا قَدَّمْتُ، وَمَا أَخَّرْتُ، وَمَا أَسْرَرْتُ، وَمَا أَعْلَنْتُ، وَمَا أَسْرَفْتُ، وَمَا أَنْتَ أَعْلَمُ بِهِ مِنِّي، أَنْتَ المُقَدِّمُ، وَأَنْتَ المُؤَخِّرُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْت»

Allāhumma -ghfir lī mā qaddamtu, wa-mā akhkhartu, wa-mā asrartu, wa-mā a`lantu, wa-mā asraftu, wa-mā anta a`lamu bihi minnī. Anta -lmuqaddimu wa-anta -lmu'akhkhiru. Lā ilāha illā anta.

"O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa anumang ipinauna ko, anumang ipinahuli ko, anumang inilihim ko, anumang inihayag ko, anumang ipinagmalabis ko, at anumang Ikaw ay higit na nakaaalam niyon kaysa sa akin. Ikaw ay ang Tagapagpauna at Ikaw ay ang Tagapagpahuli. Walang Diyos kundi Ikaw."[2]

---

[1] Al-Bukhārīy, 8/168, sa numero 834; at Muslim, 4/2078, sa numero 2705.

[2] Muslim, 1/534, sa numero 771.

«اللَّهُمَّ أَعِنِّي عَلَى ذِكْرِكَ، وَشُكْرِكَ، وَحُسْنِ عِبادَتِك»

Allāhumma a`innī `alā dhikrika wa-shukrika wa-ḥusni `ibādatik.

"O Allāh, tulungan Mo ako sa pag-aalaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at pagpapaganda sa pagsamba sa Iyo."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ البُخْلِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ الجُبْنِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ أَنْ أُرَدَّ إِلَى أَرْذَلِ العُمُرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ فِتْنَةِ الدُّنْيَا وَعَذَابِ القَبْرِ»

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lbukhli, wa-a`ūdhu bika mina -ljubni, wa-a`ūdhu bika min an urradda ilā ardhali -l`umuri, wa-a`ūdhu bika min fitnati -ddunyā wa-`adhābi -lqabri.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karamutan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan, nagpapakupkop sa Iyo na paabutin ako sa pinakahamak na gulang, at nagpapakupkop sa Iyo laban sa sigalot ng Mundo at pagdurusa sa libingan."[2]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ الجَنَّةَ وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ النَّار»

Allāhumma innī as'aluka -ljannata wa-a`ūdhu bika mina -nnār.

"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa iyo ng

---

[1] Abū Dāwud, 2/86, sa numero 1522; at An-Nasā'īy, 3/53, sa numero 2302. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/284.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/35, sa numero 2822 at 6390.

Paraiso at nagpapakupkop sa iyo laban sa Apoy."[1]

«اللَّهُمَّ بِعِلْمِكَ الغَيْبَ وَقُدْرَتِكَ عَلَى الخَلقِ أَحْيِنِي مَا عَلِمْتَ الحَيَاةَ خَيْرًا لِي، وَتَوَفَّنِي إِذَا عَلِمْتَ الْوَفَاةَ خَيْرًا لِي، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَشْيَتَكَ فِي الغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ، وَأَسْأَلُكَ كَلِمَةَ الحَقِّ فِي الرِّضَا وَالغَضَبِ، وَأَسْأَلُكَ القَصْدَ فِي الغِنَى وَالفَقْرِ، وَأَسْأَلُكَ نَعِيمًا لَا يَنْفَدُ، وَأَسْأَلُكَ قُرَّةَ عَيْنٍ لَا تَنْقَطِعُ، وَأَسْأَلُكَ الرِّضَا بَعْدَ القَضَاءِ، وَأَسْأَلُكَ بَرْدَ العَيْشِ بَعْدَ المَوْتِ، وَأَسْأَلُكَ لَذَّةَ النَّظَرِ إِلَى وَجْهِكَ، وَالشَّوْقَ إِلَى لِقَائِكَ فِي غَيرِ ضَرَّاءَ مُضِرَّةٍ، وَلَا فِتْنَةٍ مُضِلَّةٍ، اللَّهُمَّ زَيِّنَا بِزِينَةِ الإِيمَانِ، وَاجْعَلْنَا هُدَاةً مُهْتَدِين»

Allāhumma bi-`ilmika -lghayba wa-qudratika `alā -lkhalqi, aḥyinī mā `alimta -lḥayāta khayran lī, wa-tawaffanī idhā `alimta -lwafāta khayran lī. Allāhumma innī as'aluka khashyataka fī -lghaybi wa-shshahādah, wa-as'aluka kalimata -lḥaqqi fī -rriḍā wa-lghaḍab, wa-as'aluka -lqaṣda fi -lghinā wa-lfaqri, wa-as'aluka na`īman lā yanfad, wa-as'aluka qurrata `aynin lā tanqaṭi`, wa-as'aluka -rriḍā ba`da -lqaḍā', wa-as'aluka barda -l`ayshi ba`da -lmawt, wa-as'aluka ladhdhata -nnaḍari ilā wajhika wa-shshawqa ilā liqā'ika fī ghayri ḍarrā'a muḍirratin wa-lā fitnatin muḍillah. Allāhumma zayyinnā bi-zīnati -l'īmān, wa-j`alnā hudātan muhtadīn.

"O Allāh, sa pamamagitan ng kaalaman Mo sa Nakalingid at kapangyarihan Mo sa paglikha, bigyang-buhay Mo ako hanggat nalaman Mo na ang buhay ay mabuti para sa akin at papanawin Mo ako kapag

[1] Abū Dāwud sa numero 792 at Ibnu Mājah sa numero 910. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/328.

nalaman Mo na ang pagpanaw ay mabuti para sa akin. O Allāh, tunay na ako ay humihiling ng pagkatakot sa iyo sa nakalingid at nasasaksihan, humihiling sa Iyo ng salita ng katotohanan sa pagkalugod at pagkagalit, humihiling sa Iyo ng katamtaman sa pagkayaman at pagkadalita, humihiling sa Iyo ng isang kaginhawahang hindi nauubos, humihiling sa Iyo ng isang galak ng mata na hindi napuputol, humihiling sa Iyo ng pagkalugod matapos ang pagtatadhana, humihiling sa Iyo ng kaalwanan ng buhay matapos ng kamatayan, at humihiling sa Iyo ng sarap ng pagtingin sa mukha Mo at pananabik sa pakikipagtagpo sa Iyo, nang walang kapinsalaang nakapipinsala ni sigalot na nakapagliligaw. O Allāh, gayakan Mo kami ng gayak ng pananampalataya at gawin Mo kami na mga tagapatnubay na mga napatnubayan."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ يَا أَللَّهُ بِأَنَّكَ الوَاحِدُ الأَحَدُ الصَّمَدُ الَّذِي لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ، وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ، أَنْ تَغْفِرَ لِي ذُنُوبِي إِنَّكَ أَنْتَ الغَفُورُ الرَّحِيم»

Allāhumma innī as'aluka yā allāh bi-annaka -lwāḥidu -l'aḥadu -ṣṣamadu -lladhī lam yalid wa-lam yūlad wa-lam yakul lahu kufuwan aḥad, an taghfira lī dhunūbī innaka anta -lghafūru -rraḥīm.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo, O Allāh, dahil Ikaw ay ang Nag-iisa, ang

[1] An-Nasā'īy, 3/54, 55, sa numero 1304; at Aḥmad, 4/364, sa numero 21666. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ An-Nasā'īy, 1/281.

Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man, na magpatawad Ka sa akin ng mga pagkakasala ko. Tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِأَنَّ لَكَ الحَمْدَ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، المَنَّانُ، يَا بَدِيعَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ يَا ذَا الجَلَالِ وَالإِكْرَامِ، يَا حَيُّ يَا قَيُّومُ إِنِّي أَسْأَلُكَ الجَنَّةَ وَأَعُوذُ بِكَ مِنَ النَّار»

Allāhumma innī as'aluka bi-anna laka -lḥamdu lā ilāha illā anta waḥdaka lā sharīka lak. Almannānu, yā badī`a -ssamāwāti wa-l'ardi yā dha -ljalāli wa-l'ikrām, yā ḥayyu yā qayyūmu innī as'aluka -ljannata wa-a`ūdhu bika mina -nnār.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo dahil ukol sa Iyo ang papuri; walang Diyos kundi Ikaw – tanging Ikaw: walang katambal sa Iyo. Ang Mapagbiyaya, O Tagapagpasimula ng mga langit at lupa, O pinag-uukulan ng kapitaganan at pagpaparangal, O Buháy, O Mapagpanatili, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng Paraiso at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Apoy."[2]

---

[1] Nagtala nito sina Imām An-Nasā'īy, 3/52 sa numero 1300 sa pagkakasambit nito, at Imām Aḥmad, 4/338 sa numero 18974. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ An-Nasā'īy, 1/280.

[2] Nagsalaysay nito ang mga May Sunan: sina Imām Abū Dāwud sa numero 1495, Imām At-Tirmidhīy sa numero 3544, Imām Ibnu

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِأَنِّي أَشْهَدُ أَنَّكَ أَنْتَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ الأَحَدُ الصَّمَدُ الَّذِي لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَد»

Allāhumma innī as'aluka bi-annī ashhadu annaka anta -llāhu lā ilāha illā anta -l'aḥadu -ṣṣamadu -lladhī lam yalid wa-lam yūlad wa-lam yakul lahu kufuwan aḥad.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo yamang tunay na ako ay sumasaksi na Ikaw ay si Allāh: walang [totoong] Diyos kundi Ikaw, ang Kaisa-isa, ang Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay."[1]

25. Ang mga Dhikr Matapos ang Salām ng Ṣalāh

«أَسْتَغْفِرُ اللَّه»

Astaghfiru -llāh.
"Humihingi ako ng tawad kay Allāh."
(tatlong ulit)

Mājah sa numero 3858, at Imām An-Nasā'īy sa numero 1299. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/329.

[1] Abū Dāwud, 2/62, sa numero 1493; At-Tirmidhīy, 5/515, sa numero 3475; Ibnu Mājah, 2/1267, sa numero 3857; An-Nasā'īy sa numero 1300 batay sa pananalita niya; at Aḥmad sa numero 18974. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ An-Nasā'īy, 1/280. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/329; at Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/163.

«اللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلَامُ، وَمِنْكَ السَّلَامُ، تَبَارَكْتَ يَا ذَا الجَلَالِ وَالإِكْرَام»

Allāhumma anta -ssalāmu wa-minka -ssalām, tabārakta yā dha -ljalāli wa-l'ikrām.

"O Allāh, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Ka, O tagapagtaglay ng kapitaganan at pagpaparangal."[1]

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."

(tatlong ulit)

«اللَّهُمَّ لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الجَدِّ مِنْكَ الجَد»

Allāhumma lā māni`a li-mā a`ṭayta, wa-lā mu`ṭiya li-mā mana`ta, wa-lā yanfa`u dha -ljaddi minka -ljadd.

"O Allāh, walang tagapigil ng anumang ibinigay Mo at walang tagapagbigay ng anumang pinigil Mo. Hindi makapagpapakinabang sa may yaman laban sa Iyo ang yaman."[2]

---

1 Muslim, 1/414, sa numero 591.

2 Al-Bukhārīy, 1/255, sa numero, 844; at Muslim, 1/414, sa numero 593. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay karagdagan mula kay Imām Al-Bukhārīy sa numero 6473.

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ، وَلَهُ الحَمدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا نَعْبُدُ إِلَّا إِيَّاهُ لَهُ النِّعْمَةُ وَلَهُ الفَضْلُ وَلَهُ الثَّنَاءُ الحَسَن، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الكَافِرُون»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh. Lā ilāha illa -llāh, wa-lā na`budu illā iyyāh. Lahu -nni`matu wa-lahu -lfaḍlu wa-lahu -ththanā'u -lḥasan. Lā ilāha illa -llāhu mukhliṣīna lahu -ddīna wa-law kariha -lkāfirūn.

"Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya, ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob, at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allāh, habang mga nagpapakawagas [tayo] sa Kanya sa relihiyon, kahit pa man masuklam ang mga tagatangging-sumampalataya."[1]

«سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالحَمْدُ لِلَّهِ، وَاللَّهُ أَكْبَر»

Subḥāna -llāh, wa-lḥamdu lillāh, wa-llāhu akbar.

"Kaluwalhatian kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay

[1] Muslim, 1/415, sa numero 594.

Allāh. Si Allāh ay pinakadakila."

(33 ulit)

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."[1]

﴿قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ۝١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ۝٢ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ۝٣ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ۝٤﴾

1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa.
2. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].
3. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.
4. Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."}

(Qur'ān 112:1-4)

﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ ۝١ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ۝٢ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝٣ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِى ٱلْعُقَدِ ۝٤ وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝٥﴾

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway

[1] Muslim, 1/418, numero 597. Nasaad dito: "Ang sinumang nagsabi nito sa bawat pagtatapos ng pagdarasal, patatawarin sa kanya ang mga kasalanan niya, kahit ito ay tulad ng bula sa karagatan."

2. laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya

3. at laban sa kasamaan ng pusikit kapag lumaganap ito,

4. at laban sa kasamaan ng mga babaing [manggagaway na] palaihip sa mga buhol,

5. at laban sa kasamaan ng isang naiinggit kapag naiinggit ito."}

(Qur'ān 113:1-5)

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ۝١ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ۝٢ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ۝٣ مِن شَرِّ ٱلۡوَسۡوَاسِ ٱلۡخَنَّاسِ ۝٤ ٱلَّذِي يُوَسۡوِسُ فِي صُدُورِ ٱلنَّاسِ ۝٥ مِنَ ٱلۡجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ۝٦﴾

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,

2. na Hari ng mga tao,

3. na Diyos ng mga tao,

4. laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,

5. na nagpapasaring [ng kasamaan] sa mga dibdib ng mga tao,

6. kabilang sa mga jinni at mga tao."}

(Qur'ān 114:1-6)

Matapos ng Bawat Ṣalāh[1]

﴿ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ

[1] Abū Dāwud, 2/86, sa numero 1523; At-Tirmidhīy sa numero 2903; at An-Nasā'īy, 3/68, sa numero 1335. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 2/8. Ang tatlong sūrah ay tinatawag na: Al-Mu`awwidhāt. Tingnan: Fatḥ Al-Bārī, 9/62.

وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ ٢٥٥

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.}

(Qur'ān 2:255) Matapos ng Bawat Ṣalāh[1]

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ يُحْيِي وَيُمِيتُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٍ»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd. Yuḥyī wa-yumīt; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

[1] "Ang sinumang bumigkas nito sa katapusan ng bawat ṣalāh, walang makakapagpigil sa kanya sa pagpasok sa Paraiso maliban na mamatay siya." An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 100; at Ibnu As-Sunnīy numero 121. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 5/339; at Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 2/697, sa numero 972.

"Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at nagbibigay-kamatayan Siya. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."

Sampung ulit matapos ng ṣalāh sa maghrib at fajr.[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ عِلْمًا نافِعًا، وَرِزْقًا طَيِّبًا، وَعَمَلًا مُتَقَبَّلًا»

Allāhumma innī as'aluka `ilman nāfi`an wa-rizqan ṭayyiban wa-`amalan mutaqabbalā.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kaalamang nagpapakinabang, panustos na kaaya-aya, at gawang tinatanggap."

Matapos ng Salām ng Ṣalāh ng Fajr[2]

26. Ang Du`ā' sa Ṣalāh Istikhārah

Nagsabi si Jābir bin `Abdullāh (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtuturo sa amin ng istikhārah sa mga pasya sa kalahatan ng mga ito kung paanong nagtuturo siya sa amin ng kabanata mula sa Qur'ān. Nagsasabi siya: Kapag nagbalak ang isa sa inyo ng isang bagay, magdasal siya ng dalawang rak`ah na hindi tungkuling [ṣalāh], pagkatapos

[1] Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy, 5/515, sa numero 3474; at Imām Aḥmad, 4/227, sa numero 17990. Tingnan ang pagsasadokumento nito sa Zād Al-Ma`ād, 1/300.

[2] Ibnu Mājah sa numero 925 at An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 102. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/152; at Majma` Az-Zawā'id, 10/111. Darating ito sa numero 95.

magsabi siya ng:

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْتَخِيرُكَ بِعِلْمِكَ، وَأَسْتَقْدِرُكَ بِقُدْرَتِكَ، وَأَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِكَ العَظِيمِ؛ فَإِنَّكَ تَقْدِرُ وَلَا أَقْدِرُ، وَتَعْلَمُ وَلَا أَعْلَمُ، وَأَنْتَ عَلَّامُ الغُيُوبِ، اللَّهُمَّ إِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الأَمْرَ - وَيُسَمِّي حَاجَتَهُ - خَيْرٌ لِي فِي دِينِي وَمَعَاشِي وَعَاقِبَةِ أَمْرِي – أَوْ قَالَ: عَاجِلِهِ وَآجِلِهِ - فَاقْدُرْهُ لِي وَيَسِّرْهُ لِي ثمَّ بَارِكْ لِي فِيهِ، وَإِنْ كُنْتَ تَعْلَمُ أَنَّ هَذَا الْأَمْرَ شَرٌّ لِي فِي دِينِي وَمَعَاشِي وَعَاقِبَةِ أَمْرِي – أَوْ قَالَ: عَاجِلِهِ وَآجِلِهِ – فَاصْرِفْهُ عَنِّي وَاصْرِفْنِي عَنْهُ وَاقْدُرْ لِيَ الْخَيْرَ حَيْثُ كَانَ، ثُمَّ أَرْضِنِي بِه»

Allāhumma innī astakhīruka bi-`ilmika, wa-astaqdiruka bi-qudratik, wa-as'aluka min faḍlika -l`aḍīm, fa-innaka taqdiru wa-lā aqdir, wa-ta`lamu wa-lā a`lam, wa-anta `allāmu -lghuyūb. Allāhumma in kunta ta`lamu anna hādha -l'amra [banggitin dito ang kailangan] khayrun lī fī dīnī wa-ma`āshī wa-`āqibati amrī – aw qāla: `ājilihi wa-ājilihi – fa-qdurhu lī wa-yassirhu lī thumma bārik lī fīh, wa-in kunta ta`lamu anna hādha -l'amra sharrun lī fī dīnī wa-ma`āshī wa-`āqibati amrī – aw qāla: `ājilihi wa-ājilihi – fa-ṣrifhu `annī wa-ṣrifnī `anhu wa-qdur liya -lkhayra ḥaythu kāna, thumma arḍinī bih.

"O Allāh, nagpapasangguni ako sa Iyo sa kaalaman Mo, nagpapakaya ako sa Iyo sa kakayahan Mo, at humihingi ako mula sa kabutihang-loob Mong sukdulan sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakaya samantalang hindi ako nakakakaya at nakaaalam samantalang hindi ako nakaaalam. Ikaw ay ang palaalam sa mga nakalingid. O Allāh, kung nakaaalam

Ka na ang bagay na ito [banggitin dito ang kailangan] ay kabutihan para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko, at kahihinatnan ng balak ko – sa madalian nito at sa matagalan nito – itakda Mo na mangyari ito sa akin at pagaanin Mo ito para sa akin, pagkatapos biyayaan Mo ako rito; at kung nakaaalam Ka na ang bagay na ito ay kasamaan para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko – sa madalian nito at sa matagalan nito – ilihis Mo ito palayo sa akin at ilihis Mo ako palayo rito, at itakda Mo na mangyari sa akin ang kabutihan naging saanman ito, pagkatapos palugurin Mo ako dito."[1]

Hindi nagsisi ang sinumang humingi ng patnubay sa Tagalikha, nakipagsanggunian sa mga nilikhang mananampalataya, at nagpakatatag sa pasya niya sapagkat nagsabi nga si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

﴿...وَشَاوِرْهُمْ فِي ٱلْأَمْرِ ۖ فَإِذَا عَزَمْتَ فَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ...﴾.

{...makipagsanggunian ka sa kanila sa usapin. Kaya kapag nagtika ka ay manalig ka kay Allāh...}[2]

27. Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi

"Ang papuri ay ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa kanya na

[1] Al-Bukhārīy, 7/162, sa numero 1162.
[2] Qur'ān 3:159.

wala nang propeta matapos niya"[1].

Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyong kasumpa-sumpa.)

﴿ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ ٢٥٥﴾

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang

[1] Ayon kay Anas, bilang ḥadīth na marfū`: "Talagang ang pag-upo ko kasama ng mga tao na nag-aalaala kay Allāh (napakataas Siya) mula sa pagdarasal sa madaling-araw hanggang sa sumikat ang araw ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa magpalaya ako ng apat mula sa mga anak ni Ismā`īl. Talagang ang pag-upo ko kasama ng mga tao na nag-aalaala kay Allāh mula sa pagdarasal sa hapon hanggang sa lumubog ang araw ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa magpalaya ako ng apat." Abū Dāwūd sa numero 3667. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwūd, 2/698.

Sukdulan.}

(Qur'ān 2:255)[1]

﴿قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ۝١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ۝٢ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ۝٣ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ۝٤﴾

{1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa.

2. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].

3. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.

4. Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."}

(Qur'ān 112:1-4)

﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ ۝١ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ۝٢ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝٣ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِى ٱلْعُقَدِ ۝٤ وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝٥﴾

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway

2. laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya

3. at laban sa kasamaan ng pusikit kapag lumaganap ito,

4. at laban sa kasamaan ng mga babaing [manggagaway na] palaihip sa mga buhol,

5. at laban sa kasamaan ng isang naiinggit kapag

[1] "Ang sinumang nagsabi nito kapag nag-uumaga ay isasanggalang laban sa mga jinni hanggang sa gumabi, at ang sinumang nagsabi nito kapag gumagabi ay isasanggalang laban sa kanila hanggang sa mag-umaga." Nagtala nito si Al-Ḥākim, 1/562. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ At-Targhīb wa At-Tarhīb, 1/273, tumunton siya nito kina An-Nasā'īy at Aṭ-Ṭabarānīy, at nagsabi siya: "Ang isnād ni Aṭ-Ṭabarānīy ay mahusay."

naiinggit ito."}

(Qur'ān 113:1-5)

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ۝١ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ۝٢ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ۝٣ مِن شَرِّ ٱلۡوَسۡوَاسِ ٱلۡخَنَّاسِ ۝٤ ٱلَّذِي يُوَسۡوِسُ فِي صُدُورِ ٱلنَّاسِ ۝٥ مِنَ ٱلۡجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ۝٦﴾

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,

2. na Hari ng mga tao,

3. na Diyos ng mga tao,

4. laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,

5. na nagpapasaring [ng kasamaan] sa mga dibdib ng mga tao,

6. kabilang sa mga jinni at mga tao."}

(Qur'ān 114:1-6) (tatlong ulit)[1]

«أَصْبَحْنَا وَأَصْبَحَ المُلْكُ لِلَّهِ، وَالحَمْدُ لِلَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، رَبِّ أَسْأَلُكَ خَيْرَ مَا فِي هَذَا اليَوْمِ وَخَيْرَ مَا بَعْدَهُ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِي هَذَا اليَوْمِ وَشَرِّ مَا بَعْدَهُ، رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنَ الكَسَلِ وَسُوءِ الكِبَرِ، رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابٍ فِي النَّارِ وَعَذَابٍ فِي القَبْرِ»

Aṣbaḥnā wa-aṣbaḥa -lmulku lillāhi; wa-lḥamdu lillāh; lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in

[1] "Ang sinumang nagsabi nito nang tatlong ulit kapag nag-umaga at kapag gumabi, makasasapat sa kanya ito laban sa bawat anuman." Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, 4/322, sa numero 5082; at Imām At-Tirmidhīy, 5/567, sa numero 3575. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/182.

qadīr. Rabbi as'aluka khayra mā fī hādha -lyawmi wa-khayra mā ba`dah, wa-a`ūdhu bika min sharri mā fī hādha -lyawmi wa-sharri mā ba`dah; rabbi a`ūdhu bika mina -lkasali wa-sū'i -lkibar; rabbi a`ūdhu bika min `adhābin fi -nnāri wa-`adhābin fi -lqabr.

"Inumaga tayo at inumaga ang paghahari ukol kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa lahat ng bagay ay May-kakayahan. Panginoon ko, humihiling ako sa Iyo ng kabutihan ng araw na ito at kabutihan ng matapos nito at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasagwaan ng araw na ito at kasagwaan ng matapos nito. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa katamaran at kasagwaan ng katandaan. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa isang pagdurusa sa Apoy at isang pagdurusa sa libingan."[1]

Kapag gumabi, magsasabi:

«أَمْسَيْنَا وَأَمْسَى الْمُلْكُ لِلَّهِ، وَالحَمْدُ لِلَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، رَبِّ أَسْأَلُكَ خَيْرَ مَا فِي هَذِهِ اللَّيْلَةِ، وَخَيْرَ مَا بَعْدَهَا، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِي هَذِهِ اللَّيْلَةِ، وَشَرِّ مَا بَعْدَهَا، رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنَ الكَسَلِ وَسُوءِ الكِبَرِ، رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابٍ فِي النَّارِ وَعَذَابٍ فِي القَبْرِ»

Amsaynā wa-amsa -lmulku lillāhi; wa-lḥamdu lillāh; lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -

[1] Muslim, 4/2088, sa numero 2723.

lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Rabbi as'aluka khayra mā fī hādhihi -llaylati wa-khayra mā ba`dahā, wa-a`ūdhu bika min sharri mā fī hādhihi -llaylati wa-sharri mā ba`dah; rabbi a`ūdhu bika mina -lkasali wa-sū'i -lkibar; rabbi a`ūdhu bika min `adhābin fi -nnāri wa-`adhābin fi -lqabr.

"Ginabi tayo at ginabi ang paghahari ukol kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa lahat ng bagay ay May-kakayahan. Panginoon ko,

humihiling ako sa Iyo ng kabutihan ng gabing ito at kabutihan ng matapos nito at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasagwaan ng gabing ito at kasagwaan ng matapos nito. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa katamaran at kasagwaan ng katandaan. Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa isang pagdurusa sa Apoy at isang pagdurusa sa libingan."[1]

«اللَّهُمَّ بِكَ أَصْبَحْنَا، وَبِكَ أَمْسَيْنَا، وَبِكَ نَحْيَا، وَبِكَ نَمُوتُ وَإِلَيْكَ النُّشُور»

Allāhumma bika aṣbaḥnā, wa-bika amsaynā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt, wa-ilayka -nnushūr.

"O Allāh, sa pamamagitan Mo inumaga kami, sa pamamagitan Mo ginabi kami, sa pamamagitan Mo nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo mamamatay

[1] Ang naunang sanggunian.

kami, at patungo sa Iyo ang pagbuhay."[1]

Kapag gumabi, magsasabi:

«اللَّهُمَّ بِكَ أَمْسَيْنَا، وَبِكَ أَصْبَحْنَا، وَبِكَ نَحْيَا، وَبِكَ نَمُوتُ، وَإِلَيْكَ الْمَصِير»

Allāhumma bika amsaynā, wa-bika aṣbaḥnā, wa-bika naḥyā, wa-bika namūt, wa-ilayka -lmaṣīr.

"O Allāh, sa pamamagitan Mo ginabi kami, sa pamamagitan Mo inumaga kami, sa pamamagitan Mo nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang kahahantungan."[2]

«اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ، وَأَنَا عَلَى عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا اسْتَطَعْتُ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتُ، أَبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ، وَأَبُوءُ بِذَنْبِي فَاغْفِرْ لِي فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْت»

Allāhumma anta rabbī. Lā ilāha illā anta. Khalaqtanī wa-ana `abduka, wa-ana `alā `ahdika wa-wa`dika ma -staṭa`tu. A`ūdhu bika min sharri mā ṣana`tu. Abū'u laka bi-ni`matika `alayya wa-abū'u bi-dhambī, fa-ghfir lī fa-'innahu lā yaghfiru -dhdhunūba illā ant.

"O Allāh, Ikaw ang Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng nagawa ko.

---

[1] At-Tirmidhīy, 5/466, sa numero 3391. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/142.

[2] Ang naunang sanggunian.

Kumikilala ako[1] sa Iyo ng biyaya Mo sa akin at kumikilala ako sa Iyo ng kasalanan ko, kaya magpatawad Ka sa akin sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw."[2]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَصْبَحْتُ أُشْهِدُكَ، وَأُشْهِدُ حَمَلَةَ عَرْشِكَ، وَمَلَائِكَتِكَ، وَجَمِيعَ خَلْقِكَ، أَنَّكَ أَنْتَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُكَ وَرَسُولُكَ»

Allāhumma innī aṣbaḥtu, ushhiduka, wa-ushhidu ḥamalata `arshika, wa-malā'ikataka wa-jamī`a khalqika, annaka anta -llāhu lā ilāha illā anta waḥdaka lā sharīka laka, wa-anna muḥammadan `abduka wa-rasūluk.

"O Allāh, tunay na ako ay inumaga. Nagpapasaksi ako sa Iyo at nagpapasaksi ako sa mga tagapasan ng trono Mo, mga anghel Mo, at lahat ng nilikha Mo, na Ikaw ay si Allāh, walang [totoong] Diyos kundi Ikaw – tanging Ikaw: walang katambal sa Iyo, at na si Muḥammad ay Lingkod Mo at Sugo Mo."

(apat na ulit)[3]

---

[1] Umaamin ako at nangungumpisal ako.

[2] "Ang sinumang nagsabi nito habang nakatitiyak dito kapag gumagabi, saka namatay siya sa gabi niyang iyon, papasok siya sa Paraiso; at gayundin kapag nag-umaga." Nagtala nito si Imām al-Bukhārīy, 7/150, sa numero 6306.

[3] "Ang sinumang nagsabi nito, kapag inumaga o ginabi, nang apat na ulit, magpapalaya sa kanya si Allāh mula sa Impiyerno." Nagtala nito sina Imām Abū Dāwūd, 4/317, sa numero 5071; Imām Al-Bukhārīy sa Al-Adab Al-Mufrad sa numero 1201; Imām An-Nasā'īy

Kapag naman gumabi, magsasabi:

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَمْسَيْتُ أُشْهِدُكَ، وَأُشْهِدُ حَمَلَةَ عَرْشِكَ، وَمَلَائِكَتِكَ، وَجَمِيعَ خَلْقِكَ، أَنَّكَ أَنْتَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُكَ وَرَسُولُكَ»

Allāhumma innī amsaytu, ushhiduka, wa-ushhidu ḥamalata `arshika, wa-malā'ikataka wa-jamī`a khalqika, annaka anta -llāhu lā ilāha illā anta waḥdaka lā sharīka laka, wa-anna muḥammadan `abduka wa-rasūluk.

"O Allāh, tunay na ako ay ginabi. Nagpapasaksi ako sa Iyo at nagpapasaksi ako sa mga tagapasan ng trono Mo, mga anghel Mo, at lahat ng nilikha Mo, na Ikaw ay si Allāh, walang [totoong] Diyos kundi Ikaw – tanging Ikaw: walang katambal sa Iyo, at na si Muḥammad ay Lingkod Mo at Sugo Mo."

(apat na ulit)[1]

«اللَّهُمَّ مَا أَصْبَحَ بِي مِنْ نِعْمَةٍ أَوْ بِأَحَدٍ مِنْ خَلْقِكَ فَمِنْكَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، فَلَكَ الحَمْدُ وَلَكَ الشُّكْر»

Allāhumma mā aṣbaḥa bī min ni`matin aw bi-aḥadim min khalqika fa-minka waḥdaka lā sharīka laka, fa-laka -lḥamdu wa-laka -shshukru.

"O Allāh, ang anumang inumaga sa akin na biyaya o sa isa sa nilikha Mo ay mula sa Iyo – tanging sa Iyo:

---

sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 9; at Imām Ibnu As-Sunnīy sa numero 70. Sumang-ayon sa kagandahan ang Kanyang Kabunyiang Shaykh Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh) sa isnād ni An-Nasā'īy at ni Abū Dāwūd sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 23.

[1] Ang naunang sanggunian.

walang katambal sa Iyo, kaya ukol sa Iyo ang papuri at ukol sa Iyo ang pasasalamat."[1]

Kapag ginabi, magsasabi:

«اللَّهُمَّ مَا أَمْسَى بِي مِنْ نِعْمَةٍ أَوْ بِأَحَدٍ مِنْ خَلْقِكَ فَمِنْكَ وَحْدَكَ لَا شَرِيكَ لَكَ، فَلَكَ الحَمْدُ وَلَكَ الشُّكْر»

Allāhumma mā amsā bī min ni`matin aw bi-aḥadim min khalqika fa-minka waḥdaka lā sharīka laka, fa-laka -lḥamdu wa-laka -shshukru.

"O Allāh, ang anumang ginabi sa akin na biyaya o sa isa sa nilikha Mo ay mula sa Iyo – tanging sa Iyo: walang katambal sa Iyo, kaya ukol sa Iyo ang papuri at ukol sa Iyo ang pasasalamat."[2]

«اللَّهُمَّ عَافِنِي فِي بَدَنِي، اللَّهُمَّ عَافِنِي فِي سَمْعِي، اللَّهُمَّ عَافِنِي فِي بَصَرِي، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الكُفْرِ، وَالفَقْرِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ القَبْرِ، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْت»

Allāhumma `āfinī fī badanī. Allāhumma `āfinī fī sam`ī. Allāhumma `āfinī fī baṣarī. Lā ilāha illā anta.

---

[1] "Ang sinumang nagsabi nito kapag nag-uumaga ay tunay na nakatupad sa pasasalamat para sa araw niya, at ang sinumang nagsabi nito kapag gumagabi ay tunay na nakatupad sa pasasalamat para sa gabi niya." Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, 4/318, numero 5075; Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah, numero 7; Imām Ibnu As-Sunnīy, numero 41; at Imām Ibnu Ḥibbān, Mawārid, numero 2361. Sumang-ayon sa kagandahan ng isnād ni Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh) nito sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 24.

[2] Ang naunang sanggunian.

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lkufri wa-lfaqri wa-a`ūdhu bika min `adhābi -lqabri. Lā ilāha illā anta.

"O Allāh, paigihin Mo ako sa katawan ko. O Allāh, paigihin Mo ako sa pandinig ko. O Allāh, paigihin Mo ako sa paningin ko. Walang Diyos kundi Ikaw. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-pananampalataya at karalitaan at nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan. Walang Diyos kundi Ikaw."

(tatlong ulit)[1]

«حَسْبِيَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيهِ تَوَكَّلتُ وَهُوَ رَبُّ العَرْشِ العَظِيم»

Ḥasbiya -llāhu lā ilāha illā huwa `alayhi tawakkaltu wa-huwa rabbu -l`arshi -l`aḍim.

"Kasapatan sa akin si Allāh. Walang Diyos kundi Siya; sa Kanya ako nanalig. Siya ay ang Panginoon ng tronong dakila."

(pitong ulit)[2]

---

[1] Abū Dāwud, 4/324, sa numero 5092; Aḥmad, 5/42, sa numero 20430; An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 22; Ibnu As-Sunnīy sa numero 69; at Al-Bukhārīy sa Al-Adab Al-Mufrad sa numero 701. Sumang-ayon sa kagandahan ng isnād nito ang Pantas na si Ibnu Bāz (kaawaan siya ng Allāh) sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 26.

[2] "Ang sinumang nagsabi nito kapag nag-umaga at kapag gumabi nang pitong ulit, makasasapat sa kanya si Allāh laban sa anumang bumabagabag sa kanya mula sa usapin ng Mundo at Kabilang-buhay." Nagtala nito si Imām Ibnu As-Sunnīy sa numero 71 bilang marfū`; at si Imām Abū Dāwūd bilang mawqūf, 4/321, sa numero 5081. Sumang-ayon sa katumpakan ng isnād nito sina Shu`ayb at `Abdulqādir Al-Arnā'ūṭ. Tingnan: Zād Al-Ma`ād, 2/376.

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ العَفْوَ وَالعَافِيَةَ فِي الدُّنْيَا وَالآخِرَةِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ العَفْوَ وَالعَافِيَةَ: فِي دِينِي وَدُنْيَايَ وَأَهْلِي، وَمَالِي، اللَّهُمَّ اسْتُرْ عَوْرَاتِي، وَآمِنْ رَوْعَاتِي، اللَّهُمَّ احْفَظْنِي مِنْ بَيْنِ يَدَيَّ، وَمِنْ خَلْفِي، وَعَنْ يَمِينِي، وَعَنْ شِمَالِي، وَمِنْ فَوْقِي، وَأَعُوذُ بِعَظَمَتِكَ أَنْ أُغْتَالَ مِنْ تَحْتِي»

Allāhumma innī as'aluka -l`afwa wa-l`āfiyata fi -ddunyā wa-l'ākhirah. Allāhumma innī as'aluka -l`afwa wa-l`āfiyata fī dīnī wa-dunyāya wa-ahlī wa-mālī. Allāhumma -stur `awrātī wa-āmin raw`ātī. Allāhumma -ḥfaḍnī mim bayna yadayya wa-min khalfī wa-`an yamīnī wa-`an shimālī wa-min fawqī; wa-a`ūdhu bi-`aḍamatika an ughtāla min taḥtī.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kaigihan sa Mundo at Kabilang-buhay. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kaigihan sa panrelihiyong buhay ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allāh, pagtakpan Mo ang mga kahihiyan ko at patiwasayin Mo ang mga pangingilabot ko. O Allāh, ingatan Mo ako mula sa harapan ko at mula sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko. Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo na mapaslang ako mula sa ilalim ko."[1]

«اللَّهُمَّ عَالِمَ الغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ، رَبَّ كُلِّ شَيْءٍ وَمَلِيكَهُ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ نَفْسِي، وَمِنْ شَرِّ الشَّيْطَانِ وَشَرَكِهِ، وَأَنْ

[1] Abū Dāwud sa numero 5074 at Ibnu Mājah sa numero 3871. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/332.

أَقْتَرِفَ عَلَى نَفْسِي سُوءًا، أَوْ أَجُرَّهُ إِلَى مُسْلِمٍ»

Allāhumma, `ālima -lghaybi wa-shshahādati, fāṭira -ssamāwāti wa-l'arḍi, rabba kulli shay'in wa-malīkahu, ashhadu an lā ilāha illā anta. A`ūdhu bika min sharri nafsī, wa-min sharri -shshayṭāni wa-shirkihi, wa-an aqtarifa `alā nafsī sū'an aw ajurrahu ilā muslim.

"O Allāh, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, ang Panginoon ng bawat bagay at ang Pinakahari nito, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] pagkagawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagkahatak niyon sa isang Muslim."[1]

«بِسْمِ اللَّهِ الَّذِي لَا يَضُرُّ مَعَ اسْمِهِ شَيْءٌ فِي الأَرْضِ وَلَا فِي السَّمَاءِ وَهُوَ السَّمِيعُ العَلِيم»

Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa-lā fi -ssamā'i; wa-huwa -ssamī`u -l`alīm.

"Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anuman sa lupa ni sa langit. Siya ay ang Madinigin, ang Maalam."

[1] At-Tirmidhīy sa numero 3392 at Abū Dāwud sa numero 5067. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/142.

(tatlong ulit)[1]

«رَضِيتُ بِاللَّهِ رَبًّا، وَبِالإِسْلَامِ دِينًا، وَبِمُحَمَّدٍ ﷺ نَبِيًّا»

Raḍītu bi-llāhi rabban, wa-bi-l'islām dīnan, wa-bi-muḥammadin nabīyā.

"Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad bilang Propeta."

(tatlong ulit)[2]

«يَا حَيُّ يَا قَيُّومُ بِرَحْمَتِكَ أَسْتَغِيثُ أَصْلِحْ لِي شَأْنِيَ كُلَّهُ وَلَا تَكِلْنِي إِلَى نَفْسِي طَرْفَةَ عَيْنٍ»

Yā ḥayyu, yā qayyūmu, bi-raḥmatika astaghīth. Aṣliḥ lī sha'nī kullahu wa-la takilnī ilā nafsī ṭarfata `ayn.

"O Buháy, o Mapagpanatili, sa pamamagitan ng

---

[1] "Ang sinumang nagsabi nito nang tatlong ulit kapag nag-umaga at nang tatlong ulit kapag gumabi, walang makapipinsala sa kanya na anuman." Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, 4/323, sa numero 5088; Imām At-Tirmidhīy, 5/465, sa numero 3388; Imām Ibnu Mājah sa numero 3869; at Imām Aḥmad sa numero 446. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/332. Sumang-ayon sa kagandahan ng isnād nito ang Pantas na si Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh) sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 39.

[2] "Ang sinumang nagsabi nito nang tatlong ulit kapag nag-umaga at nang tatlong ulit kapag gumabi, naging isang karapatan kay Allāh na magpalugod sa kanya sa Araw ng Pagbangon." Aḥmad, 4/337, sa numero 18967; An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 4; Ibnu As-Sunnīy sa numero 68; Abū Dāwud, 4/318, sa numero 1531; at At-Tirmidhīy, 5/465, sa numero 3389. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh) sa Tuḥfah Al-Akhyār, p. 39.

awa Mo nagpapasaklolo ako. Isaayos Mo para sa akin ang pumapatungkol sa akin sa kabuuan nito at huwag Mo akong ipaubaya sa sarili ko sa isang kisap ng mata."[1]

«أَصْبَحْنَا وَأَصْبَحَ المُلْكُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ، اللَّهُـمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَ هَذَا اليَوْمِ: فَتْحَهُ، وَنَصْرَهُ، وَنورَهُ، وَبَرَكَتَهُ، وَهُدَاهُ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِيهِ وَشَرِّ مَا بَعْدَه»

Aṣbaḥnā wa-aṣbaḥa -lmulku lillāhi rabbi -l`ālamīn. Allāhumma innī as'aluka khayra hādha -lyawmi: fatḥahu, wa-naṣrahu, wa-nūrahu, wa-barakatahu, wa-hudāhu; wa-a`ūdhu bika min sharri mā fīhi wa-sharri mā ba`dah.

"Inumaga tayo at inumaga ang paghahari ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. O Allāh, humihiling ako sa Iyo ng kabutihan ng araw na ito: tagumpay rito, pagkaadya rito, liwanag nito, biyaya rito, at patnubay nito; at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng narito at kasamaan ng matapos nito."[2]

Kapag gumabi, magsasabi:

«أَمْسَيْنَا وَأَمْسَى المُلْكُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَ هَذِهِ اللَّيْلَةِ: فَتْحَهَا، وَنَصْرَهَا، وَنُورَهَا، وَبَرَكَتَهَا، وَهُدَاهَا، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا فِيهَا، وَشَرِّ مَا

[1] Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy, 1/545. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Targhīb wa At-Tarhīb, 1/273.

[2] Abū Dāwud, 4/322, sa numero 5084. Sumang-ayon sa kagandahan ng isnād nito sina Shu`ayb at `Abdulqādir Al-Arnā'ūṭ sa Taḥqīq Zād Al-Ma`ād, 2/373.

بَعْدَهَا»

Amasaynā wa-amsa -lmulku lillāhi rabbi -l`ālamīn. Allāhumma innī as'aluka khayra hādhihi -llaylati: fatḥaha, wa-naṣraha, wa-nūraha, wa-barakataha, wa-hudāha; wa-a`ūdhu bika min sharri mā fīhā wa-sharri mā ba`dahā.

"Ginabi tayo at ginabi ang paghahari ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. O Allāh, humihiling ako sa Iyo ng kabutihan ng gabing ito: tagumpay rito, pagkaadya rito, liwanag nito, biyaya rito, at patnubay nito; at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng narito at kasamaan ng matapos nito."[1]

«أَصْبَحْنا عَلَى فِطْرَةِ الإِسْلَامِ، وَعَلَى كَلِمَةِ الإِخْلَاصِ، وَعَلَى دِينِ نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ ﷺ، وَعَلَى مِلَّةِ أَبِينَا إِبْرَاهِيمَ، حَنِيفًا مُسْلِمًا وَمَا كَانَ مِنَ الْمُشرِكِين»

Aṣbaḥnā `alā fiṭrati -l'islām, wa-`alā kalimati -l'ikhlāṣ, wa-`alā dīni nabīyinā Muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallam, wa-`alā millati abīnā Ibrāhīma ḥanīfan musliman, wa-mā kāna mina -lmushrikīn.

"Inumaga tayo sa naturalesa ng Islām, sa salita ng pagpapakawagas, sa Relihiyon ng Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at sa kapaniwalaan ng ama nating si Abraham bilang makatotoong Muslim, na hindi siya noon kabilang sa

[1] Ang naunang sanggunian.

mga tagapagtambal [kay Allāh]."[1]

Kapag gumabi, magsasabi:

«أَمْسَيْنَا عَلَى فِطْرَةِ الإِسْلَامِ، وَعَلَى كَلِمَةِ الإِخْلَاصِ، وَعَلَى دِينِ نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ ﷺ، وَعَلَى مِلَّةِ أَبِينَا إِبْرَاهِيمَ، حَنِيفًا مُسْلِمًا وَمَا كَانَ مِنَ المُشرِكِين»

Amsaynā `alā fiṭrati -l'islām, wa-`alā kalimati -l'ikhlāṣ, wa-`alā dīni nabīyinā Muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallam, wa-`alā millati abīnā Ibrāhīma ḥanīfan musliman, wa-mā kāna mina -lmushrikīn.

"Ginabi tayo sa naturalesa ng Islām, sa salita ng pagpapakawagas, sa Relihiyon ng Propeta nating si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at sa kapaniwalaan ng ama nating si Abraham bilang

makatotoong Muslim, na hindi siya noon kabilang sa mga tagapagtambal [kay Allāh]."[2]

«سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِه»

Subḥāna -llāhi wa-bi-ḥamdihi.

"Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya."

(100 ulit)[3]

---

[1] Musnad Aḥmad, 3/406 at 407, sa numero 15360 at 15563; at Ibnu As-Sunnīy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 34. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 4/209.

[2] Ang naunang sanggunian.

[3] "Ang sinumang nagsabi nito nang isandaang ulit kapag nag-uumaga at kapag gumagabi, walang nakapagdala na isa man sa Araw ng Pagbangon ng higit na mainam kaysa sa inihatid nito maliban sa

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamdu; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."

Sampung ulit[1] o isang ulit sa sandali ng katamaran.[2]

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu, waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."

---

isang nagsabi ng tulad ng sinabi nito o nagdagdag dito." Muslim, 4/2071, sa numero 2692.

[1] An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 24. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Targhīb wa At-Tarhīb, 1/272; at Tuḥfah Al-Akhyār ni Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh), p. 44. Tingnan ang kainaman nito sa pahina 146, ḥadīth numero 255.

[2] Abū Dāwud sa numero 5077, Ibnu Mājah sa numero 3798, at Aḥmad sa numero 8719. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Targhīb wa At-Tarhīb, 1/270; Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 3/957; Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/331; at Zād Al-Ma`ād, 2/377.

(100 ulit) kapag nag-umaga.[1]

«سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ: عَدَدَ خَلْقِهِ، وَرِضَا نَفْسِهِ، وَزِنَةَ عَرْشِهِ، وَمِدَادَ كَلِمَاتِهِ»

Subḥāna -llāhi wa-bi-ḥamdihi `adada khalqihi, wa-riḍā nafsihi, wa-zinata `arshihi, wa-midāda kalimātih.

"Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya ayon sa bilang ng nilikha Niya, ayon sa pagkalugod ng sarili Niya, ayon sa timbang ng Trono Niya, at ayon sa [dami ng] tinta [ng pagsulat] ng mga salita Niya."

Tatlong ulit kapag sumapit ang umaga.[2]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ عِلْمًا نَافِعًا، وَرِزْقًا طَيِّبًا، وَعَمَلًا مُتَقَبَّلًا»

Allāhumma innī as'aluka `ilman nāfi`an wa-rizqan ṭayyiban wa-`amalan mutaqabbalā.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kaalamang nagpapakinabang, panustos na kaaya-aya, at gawang tinatanggap."

Kapag sumapit ang umaga.[3]

---

[1] "Ang sinumang nagsabi nito ng isandaang ulit sa isang araw, magiging isang panumbas ito para sa kanya ng pagpapalaya ng sampung alipin, magtatala para sa kanya ng isandaang magandang gawa, magpapawi sa kanya na isandaang masagwang gawa, at magiging isang pananggalang ito para sa kanya laban sa demonyo sa araw niyang iyon hanggang sa gumabi. Walang nakagawang isa man ng higit na mainam kaysa inihatid nito kundi isang gumawa ng higit na marami kaysa roon." Al-Bukhārīy, 4/95, sa numero 3293; at Muslim, 4/2071, sa numero 2691.

[2] Muslim, 4/2090, sa numero 2726.

[3] Nagtala nito sina Imām Ibnu As-Sunnīy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 54 at Imām Ibnu Mājah sa numero 925. Sumang-

«أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ وَأَتُوبُ إِلَيْه»

Astaghfiru -llāha wa-atūbu ilayhi.

"Humihingi ako ng tawad kay Allāh at nagbabalik-loob ako sa Kanya."

100 ulit sa isang araw.[1]

«أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَق»

A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq.

"Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya."

Tatlong ulit kapag gumabi.[2]

«اللَّهُمَّ صَلِّ وَسَلِّمْ عَلَى نَبَيِّنَا مُحَمَّد»

Allāhumma ṣalli wa-sallim `alā nabīyinā Muḥammad.

"O Allāh, basbasan Mo at pangalagaan Mo ang Propeta naming si Muḥammad."

---

ayon sa kagandahan ng isnād nito sina `Abdulqādir at Shu`ayb Al-Arnā'ūṭ sa Taḥqīq Zād Al-Ma`ād, 2/375. Nauna na ito sa numero 73.

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/101, sa numero 6307; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2075, sa numero 2702.

[2] "Ang sinumang nagsabi nito nang tatlong ulit kapag gumabi, hindi pipinsala sa kanya ang kamandag sa gabing iyon." Nagtala nito sina Imām Aḥmad, 2/290, sa numero 7898; Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 590; at Ibnu As-Sunnīy sa numero 68. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/187; Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/266; at Tuḥfah Al-Akhyār ni Ibnu Bāz, p. 45.

(sampung ulit)[1]

28. Ang mga Dhikr sa Pagtulog

Magtatabi siya ng mga palad niya, pagkatapos bubuga siya sa dalawang ito saka bibigkas sa dalawang ito ng:

﴿قُلۡ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ۝١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ۝٢ لَمۡ يَلِدۡ وَلَمۡ يُولَدۡ ۝٣ وَلَمۡ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدُۢ ۝٤﴾

{1. Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa.
2. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan].
3. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.
4. Hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."} (Qur'ān 112:1-4)

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ۝١ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ۝٢ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝٣ وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِي ٱلۡعُقَدِ ۝٤ وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝٥﴾

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway
2. laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya
3. at laban sa kasamaan ng pusikit kapag lumaganap ito,
4. at laban sa kasamaan ng mga babaing

[1] "Ang sinumang dumalangin ng basbas para sa akin kapag nag-uumaga nang makasampu at kapag gumagabi nang makasampu, aabot sa kanya ang pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon." Nagtala nito si Aṭ-Ṭabarānīy nang may dalawang isnād: ang isa sa dalawang ito ay mahusay. Tingnan: Majma` Az-Zawa'id, 10/120; at Ṣaḥīḥ At-Targhīb wa At-Tarhīb, 1/273.

[manggagaway na] palaihip sa mga buhol,

5. at laban sa kasamaan ng isang naiinggit kapag naiinggit ito."}

(Qur'ān 113:1-5)

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ۝١ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ۝٢ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ۝٣ مِن شَرِّ ٱلۡوَسۡوَاسِ ٱلۡخَنَّاسِ ۝٤ ٱلَّذِي يُوَسۡوِسُ فِي صُدُورِ ٱلنَّاسِ ۝٥ مِنَ ٱلۡجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ۝٦﴾

{1. Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,

2. na Hari ng mga tao,

3. na Diyos ng mga tao,

4. laban sa kasamaan ng tagapasaring na palaurong,

5. na nagpapasaring [ng kasamaan] sa mga dibdib ng mga tao,

6. kabilang sa mga jinni at mga tao."}

(Qur'ān 114:1-6)

Pagkatapos magpapahid siya ng mga ito sa makakaya niya mula sa katawan niya. Magsisimula siya sa [pagpahid ng] mga ito sa ulo niya, mukha niya, at anumang nasa harap ng katawan niya. (Gagawin niya iyon nang tatlong ulit.)[1]

﴿ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 9/62, sa numero 5017; at Ṣaḥīḥ Muslim sa numero 2192.

وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ ٢٥٥﴾

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.}

(Qur'ān 2:255)[1]

﴿ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦۚ وَقَالُواْ سَمِعۡنَا وَأَطَعۡنَاۖ غُفۡرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيۡكَ ٱلۡمَصِيرُ ٢٨٥ لَا يُكَلِّفُ ٱللَّهُ نَفۡسًا إِلَّا وُسۡعَهَاۚ لَهَا مَا كَسَبَتۡ وَعَلَيۡهَا مَا ٱكۡتَسَبَتۡۗ رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذۡنَآ إِن نَّسِينَآ أَوۡ أَخۡطَأۡنَاۚ رَبَّنَا وَلَا تَحۡمِلۡ عَلَيۡنَآ إِصۡرٗا كَمَا حَمَلۡتَهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِنَاۚ رَبَّنَا وَلَا تُحَمِّلۡنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِۦۖ وَٱعۡفُ عَنَّا وَٱغۡفِرۡ

[1] "Ang sinumang bumigkas nito kapag nakapuwesto siya sa higaan niya, tunay na sa kanya ay hindi matitigil ang [pagkakaroon ng] isang tagapag-ingat mula kay Allāh at walang lalapit sa kanya na isang demonyo hanggang sa magmadaling-araw." Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 4/487, sa numero 2311.

لَنَا وَٱرۡحَمۡنَآۚ أَنتَ مَوۡلَىٰنَا فَٱنصُرۡنَا عَلَى ٱلۡقَوۡمِ ٱلۡكَٰفِرِينَ ٢٨٦

{285. Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya [mula sa Qur'ān] mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan."

286. Hindi nag-aatang si Allāh sa isang kaluluwa malibang ayon sa kaya nito. Ukol dito ang [gantimpala sa] kinamit nito at laban dito ang [ganti sa] nakamit nito. Panginoon namin, huwag Kang magpanagot sa amin kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, huwag Kang magpabuhat sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhat Mo sa mga bago pa namin. Panginoon namin, huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa Ka sa amin. Ikaw ay Mapagtangkilik sa amin, kaya mag-adya Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging sumampalataya.}

(Qur'ān 2:285-286)[1]

[1] "Ang sinumang bumigkas ng dalawang ito sa isang gabi ay makakasapat ang dalawang ito sa kanya." Imām Al-Bukhārīy

«بِاسْمِكَ رَبِّي وَضَعْتُ جَنْبِي، وَبِكَ أَرْفَعُهُ، فَإِنْ أَمْسَكْتَ نَفْسِي فَارْحَمْهَا، وَإِنْ أَرْسَلْتَهَا فَاحْفَظْهَا، بِمَا تَحْفَظُ بِهِ عِبَادَكَ الصَّالِحِين»

Bi-smika rabbī waḍa`tu jambī, wa-bika arfa`uhu, fa-in amsakta nafsī fa-rḥamhā, wa-in arsaltahā fa-ḥfaḍhā bi-mā taḥfaḍu bihi `ibādaka -ṣṣālihīn.

"Sa ngalan Mo,[1] Panginoon ko, naglapag ako ng tagiliran ko at dahil sa Iyo mag-aangat ako nito. Kaya kung kukuha Ka ng kaluluwa ko, kaawaan Mo ito; at kung magpapabalik Ka nito, ingatan Mo ito ng ipinang-iingat Mo sa mga lingkod Mong maaayos."[2]

«اللَّهُمَّ إِنَّكَ خَلَقْتَ نَفْسِي وَأَنْتَ تَوَفَّاهَا، لَكَ مَمَاتُهَا وَمَحْيَاهَا، إِنْ أَحْيَيْتَهَا فَاحْفَظْهَا، وَإِنْ أَمَتَّهَا فَاغْفِرْ لَهَا، اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ العَافِيَة»

Allāhumma innaka khalaqta nafsī wa-anta tawaffāhā. Laka mamātuhā wa-maḥyāhā. In aḥyaytahā fa-ḥfaḍhā wa-in amattahā fa-ghfir lahā. Allāhumma innī as'aluka -l`āfiyah.

---

kasama ng Al-Fatḥ, 9/94, sa numero 4008; at Imām Muslim, 1/554, sa numero 807.

[1] "Kapag bumangon ang isa sa inyo mula sa higaan niya, pagkatapos bumalik siya roon, pagpagin niya ito ng laylayan ng tapis niya nang tatlong ulit at banggitin niya ang pangalan ni Allāh sapagkat tunay na siya ay hindi nakaaalam kung ano ang pumalit sa kanya sa ibabaw nito matapos niya Kapag humiga siya, magsabi siya: .." Bahagi ng ḥadīth. [Ang kahulugan ng laylayan ng tapis niya ay ang dulo nito mula sa kalapit ng palawit nito]. An-Nihāyah fī Gharīb Al-Ḥadīth wa Al-Athar, ṣ-n-f.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/126, sa numero 6320; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2084, sa numero 2714.

"O Allāh, tunay na Ikaw ay lumikha sa kaluluwa ko at ikaw ay babawi nito. Ukol sa Iyo ang pagkamatay nito at ang pagkabuhay nito. Kung magbibigay--buhay Ka rito, ingatan Mo ito; at kung magbibigay-kamatayan Ka rito, patawarin Mo ito. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kaigihan."[1]

«اللَّهُمَّ قِنِي عَذَابَكَ يَوْمَ تَبْعَثُ عِبَادَك»

Allāhumma qinī `adhābaka yawma tab`athu `ibādak.

"O Allāh, magsanggalang Ka sa akin[2] laban sa pagdurusang dulot Mo sa Araw na magbubuhay Ka ng mga lingkod Mo."[3]

«بِاسْمِكَ اللَّهُمَّ أَمُوتُ وَأَحْيَا»

Bi-smika -llāhumma, amūtu wa-aḥyā.

"Sa ngalan Mo, O Allāh, mamamatay ako at mabubuhay ako."[4]

«سُبْحَانَ اللَّه»

Subḥāna -llāh.

---

[1] Nagtala nito sina Imām Muslim, 4/2083, sa numero 2712; at Imām Aḥmad sa mismong pananalita nito, 2/79, sa numero 5502.

[2] "Siya noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nagnais siya na humiga, ay naglalagay ng kanang kamay niya sa ilalim ng pisngi niya, pagkatapos nagsasabi: ..." Bahagi ng ḥadīth.

[3] Abū Dāwud sa mismong pananalita nito, 4/311, sa numero 5045; at At-Tirmidhīy sa numero 3398. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/143; at Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 3/240.

[4] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/113, sa numero 6324; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2083, sa numero 2711.

"Kaluwalhatian kay Allāh."
(33 ulit)

«وَالحَمْدُ لِلَّه»

Alḥamdu lillāh.
"Ang papuri ay ukol kay Allāh."
(33 ulit)

«وَاللَّهُ أَكْبَر»

Allāhu akbar.
Si Allāh ay pinakadakila.
(34 ulit)[1]

«اللَّهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ وَرَبَّ الأَرْضِ، وَرَبَّ العَرْشِ العَظِيمِ، رَبَّنَا وَرَبَّ كُلِّ شَيْءٍ، فَالِقَ الحَبِّ وَالنَّوَى، وَمُنْزِلَ التَّوْرَاةِ وَالإِنْجِيلِ، وَالفُرْقَانِ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ كُلِّ شَيْءٍ أَنْتَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهِ، اللَّهُمَّ أَنْتَ الأَوَّلُ فَلَيْسَ قَبْلَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الآخِرُ فَلَيسَ بَعْدَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ الظَّاهِرُ فَلَيْسَ فَوْقَكَ شَيْءٌ، وَأَنْتَ البَاطِنُ فَلَيْسَ دُونَكَ شَيْءٌ، اقْضِ عَنَّا الدَّيْنَ وَأَغْنِنَا مِنَ الفَقْر»

Allāhumma rabba -ssamāwāti -ssab`i, wa-rabba -l'arḍi, wa-rabba -l`arshi -l`aḍīm, rabbanā wa-rabba kulli shay', fāliqa -lḥabbi wa-nnawā, wa-munzila -ttawrāti wa-l'injīli wa-lfurqān, a`ūdhu bika min sharri kulli shay'in anta ākhidhum bi-nāṣiyatih. Allāhumma anta -l'awwalu fa-laysa qablaka shay', wa-anta -

[1] "Ang sinumang nagsabi niyon kapag hihiga siya sa higaan niya, ito ay magiging higit na mabuti para sa kanya kaysa sa isang katulong." Imām Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 7/71, sa numero 3705; at Imām Muslim, 4/2091, sa numero 2726.

l'ākhiru fa-laysa ba`daka shay', wa-anta -ḍḍāhiru fa-laysa fawqaka shay', wa-anta -lbāṭinu fa-laysa dūnaka shay'. Iqḍi `annā -ddayna wa-aghninā mina -lfaqr.

"O Allāh, Panginoon ng pitong langit, Panginoon ng lupa, Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, Panginoon namin at Panginoon ng bawat bagay, Tagapagpabuka ng mga butil at mga buto, Tagapagpababa ng Torah, Ebanghelyo, at Furqān, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa bawat bagay na Ikaw ay dadaklot sa bumbunan nito. O Allāh, Ikaw ang Una kaya walang anuman bago Mo, Ikaw ang Huli kaya walang anuman matapos Mo, Ikaw ang Nakaiibabaw kaya walang anuman sa ibabaw Mo, Ikaw ang Nakaiilalim kaya walang anuman sa ilalim Mo. Wakasan Mo para sa amin ang pagkakautang at payamanin Mo kami laban sa karalitaan."[1]

«الحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنَا وَسَقَانَا، وَكَفَانَا، وَآوَانَا، فَكَمْ مِمَّنْ لَا كَافِيَ لَهُ وَلَا مُؤْوِيَ»

Alḥamdu lillāhi -lladhī aṭ`amanā wa-saqānā wa-kafānā wa-āwānā, fa-kam mimman lā kāfiya lahu wa-lā mu'wiya.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagpasapat sa atin, at nagkanlong sa atin sapagkat kay rami ng walang tagpagpasapat sa kanya at walang tagapagkanlong."[2]

---

[1] Muslim, 4/2084, sa numero 2713.
[2] Muslim, 4/2085, sa numero 2715.

«اللَّهُمَّ عَالِمَ الغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ فَاطِرَ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ، رَبَّ كُلِّ شَيْءٍ وَمَلِيكَهُ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ نَفْسِي، وَمِنْ شَرِّ الشَّيْطانِ وَشِرْكِهِ، وَأَنْ أَقْتَرِفَ عَلَى نَفْسِي سُوءًا، أَوْ أَجُرَّهُ إِلَى مُسْلِم»

Allāhumma, `ālima -lghaybi wa-shshahādati, fāṭira -ssamāwāti wa-l'arḍi, rabba kulli shay'in wa-malīkahu, ashhadu an lā ilāha illā anta. A`ūdhu bika min sharri nafsī, wa-min sharri -shshayṭāni wa-shirkihi, wa-an aqtarifa `alā nafsī sū'an aw ajurrahu ilā muslim.

"O Allāh, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, ang Panginoon ng bawat bagay at ang Pinakahari nito, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] pagkagawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagkahatak niyon sa isang Muslim."[1]

Bibigkasin sa wikang Arabe ang Sūrah As-Sajdah (Qur'ān 32) at ang Sūrah Al-Mulk (Qur'an 67).[2]

«اللَّهُمَّ أَسْلَمْتُ نَفْسِي إِلَيْكَ، وَفَوَّضْتُ أَمْرِي إِلَيْكَ، وَوَجَّهْتُ وَجْهِي إِلَيْكَ، وَأَلْجَأْتُ ظَهْرِي إِلَيْكَ، رَغْبَةً وَرَهْبَةً إِلَيْكَ، لَا مَلْجَأَ وَلَا مَنْجَا مِنْكَ إِلَّا إِلَيْكَ، آمَنْتُ

[1] Abū Dāwud, 4/317, sa numero 5067; at At-Tirmidhīy sa numero 3629. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/142.

[2] Imām At-Tirmidhīy sa numero 3404 at Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 707. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 4/255.

بِكِتَابِكَ الَّذِي أَنْزَلْتَ، وَبِنَبِيِّكَ الَّذِي أَرْسَلْت»

Allāhumma aslamtu nafsī ilayka, wa-fawwaḍtu amrī ilayka, wa-wajjahtu wajhī ilayka, wa-alja'tu ḍahrī ilayka, raghbatan wa-rahbatan ilayka, lā malja'a wa-lā manjā minka illā ilayka, āmantu bi-kitābika -lladhī anzalta wa-bi-nabīyika -lladhī arsalta.

"O Allāh,[1] nagsuko ako ng sarili ko sa Iyo, nagpaubaya ako ng nauukol sa akin sa Iyo, naghaharap ako ng mukha ko sa Iyo, at nagpakanlong ako ng likod ko sa Iyo, dahil sa pangingilabot at pagmimithi sa Iyo. Walang makakanlungan at walang matatakasan mula sa Iyo malibang sa Iyo. Sumampalataya ako sa Aklat Mo na ibinaba Mo at sa Propeta Mo na isinugo Mo."[2]

29. Ang Du`ā' Kapag Bumiling-biling sa Gabi

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ الوَاحِدُ القَهّارُ، رَبُّ السَّمَوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا العَزِيزُ الغَفَّار»

Lā ilāha illā -llāhu -lwāḥidu -lqahhāru rabbu -ssamāwāti wa-l'arḍi wa-mā baynahumā -l`azīzu -lghaffār.

"Walang Diyos kundi si Allāh, ang Nag-iisa, ang Palalupig, ang Panginoon ng mga langit at lupa at

[1] "Kapag humiga ka sa higaan mo, magsagawa ka ng wuḍū' mo para sa ṣalāh, pagkatapos mahiga ka sa kanang tagiliran mo, pagkatapos magsabi ka: ..." Bahaging ḥadīth.

[2] Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa nagsabi niyon: "Sapagkat kung namatay ka, namatay ka sa naturalesa." Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/113, sa numero 6313; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2081, sa numero 2710.

anumang nasa pagitan ng mga ito, ang Makapangyarihan, ang Palapatawad."[1]

30. Ang Du`ā' Para sa Takot sa Pagtulog at Para sa Sinumang Dumaranas ng Pangungulila

«أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ غَضَبِهِ وَعِقَابِهِ، وَشَرِّ عِبَادِهِ، وَمِنْ هَمَزَاتِ الشَّيَاطِينِ وَأَنْ يَحْضُرُونِ»

A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min ghaḍabihi wa-`iqābihi, wa-sharri `ibādihi, wa-min hamazāti -shshayāṭīni wa-an yaḥḍurūn.

"Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa galit Niya at parusa Niya, laban sa kasamaan ng mga lingkod Niya, at laban sa mga pambubuyo ng mga demonyo at sa pagdalo nila."[2]

31. Ang Gagawin Kapag Nanaginip ng Mabuti o Masama

Dudura nang walang kasamang laway sa dakong kaliwa nang tatlong ulit.[3]

---

[1] Nagsasabi siya niyon kapag bumibiling-biling siya mula sa isang tagiliran papunta sa isang tagiliran sa gabi. Nagtala nito sina Imām Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy. 1/540; Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 202; at Ibnu As-Sunnīy sa numero 757. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 4/213.

[2] Abū Dāwud, 4/12, sa numero 3893; at At-Tirmidhīy sa numero 3528. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/171.

[3] Muslim, 4/1772, sa numero 2261.

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

Hihiling ng pagkupkop ni Allāh laban sa Demonyo at laban sa kasamaan ng napanaginipan (tatlong ulit):[1]

Huwag magsalita hinggil dito sa isa man.[2]

Magpapalit ng posisyon ng pagkakahiga niya.[3]

Babangon at magsasagawa ng ṣalāh kung nagnais siya niyon.[4]

32. Ang Du`ā' sa Qunūt ng Witr

«اللَّهُمَّ اهْدِنِي فِيمَنْ هَدَيْتَ، وَعَافِنِي فِيمَنْ عَافَيْتَ، وَتَوَلَّنِي فِيمَنْ تَوَلَّيْتَ، وَبَارِكْ لِي فِيمَا أَعْطَيْتَ، وَقِنِي شَرَّ مَا قَضَيْتَ؛ فَإِنَّكَ تَقْضِي وَلَا يُقْضَى عَلَيْكَ، إِنَّهُ لَا يَذِلُّ مَنْ وَالَيْتَ، [وَلَا يَعِزُّ مَنْ عَادَيْتَ]، تَبَارَكْتَ رَبَّنَا وَتَعَالَيْت»

Allāhumma -hdinī fī-man hadayt, wa-`āfinī fī-man `āfayt, wa-tawallanī fī-man tawallayt, wa-bārik lī fī-mā a`ṭayt, wa-qinī sharra mā qaḍayt; fa-innaka taqḍī wa-lā yuqḍā `alayk. Innahū lā yadhillu man wālayt, [wa lā ya`izzu man `ādayt], tabārakta rabbanā wa-ta`ālayt.

"O Allāh, patnubayan Mo ako kasama ng sinumang pinatnubayan Mo, pangalagaan Mo ako kasama ng pinangalagaan Mo, tangkilikin Mo ako kasama ng

[1] Muslim, 4/1772 at 1773, sa numero 2261 at 2262.
[2] Muslim, 4/1772, sa numero 2261 at 2263.
[3] Muslim, 4/1773, sa numero 2261.
[4] Muslim, 4/1773, sa numero 2263.

tinangkilik Mo, pagpalain Mo ako sa anumang ibinigay Mo sa akin, at ipagsanggalang Mo ako sa kasamaan ng anumang itinadhana Mo sapagkat tunay na Ikaw ay nagtatadhana at hindi nakapagtatadhana laban sa Iyo. Tunay na hindi mahahamak ang sinumang kinampihan Mo, [at hindi mapararangalan ang sinumang kinalaban Mo]. Napakamapagpala Ka, O Panginoon namin, at napakataas Ka."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِرِضَاكَ مِنْ سَخَطِكَ، وَبِمُعَافَاتِكَ مِنْ عُقُوبَتِكَ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْكَ، لَا أُحْصِي ثَنَاءً عَلَيْكَ، أَنْتَ كَمَا أَثْنَيْتَ عَلَى نَفْسِكَ»

Allāhumma, innī a`ūdhu bi-riḍāka min sakhaṭika, wa-bi-mu`āfātika min `uqūbatika, wa-a`ūdhu bika minka. Lā uḥṣī thanā'an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa pagkalugod Mo laban sa pagkainis Mo at sa pagpapaigi Mo laban sa pagpaparusa Mo at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako nakabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay kung

[1] Nagtala nito ang mga may-akda ng apat na Sunan at sina Imām Aḥmad, Imām Ad-Dārimīy, at Imām Al-Bayhaqīy: sina Imām Abū Dāwud sa numero 1425; Imām At-Tirmidhīy sa numero 464; Imām An-Nasā'īy sa numero 1744; Imām Ibnu Mājah sa numero 1178; Imām Aḥmad sa numero 1718; Imām Ad-Dārimīy sa numero 1592; Imām Al-Ḥākim, 3/172; at Imām Al-Bayhaqīy, 2/209. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay batay kay Imām Al-Bayhaqīy. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/144; Ṣaḥīḥ Ibnu Mājah, 1/194; at Irwā' Al-Ghalīl ni Al-Albānīy, 2/172.

paanong nagbunyi Ka sa sarili Mo."[1]

«اللَّهُمَّ إِيَّاكَ نعْبُدُ، وَلَكَ نُصَلِّي وَنَسْجُدُ، وَإِلَيْكَ نَسْعَى وَنَحْفِدُ، نَرْجُو رَحْمَتَكَ، وَنَخْشَى عَذَابَكَ، إِنَّ عَذَابَكَ بِالكَافِرِينَ مُلْحِقٌ، اللَّهُمَّ إِنَّا نَسْتَعِينُكَ، وَنَسْتَغْفِرُكَ، وَنُثْنِي عَلَيْكَ الخَيْرَ، وَلَا نَكْفُرُكَ، وَنُؤْمِنُ بِكَ، وَنَخْضَعُ لَكَ، وَنَخْلَعُ مَنْ يَكْفرُك»

Allāhumma, iyyāka na`budu, wa-laka nuṣallī wa-nasjud, wa-ilayka nas`ā wa-naḥfid. Narjū raḥmataka wa-nakhshā `adhābak; inna `adhābaka bi-lkāfirīna mulḥiq. Allāhumma, innā nasta`īnuka, wa-nastaghfiruka, wa-nuthnī `alayka -lkhayra, wa-lā nakfuruka, wa-nu'minu bika, wa-nakhḍa`u laka, wa-nakhla`u man yakfuruk.

"O Allāh, sa Iyo kami sumasamba, sa Iyo kami nagdarasal at nagpapatirapa, sa Iyo kami nagdadali-dali at naglilingkod. Inaasahan namin ang awa Mo at kinatatakutan namin ang parusa Mo; tunay na ang parusa Mo sa mga tumatangging sumampalataya ay dadapo. O Allāh tunay na kami ay nagpapatulong sa Iyo, humihingi ng tawad sa Iyo, nagbubunyi sa Iyo sa kabutihan, sumasampalataya sa Iyo, nagpapasailalim sa Iyo, at nagtatatwa sa sinumang tumatangging

[1] Nagtala nito ang mga may-akda ng apat na Sunan at si Imām Aḥmad: sina Imām Abū Dāwud sa numero 1427, Imām At-Tirmidhīy sa numero 3566, Imām An-Nasā'īy sa numero 1746, Imām Ibnu Mājah sa numero 1179, at Imām Aḥmad sa numero 751. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/180; Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/194; at Al-Irwā', 2/175.

sumampalataya sa Iyo."[1].

33. Ang Dhikr Pagkatapos ng Salām sa Witr

«سُبْحَانَ المَلِكِ القُدُّوس»

Subḥāna -lmaliki -lquddūs.

"Kaluwalhatian sa Haring Kabanal-banalan."

(tatlong ulit) Ang ikatlo ay lalakasan at magpapahaba ng tinig at magsasabi:

«رَبِّ المَلَائِكَةِ وَالرُّوح»

Rabbi -lmalā'ikati wa-rrūḥ.

"Panginoon ng mga anghel at Espiritu."[2]

34. Ang Du`ā sa Alalahanin at Kalungkutan

«اللَّهُمَّ إِنِّي عَبْدُكَ، ابْنُ عَبْدِكَ، ابْنُ أَمَتِكَ، نَاصِيَتِي بِيَدِكَ، مَاضٍ فِيَّ حُكْمُكَ، عَدْلٌ فِيَّ قَضَاؤُكَ، أَسْأَلُكَ بِكُلِّ اسْمٍ هُوَ لَكَ، سَمَّيْتَ بِهِ نَفْسَكَ، أَوْ أَنْزَلْتَهُ فِي كِتَابِكَ، أَوْ عَلَّمْتَهُ أَحَدًا مِنْ خَلْقِكَ، أَوِ اسْتَأْثَرْتَ بِهِ فِي عِلْمِ الغَيْبِ عِنْدَكَ، أَنْ تَجْعَلَ القُرْآنَ رَبِيعَ قَلْبِي، وَنُورَ صَدْرِي، وَجَلَاءَ حُزْنِي، وَذَهَابَ هَمِّي»

Allāhumma innī `abduk, ibnu `abdik, ibnu amatik.

---

[1] Nagtala nito si Imām Al-Bayhaqīy sa As-Sunan Al-Kubrā at sumang-ayon siya sa katumpakan ng isnād nito, 2/211. Nagsabi si Shaykh Al-Albānīy sa Irwā' Al-Ghalīl: "Ang isnād na ito ay tumpak, 2/170. Ito ay mawqūf kay `Umar.

[2] Nagsalaysay nito sina Imām An-Nasā'īy, 3/244, sa numero 1734; Imām Ad-Dāraquṭnīy, 2/31; at iba pa. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay karagdagan ni Imām Ad-Dāraquṭnīy, 2/31, sa numero 2. Ang isnād nito ay tumpak. Tingnan: Zād Al-Ma`ād kalakip ng pagsisiyasat nina Shu`ayb Al-Arnā'ūṭ at `Abdulqādir Al-Arnā'ūṭ, 1/337.

Nāṣiyatī bi-yadik, maḍin fīya ḥukmuk, `adlun fīya qaḍa'uk. As'aluka bi-kulli -smin huwa lak, sammayta bihi nafsak, aw anzaltahu fī kitābik, aw `allamtahu aḥadan min khalqik, awi -sta'tharta bihi fī `ilmi -lghaybi `indak, an taj`ala -lqur'āna rabī`a qalbī, wa-nūra ṣadrī, wa-jalā'a ḥuznī, wa-dhahāba hammī.

"O Allāh, tunay na ako ay alipin Mo, anak ng lalaking alipin Mo, at anak ng babaing alipin Mo. Ang bumbunan ko ay nasa kamay Mo. Matutupad sa akin ang hatol Mo. Makatarungan sa akin ang paghuhukom Mo. Humihiling ako sa Iyo sa pamamagitan ng bawat pangalan na ukol sa Iyo, na nagpangalan Ka nito sa sarili Mo, o nagpababa Ka nito sa Aklat Mo, o nagturo Ka nito sa isa mula sa nilikha Mo, o nagsarili Ka nito sa kaalaman sa nakalingid na nasa Iyo, na gawin Mo ang Qur'ān bilang bukal ng puso ko, liwanag ng dibdib ko, pagpapalisan ng kalungkutan ko, at pag-aalis ng alalahanin ko."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الهَمِّ وَالحَزَنِ، وَالعَجْزِ وَالكَسَلِ، وَالبُخْلِ وَالجُبْنِ، وَضَلَعِ الدَّيْنِ وَغَلَبَةِ الرِّجَالِ»

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lhammi wa-lḥazani wa-l`ajzi wa-lkasali wa-lbukhli wa-ljubni, wa-ḍala`i -ddayni wa-ghalabati -rrijāl.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa alalahanin, kalungkutan, kawalang-

[1] Aḥmad, 1/391, sa numero 3712. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 1/337.

kakayahan, katamaran, karamutan, karuwagan, bigat ng utang, at panggagapi ng mga tao."[1]

35. Ang Du`ā' sa Pagdadalamhati

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ العَظِيمُ الحَلِيمُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ رَبُّ العَرْشِ العَظِيمِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ رَبُّ السَّمَوَاتِ وَرَبُّ الأَرْضِ وَرَبُّ العَرْشِ الكَرِيمِ»

Lā ilāha illā -llāhu -l`aḍīmu -lḥalīm. Lā ilāha illā -llāhu rabbu -l`arshi -l`aḍīm. Lā ilāha illā -llāhu rabbu -ssamāwāti wa-rabbu -l'arḍi wa-rabbu -l`arshi -lkarīm.

"Walang Diyos kundi si Allāh, ang Sukdulan, ang Matimpiin. Walang Diyos kundi si Allāh, ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki. Walang Diyos kundi si Allāh, ang Panginoon ng mga langit at lupa at ang Panginoon ng tronong marangal."[2]

«اللَّهُمَّ رَحْمَتَكَ أَرْجُو، فَلَا تَكِلْنِي إِلَى نَفْسِي طَرْفَةَ عَيْنٍ، وَأَصْلِحْ لِي شَأْنِي كُلَّهُ، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْت»

Allāhumma raḥmataka arjū, fa-lā takilnī ila nafsī ṭarfata `aynin, wa-aṣliḥ lī sha'nī kullah. Lā ilāha illā ant.

"O Allāh, ang awa Mo ay inaasahan ko kaya huwag Mo akong ipagkatiwala sa sarili ko sa isang kisap ng

---

[1] Al-Bukhārīy, 7/158, sa numero 2893. Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagpaparami ng pagsambit ng panalanging ito. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/173, Mababanggit ito sa p. 89, sa numero 137.

[2] Al-Bukhārīy, 7/154, sa numero 6345; at Muslim, 4/2092, sa numero 2730.

mata at isaayos Mo ang pumapatungkol sa akin sa kabuuan nito. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw."[1]

«لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ سُبْحَانَكَ إِنِّي كُنْتُ مِنَ الظَّالِمِين»

Lā ilāha illā anta. Subḥānaka, innī kuntu mina - ḍḍālimīn.

"Walang Diyos kundi Ikaw. Kaluwalhatian sa Iyo! Tunay na ako dati ay kabilang sa mga tagalabag sa katarungan."[2]

«اللَّهُ اللَّهُ رَبِّي لَا أُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا»

Allāh, Allāhu rabbī lā ushriku bihi shay'ā.

"Si Allāh, si Allāh ay Panginoon ko. Hindi ako nagtatambal sa Kanya ng anuman."[3]

36. Ang Du`ā' sa Pakikipagtagpo sa Kaaway at May Kapamahalaanan

«اللَّهُمَّ إِنَّا نَجْعَلُكَ فِي نُحُورِهِم، وَنَعُوذُ بِكَ مِنْ شُرُورِهِم»

Allāhumma innā naj`aluka fī nuḥūrihim wa-na`ūdhu bika min shurūrihim.

"O Allāh, tunay na kami ay naglalagay sa Iyo sa

---

[1] Abū Dāwud, 4/324, sa numero 5090; at Aḥmad, 5/42, sa numero 20430. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 3/959.

[2] At-Tirmidhīy, 5/529, sa numero 3505; at Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman dito si Adh-Dhahabīy, 1/505. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/168.

[3] Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, 2/87, sa numero 1525; at Imām Ibnu Mājah sa numero 3882. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/335.

mga leeg nila at nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga kasamaan nila."[1]

«اللَّهُمَّ أَنْتَ عَضُدِي، وَأَنْتَ نَصِيرِي، بِكَ أَحُولُ وَبِكَ أَصُولُ، وَبِكَ أُقاتِل»

Allāhumma anta `aḍudī wa-anta naṣīrī. Bika aḥūlu, wa-bika aṣūlu, wa-bika uqātil.

"O Allāh, Ikaw ay bisig ko at Ikaw ay mapag-adya ko. Sa pamamagitan Mo nagpapakana ako [sa kalaban], sa pamamagitan Mo lumulusob ako, at sa pamamagitan Mo nakikipaglaban ako."[2]

«حَسْبُنا اللَّهُ وَنِعْمَ الوَكِيل»

Ḥasbuna -llāhu wa-ni`ma -lwakīl.

"Kasapatan sa amin si Allāh at kay inam ang Pinananaligan."[3]

37. Ang Du`ā' ng Sinumang Nangamba sa Kawalang-katarungan ng Tagapamahala

«اللَّهُمَّ ربَّ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ، وَرَبَّ العَرْشِ العَظِيمِ، كُنْ لِي جَارًا مِنْ فُلَانِ بْنِ فُلَانٍ، وَأَحْزَابِهِ مِنْ خَلَائِقِكَ، أَنْ يَفْرُطَ عَلَيَّ أَحَدٌ مِنْهُمْ أَوْ يَطْغَى، عَزَّ جَارُكَ، وَجَلَّ ثَنَاؤُكَ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا أَنْت»

Allāhumma rabba -ssamāwāti -ssab`i wa-rabba -l`arshi -l`aḍīm, kun lī jāram min [banggitin ang

[1] Abū Dāwud, 2/89, sa numero 1537. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Ḥākim, at sinang-ayunan siya ni Adh-Dhahabīy, 2/142.

[2] Abū Dāwud, 3/42, sa numero 2632; at At-Tirmidhīy, 5/572, sa numero 3584. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/183.

[3] Al-Bukhārīy, 5/172, sa numero 4563.

pangalan ng tinutukoy] wa-aḥzābihi min khalā'iqika, an yafruṭa `alayya aḥadum minhum aw yaṭghā, `azza jāruka wa-jalla thanā'uka, wa-lā ilāha illā ant.

"O Allāh, Panginoon ng pitong langit at Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, maging tagakandili Ka para sa akin laban kay [banggitin ang pangalan ng tinutukoy] at sa mga lapian niya kabilang sa mga nilikha mo, na magmadali [sa pagparusa] sa akin ang isa sa kanila o magmalabis ito. Kamahal-mahalan ang pagkandili Mo at kapita-pitagan ang pagbubunyi sa Iyo. Walang Diyos kundi Ikaw."[1]

«اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَعَزُّ مِنْ خَلْقِهِ جَمِيعًا، اللَّهُ أَعَزُّ مِمَّا أَخَافُ وَأَحْذَرُ، أَعُوذُ بِاللَّهِ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ، المُمْسِكِ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ أَنْ يَقَعْنَ عَلَى الأَرْضِ إِلَّا بِإِذْنِهِ، مِنْ شَرِّ عَبْدِكَ فُلَانٍ، وَجُنُودِهِ وَأَتْبَاعِهِ وَأَشْيَاعِهِ، مِنَ الجِنِّ وَالإِنْسِ، اللَّهُمَّ كُنْ لِي جَارًا مِنْ شَرِّهِمْ، جَلَّ ثَنَاؤُكَ وَعَزَّ جَارُكَ، وَتَبَارَكَ اسْمُكَ، وَلَا إِلَهَ غَيْرُك»

Allāhu akbar. Allāhu a`azzu min khalqihi jamī`ā. Allāhu a`azzu mimmā akhāfu wa-aḥdhar. A`ūdhu bi-llāhi -lladhī lā ilāha illā huwa, almumsiku -ssamāwāti -ssab`i an yaqa`na `ala -l'arḍi illā bi-idhnihi, min sharri `abdika fulāni wa-junūdihi wa-atbā'ihi wa-ashyāihi mina -ljinni wa-l'ins. Allāhumma kun lī jāram min sharrihim, jalla thanā'uka wa-`azza jāruka, wa-tabāraka -smuka, wa-lā ilāha ghayruk.

"Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay

[1] Al-Bukhārīy sa Al-Adab Al-Mufrad sa numero 707. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Adab Al-Mufrad sa numero 545.

pinakamakapangyarihan kaysa sa nilikha Niya sa kalahatan. Si Allāh ay pinakamakapangyarihan kaysa sa anumang pinangangambahan ko at pinag-iingatan ko. Nagpapakupkop ako kay Allāh na walang Diyos kundi Siya, ang tagapigil ng pitong langit na bumagsak ang mga ito sa lupa malibang may pahintulot Niya. [Nagpapakupkop ako] laban sa kasamaan ng alipin Mong si Polano, mga kawal niya, mga tagasunod niya, at mga kakampi niya kabilang sa jinni at tao. O Allāh, maging tagakandili Ka para sa akin laban sa kasamaan nila. Kapita-pitagan ang pagbubunyi sa Iyo, kamahal-mahalan ang pagkandili Mo, at napakamapagpala ang pangalan Mo. Walang Diyos na iba pa sa Iyo."

(tatlong ulit)[1]

38. Ang Du`ā' Laban sa Kaaway

«اللَّهُمَّ مُنْزِلَ الكِتَابِ، سَرِيعَ الحِسَابِ، اهْزِمِ الأَحْزَابَ، اللَّهُمَّ اهزِمْهُمْ وَزَلْزِلْهُم»

Allāhumma munzila -lkitāb, sarī`a -lḥisāb, ihzimi -l'aḥzāb. Allāhumma -hzimhum wa-zalzilhum."

"O Allāh, ang tagapagbaba ng kasulatan, ang mabilis sa pagtutuos, gapihin Mo ang mga lapian. O Allāh gapihin Mo sila at yanigin Mo sila."[2]

---

[1] Al-Bukhārīy sa Al-Adab Al-Mufrad sa numero 708. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Adab Al-Mufrad sa numero 546.

[2] Muslim, 3/1362, sa numero 1742.

39. Ang Sasabihin ng Sinumang Nangangamba sa mga Tao

«اللَّهُمَّ اكْفِنِيهِمْ بِمَا شِئْت»

Allāhumma -kfinīhim bi-mā shi'ta.

"O Allāh, magtanggol Ka sa akin laban sa kanila sa pamamagitan ng anumang niloob Mo."[1]

40. Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Pag-aalangan sa Pananampalataya

Magpakupkop siya kay Allāh.[2] Magsasabi:

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyong kasumpa-sumpa."

Titigil hinggil sa anumang ipinag-aalangan.[3]

Magsasabi:

«آمَنْتُ بِاللَّهِ وَرُسُلِه»

Āmantu bi-llāhi wa-rusulih.

"Sumampalataya ako kay Allāh at sa mga sugo Niya."[4]

Bibigkasin ang sabi ni Allāh:

---

[1] Muslim, 4/2300, sa numero 3005.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/336, sa numero 3276; at Ṣaḥīḥ Muslim, 1/120, sa numero 134.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/336, sa numero 3276; at Ṣaḥīḥ Muslim, 1/120, sa numero 134.

[4] Muslim, 1/119-120, sa numero 134.

﴿هُوَ ٱلۡأَوَّلُ وَٱلۡأٓخِرُ وَٱلظَّٰهِرُ وَٱلۡبَاطِنُۖ وَهُوَ بِكُلِّ شَيۡءٍ عَلِيمٌ ٣﴾

{Siya ay ang Una at ang Huli, at ang Nakaiibabaw at ang Nakaiilalim. Siya sa bawat bagay ay Maalam.} (Qur'ān 57:3)[1]

41. Panalangin sa Pagbabayad ng Utang

«اللَّهُمَّ اكْفِنِي بِحَلَالِكَ عَنْ حَرَامِكَ، وَأَغْنِنِي بِفَضْلِكَ عَمَّنْ سِوَاك»

Allāhumma --kfinī bi-ḥalālika `an ḥarāmika, wa-aghninī bi-faḍlika `amman siwāk.

"O Allāh, magbigay-kasapatan Ka sa akin sa pamamagitan ng ipinahintulot Mo sa halip ng ipinagbawal Mo at magpayaman Ka sa akin sa pamamagitan ng kabutihang-loob Mo sa halip ng sinumang iba pa sa Iyo."[2]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الهَمِّ وَالحَزَنِ، وَالعَجْزِ وَالكَسَلِ، وَالبُخْلِ وَالجُبْنِ، وَضَلَعِ الدَّيْنِ وَغَلَبَةِ الرِّجَال»

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lhammi wa-lḥazani wa-l`ajzi wa-lkasali wa-lbukhli wa-ljubni, wa-ḍala`i -ddayni wa-ghalabati -rrijāl.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa alalahanin, kalungkutan, kawalang-kakayahan, katamaran, karamutan, karuwagan, bigat

[1] Abū Dāwud, 4/329, sa numero 5110. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 3/962.

[2] At-Tirmidhīy, 5/560, sa numero 3563; Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/180.

ng utang, at panggagapi ng mga tao."[1]

42. Ang Du`ā' sa Pag-aalangan sa Ṣalāh at Pagbigkas ng Qur'ān

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyong kasumpa-sumpa."

Dumura ka sa gawing kaliwa mo nang tatlong ulit.[2]

43. Ang Du`ā' ng Sinumang May Minamahirap sa Kanya na Isang Bagay

«اللَّهُمَّ لَا سَهْلَ إِلَّا مَا جَعَلْتَهُ سَهْلًا، وَأَنْتَ تَجْعَلُ الحَزْنَ إِذَا شِئْتَ سَهْلًا»

Allāhumma lā sahla illā mā ja`altahu sahlā, wa-anta taj`alu -lḥazna idhā shi'ta sahlā.

"O Allāh, walang madali kundi ang ginawa Mo na [maging] madali. Ikaw ay gumagawa ng lungkot, kapag niloob Mo, na [maging] madali."[3]

---

1 Al-Bukhārīy, 7/158, sa numero 2893. Nauna na ito sa p. 83, sa numero 121.

2 Muslim, 4/1729, sa numero 2203, mula sa ḥadīth ni `Uthmān bin Abī Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya). Nasaad dito: "Kaya ginawa ko iyon saka inalis iyon ni Allāh mula sa akin."

3 Nagsalaysay nito sina Ibnu Ḥibbān sa Ṣaḥīḥ niya sa numero 2427 (Mawārid) at Ibnu As-Sunnīy sa numero 351. Nagsabi naman si Al-Ḥāfiḍ: "Ito ay isang ḥadīth na tumpak." Sumang-ayon sa katumpakan nito si `Abdulqādir Al-Arnā'ūṭ sa Takhrīj Al-Adhkār ni An-Nawawīy, p. 106.

44. Ang Sasabihin at Gagawin ng Sinumang Nagkasala ng Isang Pagkakasala

"Walang anumang alipin na nagkakasala ng isang pagkakasala – saka nagpahusay siya ng pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos tumindig siya saka nagdasal siya ng dalawang rak`ah, pagkatapos humingi siya ng tawad kay Allāh – malibang magpapatawad si Allāh sa kanya."[1].

45. Ang Du`ā' ng Pagtataboy sa Demonyo at mga Pagpapasaring Nito

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

Ang paghiling ng pagkupkop ni Allāh laban sa Demonyo.[2]

Ang pagtawag ng Adhān.[3]

Ang pagsambit ng mga dhikr at ang pagbigkas ng Qur'ān.

"Huwag kayong gumawa sa mga bahay ninyo bilang mga libingan; tunay na ang demonyo ay lumalayo sa bahay na binibigkas doon ang

---

[1] Abū Dāwud, 2/86, sa numero 1521; at At-Tirmidhīy, 2/257, sa numero 406. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/283.

[2] Abū Dāwud, 1/203, sa numero; at Ibnu Mājah, 1/265, sa numero 807. Nauna na ang pagsasadokumento nito sa numero 31. Tingnan: Sūrah Al-Mu'minūn: 97-98.

[3] Muslim, 1/291, sa numero 389; at Al-Bukhārīy, 1/151, sa numero 608.

Kabanatang Al-Baqarah."[1]

Kabilang sa nagtataboy sa demonyo ang mga dhikr ng umaga at gabi, ng pagtulog at pagkagising, ang mga dhikr ng pagpasok sa tahanan at paglabas mula rito, ang mga dhikr ng pagpasok sa masjid at paglabas mula rito, at ang iba pa roon mula sa mga dhikr na isinasabatas, tulad ng pagbigkas ng Āyatulkursīy sa pagtulog, ng huling dalawang āyah mula sa Sūrah Al-Baqarah, at ng pagsabi ng:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."

Isang daang ulit nito, ito ay magiging isang panangga para sa kanya laban sa Demonyo sa buong araw niya.[2] Gayundin, ang pagtawag ng adhān ay nagtataboy sa demonyo.

46. Ang Du`ā' Kapag Nasadlak sa Hindi Ikinasisiya o Pinanaigan sa Nauukol sa Kanya

«قَدَرُ اللَّهُ وَمَا شَاءَ فَعَل»

[1] Nagsalaysay nito si Imām Muslim, 1/539, sa numero 780.

[2] Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy, 4/126, sa numero 3293.

Qaddara -llāhu wa-mā shā'a fa`al.

"Nagtakda si Allāh at ang anumang niloob Niya ay gagawin Niya."[1]

47. Ang Pagbati sa Pinagkalooban ng Anak at ang Pagtugon Nito

«بَارَكَ اللَّهُ لَكَ فِي المَوْهُوبِ لَكَ، وَشَكَرْتَ الوَاهِبَ، وَبَلَغَ أَشُدَّهُ، وَرُزِقْتَ بِرَّه»

Bāraka -llāhu laka fi -lmawhūbi lak, wa-shakarta -lwāhib, wa-balagha ashuddah, wa-ruziqta birrah.

"Magkaloob nawa ng pagpapala si Allāh sa iyo dahil sa ipinagkaloob sa iyo, magpasalamat ka nawa sa Tagapagkaloob, umabot nawa ito sa katindihan nito, at tustusan ka nawa ng pagsasamabuting-loob nito."[2]

Tutugon sa bumabati ang binabati sapagkat magsasabi:

«بَارَكَ اللَّهُ لَكَ وَبَارَكَ عَلَيْكَ، وَجَزَاكَ اللَّهُ خَيْرًا، وَرَزَقَكَ اللَّهُ مِثْلَهُ، وَأَجْزَلَ

---

[1] "Ang mananampalatayang malakas ay higit na mabuti at higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa mananampalatayang mahina. Sa bawat isa ay may kabutihan. Magsigasig ka sa nagpapakinabang sa iyo. Magpatulong ka kay Allāh at huwag kang panghinaan. Kung may tumama sa iyo na anuman ay huwag kang magsabi: 'Kung sakaling ako ay gumawa, talaga sanang naging ganito at ganito; subalit magsabi ka: 'Nagtakda si Allāh at ang anumang niloob Niya ay ginawa Niya,' sapagkat tunay na [ang katagang] 'kung sakali' ay nagbubukas sa gawain ng demonyo." Muslim, 4/2052, sa numero 2664.

[2] Nabanggit ito mula sa pananalita ni Al-Ḥasan Al-Baṣrīy. Tingnan: Tuḥfah Al-Mawdūd ni Ibnu Al-Qayyim, p. 20 at tinunton niya ito kay Ibnu Al-Mundhir sa Al-Awsaṭ.

«وَبَارَكَ

Bāraka -llāhu laka, wa-bāraka `alayka, wa-jazāka -llāhu khayrā, wa-razaqaka -llāhu mithlah, wa-ajzala thawābak.

"Magkaloob nawa ng pagpapala si Allāh sa iyo at magpanatili nawa Siya ng pagpapala sa iyo. Gumanti nawa sa iyo si Allāh ng mabuti. Magkaloob nawa sa iyo si Allāh ng tulad nito. Magpasagawa nawa Siya ng gantimpala mo."[1]

48. Ang Du`ā' sa Pagpapakupkop sa mga Bata kay Allāh

Ang Sugo ni Allāh noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay dumadalangin ng pagkupkop para kina Al-Ḥasan at Al-Ḥusayn (malugod si Allāh sa kanilang dalawa).

«أُعِيذُكُمَا بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّةِ مِنْ كُلِّ شَيْطَانٍ وَهَامَّةٍ، وَمِنْ كُلِّ عَيْنٍ لَامَّة»

U`īdhukumā bi-kalimāti -llāhi -ttāmmati min kulli shayṭānin wa-hāmmah, wa-min kulli `aynin lāmmah.

"Ipinakukupkop ko kayo sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa bawat demonyo at salot at laban sa bawat matang masama."[2]

---

[1] Sinabi ito ni An-Nawawīy sa Al-Adhkār, p. 349. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Adhkār ni An-Nawawīy, ni Salīm Al-Hilālī, 2/713; at ang kalubusan ng pagsasadokumento sa Adh-Dhikr wa Ad-Du`ā' wa Al-`Ilāj bi Ar-Ruqā ng may-akda, 1/416.

[2] Al-Bukhārīy, 4/119, sa numero 3371 mula sa ḥadīth ng Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa).

49. Ang Du`ā' Para sa Maysakit sa Pagdalaw sa Kanya

«لَا بأْسَ طَهُورٌ إِنْ شَاءَ اللَّه»

Lā ba'sa ṭahūrun in shā'a -llāh.

"Walang kapinsalaan, pandalisay [sa kasalanan] kung loloobin ni Allāh."[1]

«أَسْأَلُ اللَّهَ العَظِيمَ رَبَّ العَرْشِ العَظِيمِ أَنْ يَشْفيَك»

As'alu -llāha -l`aḍīma rabba -l`arshi -l`aḍīmi an yashfiyak.

"Humihiling ako kay Allāh, ang Sukdulan, ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, na magpagaling nawa Siya sa iyo."

(pitong ulit)[2]

50. Ang Kainaman ng Pagdalaw sa Maysakit

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag dumalaw ang lalaki sa kapwa niyang Muslim ay [para bagang] naglakad siya sa pamimitas sa Paraiso hanggang sa maupo siya. Kapag nakaupo siya, lilipusin siya ng awa. Kung iyon ay umaga, mananalangin ng basbas sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa gumabi. Kung

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 10/118, sa numero 3616.

[2] "Walang anumang lingkod na Muslim na dumadalaw sa isang maysakit, na hindi pa dumating ang taning nito, saka nagsasabi nang pitong ulit ... malibang paiigihin siya." Nagtala nito sina At-Tirmidhīy sa numero 2083 at Abū Dāwūd sa numero 3106. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 2/210; at Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 5/180.

iyon ay gabi, mananalangin ng basbas sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa mag-umaga."[1]

51. Ang Du`ā' ng Maysakit na Nawawalan ng Pag-asa sa Buhay Niya

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وَارْحَمْنِي، وَأَلْحِقْنِي بِالرَّفِيقِ الأَعْلَى»

Allāhumma -ghfir lī, wa-rḥamnī, wa-alḥiqnī bi-rrafīqi -l'a`lā.

"O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, at isama Mo ako sa Kataas-taasang Kasama."[2]

Nagawa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), sa sandali ng kamatayan niya, na magpasok ng mga kamay niya sa tubig saka magpahid ng mga ito sa mukha niya at magsabi:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّه»

Lā ilāha illa -llāh.

"Walang Diyos kundi si Allāh."

"Tunay na ang kamatayan ay may mga hapdi."[3]

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاللَّهُ أَكْبَرُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ

---

[1] Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy sa numero 969, Imām Ibnu Mājah sa numero 1442, at Imām Aḥmad sa numero 975. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/244; at Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/286. Sumang-ayon din sa katumpakan nito si Aḥmad Shākir.

[2] Al-Bukhārīy, 7/10, sa numero 4435; at Muslim, 4/1893, sa numero 2444.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 8/144, sa numero 4449); at nasaad sa ḥadīth ang pagkabanggit ng siwāk.

لَهُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّه»

Lā ilāha illa -llāhu wa-llāhu akbar. Lā ilāha illa -llāhu waḥdah. Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lā ilāha illa -llāh. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd. Lā ilāha illa -llāhu, wa-lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh.

"Walang Diyos kundi si Allāh at si Allāh ay pinakadakila. Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya. Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Walang Diyos kundi si Allāh. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Walang Diyos kundi si Allāh. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh."[1]

52. Ang Pagpapabigkas ng Shahādah sa Naghihingalo

Ang sinumang ang huling pananalita niya ay:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّه»

Lā ilāha illa -llāh.
"Walang Diyos kundi si Allāh,"
papasok siya sa Paraiso.[2]

---

[1] Nagtala nito sina Imām At-Tirmidhīy sa numero 3430 at Imām Ibnu Mājah sa numero 3794. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/152; at Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/317.

[2] Abū Dāwud, 3/190, sa numero 3116. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 5/432.

53. Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Isang Kasawian

«إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ، اللَّهُمَّ أْجُرْنِي فِي مُصِيبَتِي، وَأَخْلِفْ لِي خَيْرًا مِنْهَا»

Inna lillāhi wa-innā ilayhi rāji`ūn. Allāhumma -'jurnī fī muṣībatī wa-akhlif lī khayram minhā.

"Tunay na tayo ay kay Allāh at tunay na tayo ay sa Kanya magbabalik. O Allāh, pabuyaan Mo ako dahil sa kasawian ko at palitan Mo ako ng mainam kaysa rito."[1]

54. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagpapapikit sa Patay

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِفُلَانٍ (بِاسْمِهِ) وَارْفَعْ دَرَجَتَهُ فِي المَهْدِيِّينَ، وَاخْلُفْهُ فِي عَقِبِهِ فِي الغَابِرِينَ، وَاغْفِرْ لَنَا وَلَهُ يَا رَبَّ العَالَمِينَ، وَافْسَحْ لَهُ فِي قَبْرِهِ، وَنَوِّرْ لَهُ فِيه»

Allāhumma --ghfir li- (pangalan ng patay), wa-rfa` darajatahu fi -lmahdīyīn, wa-khlufhu fī `aqibihi fi --lghābirīn, wa-ghfir lanā wa-lahu, yā rabba -l`ālamīn, wa-fsaḥ lahu fī qabrihi, wa-nawwir lahu fīh.

"O Allāh, magpatawad ka kay (pangalan ng patay), mag-angat Ka ng antas niya sa mga pinatnubayan, maghalili Ka sa kanya sa supling niya sa mga natitirang buháy, magpatawad Ka sa amin at sa kanya, O Panginoon ng mga nilalang, magpaluwag Ka para sa kanya sa libingan niya, at magpaliwanag Ka para sa kanya sa loob niyon."[2]

---

[1] Muslim, 2/632, sa numero 918.

[2] Muslim, 2/634, sa numero 920.

55. Ang Du`ā' Para sa Patay sa Ṣalāh Para sa Kanya

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ، وَعَافِهِ، وَاعْفُ عَنْهُ، وَأَكْرِمْ نُزُلَهُ، وَوَسِّعْ مُدْخَلَهُ، وَاغْسِلْهُ بِالمَاءِ وَالثَّلْجِ وَالبَرَدِ، وَنَقِّهِ مِنَ الخَطَايَا كَمَا نَقَّيْتَ الثَّوْبَ الأَبْيَضَ مِنَ الدَّنَسِ، وَأَبْدِلْهُ دَارًا خَيْرًا مِنْ دَارِهِ، وَأَهْلاً خَيْرًا مِنْ أَهْلِهِ، وَزَوْجًا خَيْرًا مِنْ زَوْجِهِ، وَأَدْخِلْهُ الجَنَّةَ، وَأَعِذْهُ مِنْ عَذَابِ القَبْرِ [وَعَذَابِ النَّارِ]»

Allāhumma -ghfir la-HU wa-rḥam-HU, wa-`āfi-HI, wa-`fu `an-HU, wa-akrim nuzula-HU, wa-wassi` mudkhala-HU, wa-ghsil-HU bi-lmā'i wa-ththalji wa-lbarad, wa-naqqi-HI mina -lkhaṭāyā kamā naqqayta -ththawba -l'abyaḍa mina -ddanas, wa-abdil-HU dāran khayram min dāri-HI, wa-ahlan khayram min ahli-HI, wa-zawjan khayram min zawji-HI, wa-adkhil-HU -ljannah, wa-a`idh-HU min `adhābi -lqabri [wa-`adhābi -nnār].

"O Allāh, magpatawad Ka sa KANYA; maawa Ka sa KANYA; mangalaga Ka sa KANYA; magpaumanhin Ka sa KANYA; magpaalwan Ka sa pagpapatuloy sa KANYA; magpaluwag Ka sa libingan NIYA; maghugas Ka sa KANYA sa pamamagitan ng tubig, yelo, at niyebe; maglinis Ka sa KANYA mula sa mga kamalian gaya ng paglinis Mo sa puting damit mula sa karumihan; magbigay Ka sa KANYA ng tahanang higit na mainam kaysa sa tahanan NIYA, ng mag-anak na higit na mainam kaysa sa mag-anak NIYA, at ng asawang higit na mainam kaysa sa asawa NIYA; magpapasok Ka sa KANYA sa Paraiso; at magkupkop

Ka sa KANYA laban sa pagdurusa sa libingan [at pagdurusa sa Impiyerno]."[1]

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِحَيِّنَا وَمَيِّتِنَا، وَشَاهِدِنَا وَغَائِبِنَا، وَصَغِيرِنَا وَكَبِيرِنَا، وَذَكَرِنَا وَأُنْثَانَا، اللَّهُمَّ مَنْ أَحْيَيْتَهُ مِنَّا فَأَحْيِهِ عَلَى الإِسْلَامِ، وَمَنْ تَوَفَّيْتَهُ مِنَّا فَتَوَفَّهُ عَلَى الإِيمَانِ، اللَّهُمَّ لَا تَحْرِمْنَا أَجْرَهُ، وَلَا تُضِلَّنَا بَعْدَه»

Allāhumma -ghfir li-ḥayyinā wa-mayyitinā, wa-shāhidinā wa-ghā'ibinā, wa-ṣaghīrinā wa-kabīrinā, wa-dhakarinā wa-unthānā. Allāhumma man aḥyaytahu minnā fa-aḥyihi `ala -l'islām, wa-man tawaffaytahu minnā fa-tawwaffahu `ala -l'īmān. Allāhumma lā taḥrimnā ajrahu, wa-lā tuḍillanā ba`dah.

"O Allāh, magpatawad Ka sa buhay namin at patay namin, sa nakadalo namin at nakaliban namin, sa nakababata namin at nakatatanda namin, sa lalaki namin at babae namin. O Allāh, ang sinumang binigyang-buhay Mo sa amin ay magbigay-buhay Ka sa kanya sa Islām at ang sinumang binigyang-kamatayan Mo sa amin ay magbigay-kamatayan Ka sa kanya sa Pananampalataya. O Allāh, huwag Kang magkait sa amin ng pabuya sa kanya at huwag Kang magpaligaw sa amin matapos niya."[2]

«اللَّهُمَّ إِنَّ فُلَانَ بْنَ فُلَانٍ فِي ذِمَّتِكَ، وَحَبْلِ جِوَارِكَ، فَقِهِ مِنْ فِتْنَةِ القَبْرِ، وَعَذَابِ

---

[1] Muslim, 2/663, sa numero 963.

[2] Abū Dāwud sa numero 3201; At-Tirmidhīy sa numero 1024; An-Nasā'īy sa numero 1985; Ibnu Mājah, 1/480, sa numero 1498; at Aḥmad, 2/368, sa numero 8809. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/251.

النَّارِ، وَأَنْتَ أَهْلُ الوَفَاءِ وَالحَقِّ، فَاغْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ إِنَّكَ أَنْتَ الغَفُورُ الرَّحِيم»

Allāhumma inna (pangalan ng patay) -bna/bint (pangalan ng ama nito) fī dhimmatika wa-ḥabli jiwārika, fa-qihi min fitnati -lqabri wa-`adhābi -nnār, wa-anta ahlu -lwafā'i wa-lḥaqq, fa-ghfir lahu wa-rḥamhu innaka anta -lghafūru -rraḥīm.

"O Allāh, tunay na si (pangalan ng patay) na anak ni (pangalan ng ama nito) ay nasa pangangalaga Mo at nasa lubid ng pagkandili Mo kaya ipagsanggalang Mo siya sa sigalot sa libingan at pagdurusa sa Apoy. Ikaw ay ang nagtataglay ng pagtupad at katotohanan. Kaya patawarin Mo siya, kaawaan Mo siya; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain."[1]

«اللَّهُمَّ عَبْدُكَ وَابْنُ أَمَتِكَ احْتَاجَ إِلَى رَحْمَتِكَ، وَأَنْتَ غَنِيٌّ عَنْ عَذَابِهِ، إِنْ كَانَ مُحْسِنًا فَزِدْ فِي حَسَنَاتِهِ، وَإِنْ كَانَ مُسِيئًا فَتَجَاوَزْ عَنْه»

Allāhumma, `abduka wa-bnu amatika -ḥtāja ilā raḥmatika wa-anta ghanīyun `an `adhābih. In kāna muḥsinan, fa-zid fī ḥasanāti-HI; wa-in kāna musī'an, fa-tajāwaz `anhu.

"O Allāh, ang alipin Mo at anak ng babaing alipin Mo ay nangailangan sa awa Mo gayong Ikaw ay walang-pangangailangan sa pagdulot ng pagdurusa sa kanya. Kung siya ay naging tagagawa ng maganda, magdagdag Ka sa [gantimpala sa] mga magandang

[1] Nagtala nito si Imām Ibnu Mājah sa numero 1499. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/251. Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud, 3/211, sa numero 3202.

gawa niya; kung siya naman ay naging tagagawa ng masagwa, magpalampas Ka sa kanya."[1]

56. Ang Du`ā' Para sa Namatay na Bata sa Ṣalāh Para sa Kanya

«اللَّهُمَّ أَعِذْهُ مِنْ عَذَابِ القَبْرِ»

Allāhumma a`idh-HU min `adhābi -lqabr.

"O Allāh, kupkupin Mo siya laban sa pagdurusa sa libingan."[2]

Kung magsasabi siya:

«اللَّهُمَّ اجْعَلْهُ فَرَطًا وَذُخْرًا لِوَالِدَيْهِ، وَشَفِيعًا مُجَابًا، اللَّهُمَّ ثَقِّلْ بِهِ مَوَازِينَهُمَا، وَأَعْظِمْ بِهِ أُجورَهُمَا، وَأَلْحِقْهُ بِصَالِحِ المُؤْمِنِينَ، وَاجْعَلْهُ فِي كَفَالَةِ إِبْرَاهِيمَ، وَقِهِ بِرَحْمَتِكَ عَذَابَ الجَحِيمِ، وَأَبْدِلْهُ دَارًا خَيْرًا مِنْ دَارِهِ، وَأَهْلًا خَيْرًا مِنْ أَهْلِهِ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِأَسْلَافِنَا، وَأَفْرَاطِنَا، وَمَنْ سَبَقَنَا بِالإِيمَانِ»

Allāhumma -j`al-HU faraṭan wa-dhukran li-wāliday-HI, wa-shafī`an mujābā. Allāhumma thaqqil bi-HI mawāzīnahumā, wa-a`ḍim bi-HI ujūrahumā,

---

[1] Nagtala nito si Imām Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy, 1/359. Tingnan: Aḥkām Al-Janā'iz ni Al-Albānīy, p. 125.

[2] Nagsabi si Sa`īd bin Al-Musayyib: "Nagdasal ako sa likuran ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) para sa isang batang lalaking hindi nakagawa ng kasalanan kailanman, saka nakarinig ako sa kanya na nagsasabi ..." Bahagi ng ḥadīth. Nagtala nito sina Mālik sa Al-Muwaṭṭa', 1/288; Ibnu Abī Shaybah sa Al-Muṣannaf, 3/217; at Al-Bayhaqīy, 4/9. Sumang-ayon sa katumpakan ng isnād nito si Shu`ayb Al-Arnā'ūṭ sa pagsisiyasat niya sa Sharḥ As-Sunnah ni Al-Baghawīy, 5/357.

wa-alḥiq-HU bi-ṣāliḥi -lmu'minīn, wa-j`al-HU fī kafālati Ibrāhīm, wa-qi-HI bi-raḥmatika `adhāba -ljahīm, wa-abdil-HU dāran khayran min dāri-HI, wa-ahlan khayran min ahli-HI. Allāhumma -ghfir li-aslāfinā, wa-afrāṭinā, wa-man sabaqanā bi-l'imān.

"O Allāh, gawin Mo siya bilang isang paunang gantimpala at isang laang yaman para sa mga magulang niya, at isang mapagpamagitan na sasagutin. O Allāh, pabigatin Mo dahil sa kanya ang mga timbangan [ng mga gawang maayos] nilang dalawa, pasukdulin Mo dahil sa kanya ang mga pabuya sa kanilang dalawa, isama Mo siya sa matuwid na mga mananampalataya, ilagay Mo siya sa pag-aaruga ni Abraham, at isanggalang Mo siya sa pamamagitan ng awa Mo laban sa pagdurusa sa Impiyerno, at magpalit Ka sa kanya ng isang tahanang higit na mabuti kaysa sa tahanan niya at ng isang mag-anak na higit na mabuti kaysa sa mag-anak niya. O Allāh, magpatawad Ka sa mga sinundan namin, sa mga namatay na batang anak namin, at sa sinumang nakauna sa amin sa pananampalataya."

maganda rin naman.[1]

«اللَّهُمَّ اجْعَلْهُ لَنَا فَرَطًا، وَسَلَفًا، وَأَجْرًا»

Allāhumma j`al-HU lanā faraṭan wa-salafan wa-ajrā.

[1] Tingnan: Al-Mughnī ni Ibnu Al-Qudāmah, 3/416; at Ad-Durūs Al-Muhimmah li `Āmmah Al-Ummah ni Shaykh `Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz (kaawaan siya ni Allāh), p. 15.

"O Allāh, gawin Mo siya para sa amin bilang isang paunang gantimpala, isang paunang bayad, at isang pabuya."[1]

57. Ang Du`ā' ng Pakikiramay

«إِنَّ للَّهِ مَا أَخَذَ، وَلَهُ مَا أَعْطَى، وَكُلُّ شَيْءٍ عِنْدَهُ بِأَجَلٍ مُسَمًّى... فَلْتَصْبِرْ وَلْتَحْتَسِب»

Inna lillāhi mā akhadha wa-lahu mā a`ṭā, wa-kullu shay'in `indahu bi-ajalim musammā, fa-ltaṣbir wa-ltaḥtasib.

"Tunay na kay Allāh ang kinuha Niya at Kanya ang ibinigay Niya. Bawat bagay sa ganang Kanya ay may takdang taning ... kaya magtiis ka at umasa kang gantimpalaan."[2]

Kung magsasabi:

«أَعْظَمَ اللَّهُ أَجْرَكَ، وَأَحْسَنَ عَزَاءَكَ، وَغَفَرَ لِمَيِّتِك»

A`ḍama -llāhu ajrak, wa-aḥsana `azā'ak, wa-ghafara li-mayyitik.

"Magpabigat nawa si Allāh ng pabuya sa iyo, magpaganda nawa Siya ng pag-alo sa iyo, at

---

[1] "Si Al-Ḥasan noon ay bumibigkas sa bata ng Fātiḥah ng Qur'ān at nagsasabi ..." Bahagi ng ḥadīth. Nagtala nito sina Imām Al-Baghawīy sa Sharḥ As-Sunnah, 5/357); at `Abdurrazzāq sa numero 6588. Nagsagawa naman ng ta`līq si Imām Al-Bukhārīy sa Kitāb Al-Janā'iz, 65, Bāb Qirā'ah Fātiḥah Al-Kitāb `Alā Al-Janāzah, 2/113, bago ng ḥadīth numero 1335.

[2] Al-Bukhārīy, 2/80, sa numero 1284; at Muslim, 2/636, sa numero 923.

magpatawad nawa Siya sa patay mo."

maganda naman.[1]

58. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagpapasok sa Patay sa Libingan

«بِسْمِ اللَّهِ وَعَلَى سُنَّةِ رَسُولِ اللَّه»

Bismi -llāhi wa-`alā sunnati rasūli --llāh.

"Sa ngalan ni Allāh at batay sa Sunnah ng Sugo ni Allāh."[2]

59. Ang Du`ā' Matapos ang Paglilibing sa Patay

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُ، اللَّهُمَّ ثَبِّتْه»

Allāhumma -ghfir la-HU. Allāhumma thabbit-HU.

"O Allāh, magpatawad Ka sa kanya. O Allāh magpatatag Ka sa kanya."[3]

---

[1] Al-Adhkār ni An-Nawawīy, p. 126.

[2] Abū Dāwud, 3/314, sa numero 3215 na may tumpak na sanad; at Aḥmad sa numero 5234 at numero 4812 na may pananalitang: "Sa ngalan ni Allāh at batay sa kapaniwalaan ng Sugo ni Allāh." Ang sanad nito ay tumpak.

[3] Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nakatapos siya sa paglilibing ng patay, ay tumitindig sa tabi nito at nagsasabi: "Humingi kayo ng tawad para sa kapatid ninyo at humiling kayo para sa kanya ng pagpapatatag sapagkat tunay na siya ngayon ay tinatanong." Abū Dāwud, 3/315, sa numero 3223). Si Al-Ḥākim ay sumang-ayon sa katumpakan nito, nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy, 1/370.

60. Ang Du`ā' sa Pagdalaw sa mga Libingan

«السَّلَامُ عَلَيْكُمْ أَهْلَ الدِّيَارِ، مِنَ المُؤْمِنِينَ وَالمُسْلِمِينَ، وَإِنَّا إِنْ شَاءَ اللَّهُ بِكُمْ لَاحِقُونَ، [وَيَرْحَمُ اللَّهُ المُسْتَقدِمِينَ مِنَّا وَالمُسْتأْخِرِينَ] أَسْأَلُ اللَّهَ لَنَا وَلَكُمُ العَافِيَة»

Assalāmu `alaykum ahla -ddiyār mina -lmu'minīn wa-lmuslimīn; wa-innā in shā'a -llāhu bikum lāḥiqūn; [wa-yarḥamu -llāhu -lmustaqdimīna minnā wa-lmusta'khirīn]. As'alu -llāha lanā wa-lakumu -l`āfiyah.

"Ang kapayapaan ay sumainyo, O mga nakahimlay sa mga libingan, mula sa mga mananampalataya at mga Muslim. Tunay na kami, kung niloob ni Allāh, sa inyo ay mga susunod. [Kaawaan nawa ni Allāh ang mga nauna sa atin at ang mga mahuhuli.] Humihiling ako kay Allāh para sa amin at para sa inyo ng kaigihan."[1]

61. Ang Du`ā' Kapag Umihip ang Hangin

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا»

Allāhumma innī as'aluka khayrahā, wa-a`ūdhu bika min sharrihā.

"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng kabutihan nito at nagpapakupkop sa Iyo laban sa

[1] Muslim, 2/671, sa numero 975; at Ibnu Mājah, 1/494, na ang pananalita ay batay sa kanya sa numero 1547, ayon kay Buraydah (malugod si Allāh sa kanya). Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay mula sa ḥadīth ni `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) sa ganang kay Imām Muslim, 2/671, sa numero 975.

kasamaan nito."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا، وَخَيْرَ مَا فِيهَا، وَخَيْرَ مَا أُرْسِلَتْ بِهِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا، وَشَرِّ مَا فِيهَا، وَشَرِّ مَا أُرْسِلَتْ بِهِ»

Allāhumma innī as'aluka khayrahā, wa-khayra mā fīhā, wa-khayra mā ursilat bihi, wa-a`ūdhu bika min sharrihā, wa-sharri mā fīhā, wa-sharri mā ursilat bih.

"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng kabutihan nito, kabutihan ng nasa loob nito, at kabutihan ng bagay na ipinadala kalakip nito; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan nito, kasamaan ng nasa loob nito, at kasamaan ng bagay na ipinadala kalakip nito."[2].

62. Ang Du`ā' sa Pagkulog

«سُبْحَانَ الَّذِي يُسَبِّحُ الرَّعْدُ بِحَمْدِهِ وَالمَلَائِكَةُ مِنْ خِيفَتِهِ»

Subḥāna -lladhī yusabbiḥu -rra`du bi-ḥamdihi wa-lmalā'ikatu min khīfatihi.

"Kaluwalhatian sa Kanya na nagluluwalhati ang kulog kalakip ng papuri sa Kanya at ang mga anghel dahil sa pangamba sa Kanya."[3]

---

1 Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, 4/326, sa numero 5099; at Imām Ibnu Mājah, 2/1228, sa numero 3727. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibnu Mājah, 2/305.

2 Nagtala nito sina Imām Muslim; na ang pananalita ay batay sa kanya, 2/666, sa numero 899; at Imām Al-Bukhārīy, 4/76, sa numero 3206 at 4829.

3 Si `Abdullāh bin Az-Zubayr noon (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), kapag nakaririnig siya ng kulog, ay tumitigil sa

63. Ilan sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Ulan

«اللَّهُمَّ اسْقِنَا غَيْثًا مُغِيثًا مَرِيئًا مَرِيعًا، نَافِعًا غَيْرَ ضَارٍّ، عَاجِلًا غَيْرَ آجِلٍ»

Allāhumma asqinā ghaytham mughītham marī'am marī`an nāfi`an ghayra ḍārrin `ājilan ghayra ājil.

"O Allāh, magpatubig Ka sa amin ng isang ulan, na tagasaklolo, na kasiya-siya, na mabunga, na tagapagpakinabang, na hindi tagapinsala, sa madalian hindi sa matagalan."[1]

«اللَّهُمَّ أَغِثْنَا، اللَّهُمَّ أَغِثْنَا، اللَّهُمَّ أَغِثْنَا»

Allāhumma aghithnā, Allāhumma aghithnā, Allāhumma aghithnā.

"O Allāh, saklolohan Mo kami; O Allāh, saklolohan Mo kami; O Allāh, saklolohan Mo kami."[2]

«اللَّهُمَّ اسْقِ عِبَادَكَ، وَبَهَائِمَكَ، وَانْشُرْ رَحْمَتَكَ، وَأَحْيِ بَلَدَكَ المَيِّت»

Allāhumma -sqi `ibādaka wa-bahā'imaka, wa-nshur raḥmataka, wa-aḥyi baladaka -lmayyit.

"O Allāh, painumin Mo ang mga lingkod Mo at ang mga hayop Mo, ipalaganap Mo ang awa Mo, at buhayin

---

pagsasalita at nagsasabi: ... Bahagi ng ḥadīth, Al-Muwaṭṭa', 2/992. Nagsabi si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Kalim Aṭ-Ṭayyib, 157: "Tumpak ang isnād bilang mawqūf."

[1] Abū Dāwud, 1/303, sa numero 1171. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/216.

[2] Al-Bukhārīy, 1/224, sa numero 1014; at Muslim, 2/613, sa numero 897.

Mo ang bayan Mong patay."[1]

64. Ang Du`ā' Kapag Bumuhos ang Ulan

«اللَّهُمَّ صَيِّبًا نَافِعًا»

Allāhumma ṣayyiban nāfi`ā.

"O Allāh, bilang isang ulan na tagapagpakinabang."[2]

65. Ang Du`ā' Matapos ang Pagbuhos ng Ulan

«مُطِرْنَا بِفَضْلِ اللَّهِ وَرَحْمَتِه»

Muṭirnā bi-faḍli -llāhi wa-raḥmatihi.

"Inulan tayo dahil sa kabutihang-loob ni Allāh at awa Niya."[3]

66. Isa sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Pagtila ng Ulan

«اللَّهُمَّ حَوَالَيْنَا وَلَا عَلَيْنَا، اللَّهُمَّ عَلَى الآكَامِ وَالظِّرَابِ، وَبُطُونِ الأَوْدِيَةِ، وَمَنَابِتِ الشَّجَر»

Allāhumma ḥawālaynā wa-lā `alaynā; Allāhumma `ala -l'ākāmi wa-ḍḍirābi, wa-buṭūni -l'awdiyati, wa-manābiti -shshajar.

---

[1] Abū Dāwud, 1/305, sa numero 1178. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/218.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 2/518, sa numero 1032.

[3] Al-Bukhārīy, 1/205, sa numero 846; at Muslim, 1/83, sa numero 71.

"O Allāh, [magpaulan Ka] sa mga palibot namin at hindi laban sa amin; O Allāh sa mga burol, mga talampas, at mga kaloob-looban ng mga lambak, at mga tinutubuan ng punong-kahoy."[1]

67. Ang Du`ā' sa Pagkakita ng Bagong Buwan

«اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُمَّ أَهِلَّهُ عَلَيْنَا بِالأَمْنِ وَالإِيمَانِ، وَالسَّلَامَةِ وَالإِسْلَامِ، وَالتَّوْفِيقِ لِمَا تُحِبُّ رَبَّنَا وَتَرْضَى، رَبُّنَا وَرَبُّكَ اللَّه»

Allāhu akbar. Allāhumma ahillahu `alaynā bi-l'amni, wa-l'īmāni, wa-ssalāmati, wa-l'islām, wa-ttawfīqi li-mā tuḥibbu, rabbanā, wa-tarḍā. Rabbunā wa-rabbuka --llāh.

"Si Allāh ay pinakadakila. O Allāh, palitawin Mo itong [buwan] sa ibabaw namin sa katiwasayan, pananampalataya, kaligtasan, Islām, at pagtutuon sa anumang iniibig Mo, Panginoon namin, at kinalulugdan Mo. Ang Panginoon namin at ang Panginoon mo ay si Allāh."[2]

68. Ang Du`ā' sa Sandali ng Iftār

«ذَهَبَ الظَّمَأُ وَابْتَلَّتِ العُرُوقُ، وَثَبَتَ الأَجْرُ إِنْ شَاءَ اللَّه»

Dhahaba -ḍḍama'u wa-btallati -l`urūqu wa-thabata -l'ajru in shā'a llāh.

---

[1] Al-Bukhārīy, 1/224, sa numero 933; at Muslim, 2/614, sa numero 897.

[2] At-Tirmidhīy, 5/504, sa numero 3451; at Ad-Dārimīy sa pananalita nito, 1/336. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/157.

"Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga ugat, at napagtibay ang pabuya, kung niloob ni Allāh."[1]

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ بِرَحْمَتِكَ الَّتِي وَسِعَتْ كُلَّ شَيْءٍ أَنْ تَغْفِرَ لِي»

Allāhumma innī as'aluka bi-raḥmatika -llatī wasi`at kulla shay'in an taghfira lī.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling, sa pamamagitan ng awa Mo na sumaklaw sa bawat bagay, na magpatawad Ka sa akin"[2]

69. Ang Du`ā' Bago Kumain

Kapag kakain ang isa sa inyo ng isang pagkain, magsabi siya:

«بِسْمِ اللَّه»

Bismi -llāh.

"Sa ngalan ni Allāh."

Kung nakalimot naman siya sa simula nito, magsabi siya:

«بِسْمِ اللَّهِ فِي أَوَّلِهِ وَآخِرِه»

Bismi -llāhi fī awwalihi wa-ākhirih.

"Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa katapusan

---

[1] Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, 2/306, sa numero 2359; at ang iba pa sa kanya. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 4/209.

[2] Nagtala nito si Imām Ibnu Mājah, 1/557, sa numero 1753 mula sa du`ā' ni `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa). Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Ḥāfiḍ sa Takhrīj Al-Adhkār. Tingnan: Sharḥ Al-Adhkār, 4/342.

nito."[1]

Ang sinumang pinakain ni Allāh ng pagkain, magsabi siya:

«اللَّهُمَّ بَارِكْ لَنَا فِيهِ وَأَطْعِمْنَا خَيْرًا مِنْه»

Allāhumma bārik lanā fīhi wa-aṭ`imnā khayram minhu.

"O Allāh, pagpalain Mo kami rito at pakainin Mo kami ng mabuti mula rito."

Ang sinumang pinainom ni Allāh ng gatas, magsabi siya:

«اللَّهُمَّ بَارِكْ لَنَا فِيهِ وَزِدْنَا مِنْه»

Allāhumma bārik lanā fīhi wa-zidnā minhu.

"O Allāh, pagpalain Mo kami rito at dagdagan Mo kami mula rito."[2]

70. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagkatapos sa Pagkain

«الحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي أَطْعَمَنِي هَذَا، وَرَزَقَنِيهِ، مِنْ غَيْرِ حَوْلٍ مِنِّي وَلَا قُوَّة»

Alḥamdu lillāhi -lladhī aṭ`amanī hādhā, wa-razaqanīhi min ghayri ḥawlim minnī wa-lā qūwah.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nito nang walang

---

[1] Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud, 3/347, sa numero 3767; at Imām At-Tirmidhīy, 4/288, sa numero 1858. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 2/167.

[2] At-Tirmidhīy, 5/506, sa numero 3455. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/158.

kapangyarihan mula sa akin ni lakas."[1]

«الْحَمْدُ لِلَّهِ حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ، غَيْرَ [مَكْفِيٍّ وَلَا] مُوَدَّعٍ، وَلَا مُسْتَغْنًى عَنْهُ رَبَّنَا»

Alḥamdu lillāhi ḥamdan kathīran ṭayyibam mubārakan fīhi, ghayra [makfīyin wa-lā] muwadda`in, wa-lā mustaghnan `anhu rabbanā.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh sa isang papuring marami, kaaya-aya, pinagpapala na hindi [matutumbasan, hindi] maiiwan, at hindi maiwawalan ng pangangailangan dito sa Panginoon natin."[2]

71. Ang Du`ā' ng Panauhin sa May-ari ng Pagkain

«اللَّهُمَّ بَارِكْ لَهُمْ فِيمَا رَزَقْتَهُم، وَاغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُم»

Allāhumma bārik lahum fīmā razaqtahum wa-ghfir lahum wa-rḥamhum.

"O Allāh, pagpalain Mo sila sa anumang itinustos Mo sa kanila, patawarin Mo sila, at kaawaan Mo sila."[3]

---

[1] Nagtala nito ang mga may-akda ng Sunan, maliban si Imām An-Nasā'īy: sina Imām Abū Dāwud sa numero 4025, Imām At-Tirmidhīy sa numero 3458, at Imām Ibnu Mājah sa numero 3285. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/159.

[2] Al-Bukhārīy, 6/214, sa numero 5458; at At-Tirmidhīy ayon sa pananalita niya, 5/507, sa numero 3456.

[3] Muslim, 3/1615, sa numero 2042.

72. Ang Pagpapahiwatig ng Du`ā' Para sa Pagpapakain o Pagpapa-inom

«اللَّهُمَّ أَطْعِمْ مَنْ أَطْعَمَنِي، وَاسْقِ مَنْ سَقَانِي»

Allāhumma aṭ`im man aṭ`amanī wa-sqi man saqānī.

"O Allāh, pakainin Mo ang sinumang nagpakain sa akin at painumin Mo ang sinumang nagpainom sa akin."[1]

73. Ang Du`ā' Kapag Nagsagawa ng Ifṭār sa Piling ng Isang Mag-anak

«أَفْطَرَ عِنْدَكُمُ الصَّائِمُونَ، وَأَكَلَ طَعَامَكُمُ الأَبْرَارُ، وَصَلَّتْ عَلَيْكُمُ المَلَائِكَةُ»

Afṭara `indakumu -ṣṣā'imūna wa-akala ṭa`āmakumu -l'abrāru wa-ṣallat `alaykumu -lmalā'ikah.

"Tumigil-ayuno sa piling ninyo ang mga tagapag-ayuno, kumain ng pagkain ninyo ang mga mabuting-loob, at dumalangin ng basbas sa inyo ang mga anghel."[2]

---

[1] Muslim, 3/1626, sa numero 2055.

[2] Sunan Abī Dāwud, 3/367, sa numero 3856; Ibnu Mājah, 1/556, sa numero 1747; at An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 296-298. Nagsaad ito na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi nito kapag siya ay tumigil-ayuno sa piling ng isang sambahayan. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 2/730.

74. Ang Du`ā' ng Tagapag-ayuno Kapag Nakahanda ang Pagkain at Hindi Kumain

Kapag inanyayahan ang isa sa inyo [sa pagkain], tumugon siya. Kung siya ay nag-aayuno, magdasal siya [para sa nag-anyaya]. Kung siya ay hindi nag-aayuno, kumain siya.[1]

Ang kahulugan ng magdasal siya ay manalangin siya.

75. Ang Sasabihin ng Nag-aayuno Kapag Inalipusta Siya

"Tunay na ako ay nag-aayuno; tunay na ako ay nag-aayuno."[2]

76. Ang Du`ā' Pagkakita ng Unang Bunga ng Datiles

«اللَّهُمَّ بَارِكْ لَنَا فِي ثَمَرِنَا، وَبَارِكْ لَنَا فِي مَدِينَتِنَا، وَبَارِكْ لَنَا فِي صَاعِنَا، وَبَارِكْ لَنَا فِي مُدِّنَا»

Allāhumma bārik lanā fī thamarinā, wa-bārik lanā fī madīnatinā, wa-bārik lanā fī ṣā`inā, wa-bārik lanā fī muddinā.

"O Allāh, pagpalain Mo kami sa bunga namin, pagpalain Mo kami sa lungsod namin, pagpalain Mo kami sa gatang namin, at pagpalain Mo kami sa salop

---

1 Muslim, 2/1054, sa numero 1150.

2 Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 4/103, sa numero 1894; at Muslim, 2/806, sa numero (1151).

namin."[1]

77. Ang Du`ā' sa Pagbahin

Kapag bumahin ang isa sa inyo, sabihin niya:

«الحَمْدُ لِلَّه»

Alḥamdu lillāh.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh."

at sabihin naman sa kanya ng kapatid niya o kasamahan niya:

«يَرْحَمُكَ اللَّه»

Yarḥamuka -llāh.

'Kaawaan ka ni Allāh."

Kaya kapag nagsabi ito sa kanya ng: "Yarḥamuka -llāh (Kaawaan ka ni Allāh)," sabihin naman niya:

«يَهْدِيكُمُ اللَّهُ وَيُصْلِحُ بَالَكُم»

Yahdīkumu -llāhu wa-yuṣliḥu bālakum.

"Patnubayan kayo ni Allāh at isaayos Niya ang lagay ninyo."[2]

78. Ang Sasabihin sa Kāfir Kapag Bumahin Siya at Nagpuri

«يَهْدِيكُمُ اللَّهُ وَيُصْلِحُ بَالَكُم»

Yahdīkumu -llāhu wa-yuṣliḥu bālakum.

"Patnubayan kayo ni Allāh at isaayos Niya ang

[1] Muslim, 2/1000, sa numero 1373.

[2] Al-Bukhārīy, 7/125, sa numero 5870.

lagay ninyo."[1]

79. Ang Du`ā' sa Bagong Kasal

«بَارَكَ اللَّهُ لَكَ، وَبَارَكَ عَلَيْكَ، وَجَمَعَ بَيْنَكُمَا فِي خَيْرٍ»

Bāraka -llāhu laka, wa-bāraka `alayka, wa-jama`a baynakumā fī khayr.

"Magkaloob nawa ng pagpapala si Allāh sa iyo, magpanatili nawa Siya ng pagpapala sa iyo, at magbuklod nawa Siya sa inyong dalawa sa kabutihan."[2]

80. Ang Du`ā' ng Magpapakasal at sa Pagbili ng Hayop

Kapag magpapakasal ang isa sa inyo sa isang babae o kapag kukuha ng isang utusan, sabihin niya:

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ خَيْرَهَا، وَخَيْرَ مَا جَبَلْتَهَا عَلَيْهِ، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا، وَشَرِّ مَا جَبَلْتَهَا عَلَيْه»

Allāhumma innī as'aluka khayrahā wa-khayra mā jabaltahā `alayhi, wa-a`ūdhu bika min sharrihā wa-sharri mā jabaltahā `alayhi.

"O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng

---

[1] At-Tirmidhīy, 5/82, sa numero 2741; at Aḥmad, 4/400, sa numero 19586; at Abū Dāwud, 4/308, sa numero 5040. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 2/354.

[2] Nagtala nito ang mga may-akda ng Sunan, maliban si Imām An-Nasā'īy: sina Imām Abū Dāwud sa numero 2130, Imām At-Tirmidhīy sa numero 1091, Imām Ibnu Mājah sa numero 1905, at Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 259. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 1/316.

kabutihan nito at kabutihan ng isinakalikasan Mo rito; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan nito at sa kasamaan ng isinakalikasan Mo rito."

Kapag bumili siya ng isang kamelyo, humawak siya sa umbok nito at magsabi siya ng tulad niyon.[1]

81. Ang Du`ā' Bago Makipagtalik sa Maybahay

«بِسْمِ اللَّهِ، اللَّهُمَّ جَنِّبْنَا الشَّيْطَانَ، وَجَنِّبِ الشَّيْطَانَ مَا رَزَقْتَنَا»

Bismi -llāh. Allāhumma jannibna -shshayṭāna wa-jannibi -shshayṭāna mā razaqtanā.

"Sa ngalan ni Allāh. O Allāh, ilayo Mo sa amin ang Demonyo at ilayo Mo ang Demonyo sa [anak na] ipagkakaloob Mo sa amin."[2]

82. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagkagalit

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa demonyong kasumpa-sumpa."[3]

---

[1] Abū Dāwud, 2/248, sa numero 2160; at Ibnu Mājah,1/617, sa numero 1918. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/324.

[2] Al-Bukhārīy, 6/141, sa numero 141; at Muslim, 2/1028, sa numero 1434.

[3] Al-Bukhārīy, 7/99, sa numero 3282; at Muslim, 4/2015, sa numero 2610.

83. Ang Du`ā' ng Nakakita ng Isang Sinusubok

«الحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي عَافَانِي مِمَّا ابْتَلَاكَ بِهِ، وَفَضَّلَنِي عَلَى كَثِيرٍ مِمَّنْ خَلَقَ تَفْضِيلًا»

Alḥamdu lillāhi -lladhī `āfānī mimmā -btalāka bihi wa-faḍḍalanī `alā kathīrim mimman khalaqa tafḍīlā.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpaigi sa akin mula sa ipinansubok sa iyo at nagtangi sa akin kaysa sa marami sa nilikha Niya sa isang pagtatangi."[1]

84. Ang Sinasabi sa Pagtitipon

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May nabibilang noon para sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa nag-iisang pagkakaupo na isang daang ulit bago pa man siya tumayo:

«رَبِّ اغْفِرْ لِي، وَتُبْ عَلَيَّ، إِنَّكَ أَنْتَ التَّوَّابُ الغَفُور»

Rabbi -ghfir lī wa-tub `alayya; innaka anta -ttawwābu -lghafūr.

"Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin at tumanggap Ka sa akin ng pagbabalik-loob; tunay na Ikaw ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Mapagpatawad."[2]

---

[1] At-Tirmidhīy, 5/494 at 5/493, sa numero 3432. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/153.

[2] At-Tirmidhīy sa numero 3434 at Ibnu Mājah sa numero 3814. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/153; at Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/321, at ang pananalita nito ay batay kay At-Tirmidhīy.

85. Ang du`ā' na Panakip-sala Matapos ng Pagtitipon

«سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ وَبِحَمْدِكَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ، أَسْتَغْفِرُكَ وَأَتُوبُ إِلَيْك»

Subḥānaka -llāhumma wa-bi-ḥamdik. Ashhadu an lā ilāha illā anta. Astaghfiruka wa-atūbu ilayk.

"Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo."[1]

86. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsabi ng: Ghafara -llāhu lak (Magpatawad nawa si Allāh sa iyo)

«وَلَك»

Wa-lak.

[1] Ang mga may-akda ng Sunan: sina Imām Abū Dāwud sa numero 4858; Imām At-Tirmidhīy sa numero 3433; at Imām An-Nasā'īy sa numero 1344. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/153. Napagtibay nga na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) ay nagsabi: "Hindi umupo ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang pag-upo, hindi siya bumigkas ng Qur'ān, at hindi siya nagdasal ng isang dasal maliban na tumapos siya niyon sa pamamagitan ng mga salita ..." Bahagi ng ḥadīth. Nagtala nito si Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 308; at si Imām Aḥmad, 77/6, sa numero 24486. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Dr. Fārūq Ḥamādah sa pagsusuri niya sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah ni Imām An-Nasā'īy, p. 273.

"At sa iyo nawa."[1]

87. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Gumawa sa Iyo ng Nakabubuti

«جَزَاكَ اللَّهُ خَيْرًا»

Jazāka -llāhu khayrā.

"Gantihan ka ni Allāh ng mabuti."[2]

88. Ang Pananggalang Mula kay Allāh Laban sa Bulaang Kristo

Ang sinumang nagsaulo ng sampung talata mula sa simula ng Kabanatang Al-Kahf, isasanggalang siya laban sa Bulaang Kristo.[3]

Ang paghiling ng pagkupkop ni Allāh laban sa sigalot ng Bulaang Kristo matapos kaagad ng Huling Tashahhud sa bawat ṣalāh.[4]

89. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsabing Iniibig Kita Alang-alang kay Allāh

«أَحَبَّكَ الَّذِي أَحْبَبْتَنِي لَه»

---

1 Aḥmad, 5/82, sa numero 20778; at An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah, p. 218, sa numero 421, sa pagsusuri ni Dr. Fārūq Ḥamādah.

2 Nagtala nito si Imām At-Tirmidhīy sa numero 2035. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`: 6244; at Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 2/200.

3 Tingnan ang ḥadīth numero 55 at ang ḥadīth numero 56, p. 41, mula sa aklat na ito.

4 Muslim, 1/555, sa numero 809. Sa isang salaysay: mula sa huling bahagi ng Kabanatang Al-Kahf, 1/556, sa numero 809.

Aḥabbaka -lladhī aḥbabtanī lahu.

"Umibig nawa sa iyo ang umibig ka sa akin dahil sa Kanya."[1]

90. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nag-alok sa Iyo ng Yaman Niya

«بَارَكَ اللَّهُ لَكَ فِي أَهْلِكَ وَمَالِك»

Bāraka llāhu laka fī ahlika wa-mālika.

"Pagpalain ka ni Allāh sa mag-anak mo at yaman mo."[2]

91. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagpautang sa Sandali ng Pagbabayad

«بَارَكَ اللَّهُ لَكَ فِي أَهْلِكَ وَمَالِك»

Bāraka llāhu laka fī ahlika wa-mālika.

"Pagpalain ka ni Allāh sa mag-anak mo at yaman mo. Ang ganti lamang sa pautang ay ang papuri at ang pagbabayad."[3]

92. Ang Du`ā' sa Pangamba sa Shirk

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ أَنْ أُشْرِكَ بِكَ وَأَنَا أَعْلَمُ، وَأَسْتَغْفِرُكَ لِمَا لَا أَعْلَم»

---

[1] Nagtala nito si Imām Abū Dāwud, 4/333, sa numero 5125. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Sunan Abī Dāwud, 3/965.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 4/288, sa numero 2049.

[3] Nagtala nito sina Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah, p. 300; at Imām Ibnu Mājah, 2/809, sa numero 2424. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/55.

Allāhumma innī a`ūdhu bika an ushrika bika wa-ana a`lamu, wa-astaghfiruka li-mā lā a`lam.

"O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo na magtambal ako sa Iyo samantalang ako ay nakaaalam at humihingi sa Iyo ng tawad sa anumang hindi ko nalalaman."[1]

93. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsabi sa Iyo ng Bāraka llāhu fīk (Pagpalain Ka ni Allāh).

«وَفِيكَ بَارَكَ اللَّه»

Wa-fīka bāraka llāh.

"At ikaw rin, pagpalain ka ni Allāh."[2]

94. Ang Du`ā' ng Pagkasuklam sa Pag-uugnay ng Kamalasan

«اللَّهُمَّ لَا طَيْرَ إِلَّا طَيْرُكَ، وَلَا خَيْرَ إِلَّا خَيْرُكَ، وَلَا إِلَهَ غَيْرُك»

Allāhumma lā ṭayra illā ṭayruka, wa-lā khayra illā khayruka, wa-lā ilāha ghayruk.

"O Allāh, walang pag-ugnay ng kamalasan kundi ang pag-ugnay Mo ng kamalasan, walang kabutihan kundi ang kabutihan Mo, at walang Diyos na iba pa sa

---

[1] Aḥmad, 4/403, sa numero 19606; at Al-Adab Al-Mufrad ni Imām Al-Bukhārīy sa numero 716. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 3/233; at Ṣaḥīḥ At-Targhīb wa At-Tarhīb ni Al-Albānīy, 1/19.

[2] Nagtala nito si Imām Ibnu As-Sunnīy, p. 138, sa numero 278. Tingnan: Al-Wābil Aṣ-Ṣayyib ni Imām Ibnu Al-Qayyim, p. 304, sa pagsisiyasat ni Bashīr Muḥammad `Uyūn.

Iyo."[1]

95. Ang Du`ā' sa Pagsakay

«بِسْمِ اللَّهِ، وَالحَمْدُ للَّه»

Bismi -llāhi wa-lḥamdu lillāh.

"Sa ngalan ni Allāh at ang papuri ay ukol kay Allāh."

«سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِين»

Subḥāna -lladhī sakhkhara lanā hādhā, wa-mā kunnā lahu muqrinīn.

"Kaluwalhatian sa Kanya na nagpasunud-sunuran para sa atin nito at tayo rito ay hindi sana makakakaya."

«وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا لَمُنقَلِبُون»

Wa-innā ilā rabbinā la-munqalibūn.

"At tunay na tayo sa Panginoon natin ay talagang magbabalik."

---

[1] Aḥmad, 2/220, sa numero 7045; at Ibnu As-Sunnīy sa numero 292. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 3/54, sa numero 1065. Hinggil naman sa minamabuting turing (optimismo), ito ay nagpapahanga sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Dahil dito, may narinig mula sa isang lalaki na isang kaaya-ayang salita kaya nagpahanga ito sa kanya saka nagsabi siya: "Kumuha kami ng minamabuting turing mo mula sa bibig mo." Abū Dāwūd sa numero 3719 at Aḥmad sa numero 9040. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 2/363, sa ganang kay Abū Ash-Shaykh sa Akhlāq An-Nabīy (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), p. 270.

«الحَمْدُ لِلَّهِ، الحَمْدُ لِلَّهِ، الحَمْدُ لِلَّهِ، اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَكْبَرُ، سُبْحَانَكَ اللَّهُمَّ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي فَاغْفِرْ لِي؛ فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْت»

Alḥamdu lillāh. Alḥamdu lillāh. Alḥamdu lillāh. Allāhu akbar. Allāhu akbar. Allāhu akbar. Subḥānaka -llāhumma. Innī ḍalamtu nafsī fa-ghfir lī fa-innahu lā yaghfiru -dhdhunūba illā ant.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay pinakadakila. Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh. Tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko kaya magpatawad Ka sa akin sapagkat tunay na walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw."[1]

96. Ang Du`ā' ng Naglalakbay

«اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَكْبَرُ، اللَّهُ أَكْبَر»

Allāhu Akbar. Allāhu Akbar. Allāhu Akbar.

"Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay pinakadakila."

«سُبْحَانَ الَّذِي سَخَّرَ لَنَا هَذَا وَمَا كُنَّا لَهُ مُقْرِنِين»

Subḥāna -lladhī sakhkhara lanā hādhā, wa-mā kunnā lahu muqrinīn.

"Kaluwalhatian sa Kanya na nagpasunud-sunuran para sa atin nito at tayo rito ay hindi sana

[1] Abū Dāwud, 3/34, sa numero 2602; at At-Tirmidhīy, 5/501, sa numero 3446. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/156; at Sūrah Az-Zukhruf: 13-14.

makakakaya."

«وَإِنَّا إِلَى رَبِّنَا لَمُنقَلِبُون»

Wa-innā ilā rabbinā la-munqalibūn.

"At tunay na tayo sa Panginoon natin ay talagang magbabalik."

«اللَّهُمَّ إِنَّا نَسْأَلُكَ فِي سَفَرِنَا هَذَا البِرَّ وَالتَّقْوَى، وَمِنَ العَمَلِ مَا تَرْضَى، اللَّهُمَّ هَوِّنْ عَلَيْنَا سَفَرَنَا هَذَا وَاطْوِ عَنَّا بُعْدَهُ، اللَّهُمَّ أَنْتَ الصَّاحِبُ فِي السَّفَرِ، وَالخَلِيفَةُ فِي الأَهْلِ، اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ وَعْثَاءِ السَّفَرِ، وَكَآبَةِ المَنْظَرِ، وَسُوءِ المُنْقَلَبِ فِي المَالِ وَالأَهْل»

Allāhumma innā nas'aluka fī safarinā hādha --lbirra wa-ttaqwā wa-mina --l`amali mā tarḍā. Allāhumma hawwin `alaynā safaranā hādhā wa-ṭwi `annā bu`dah. Allāhumma anta -ṣṣāhibu fi --ssafar, wa-lkhalīfatu fi -l'ahl. Allāhumma innī a`ūdhu bika min wa`thā'i --ssafar, wa-ka'ābati --lmanḍar, wa-sū'i--lmunqalabi fi --lmāli wa-l'ahl.

"O Allāh, tunay na kami ay humihiling sa Iyo sa paglalakbay naming ito ng pagsasamabuting-loob, pangingilag magkasala, at mula sa gawa ang ikalulugod Mo. O Allāh, pagaanin Mo sa amin ang paglalakbay naming ito at paiksiin Mo para sa amin ang layo nito. O Allāh, Ikaw ang kasamahan sa paglalakbay at ang pinag-iwanan sa mag-anak. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa hirap ng paglalakbay, laban sa panglaw ng tanawin, laban sa kasaklapan ng madadatnan sa ari-arian at

mag-anak."

Kapag uuwi, magsasabi nito at magdaragdag dito ng sumusunod:

«آيِبُونَ، تائِبُونَ، عَابِدُونَ، لِرَبِّنَا حَامِدُون»

Āyibūna, tā'ibūna, `ābidūna, li-rabbinā ḥāmidūn.

"[Tayo ay] mga umuuwi, na mga nagbabalik-loob, na mga sumasamba, na sa Panginoon natin ay mga nagpupuri."[1]

97. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Nayon o Bayan

«اللَّهُمَّ رَبَّ السَّمَوَاتِ السَّبْعِ وَمَا أَظْلَلْنَ، وَرَبَّ الأَرَضِينَ السَّبْعِ وَمَا أَقْلَلْنَ، وَرَبَّ الشَّيَاطِينِ وَمَا أَضْلَلْنَ، وَرَبَّ الرِّيَاحِ وَمَا ذَرَيْنَ، أَسْأَلُكَ خَيْرَ هَذِهِ القَرْيَةِ، وَخَيْرَ أَهْلِهَا، وَخَيْرَ مَا فِيهَا، وَأَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّهَا، وَشَرِّ أَهْلِهَا، وَشَرِّ مَا فِيهَا»

Allāhumma rabba -ssamāwāti -ssab`i wa-mā aḍlalna, wa-rabba -l'arḍīna -ssab`i wa-mā aqlalna, wa-rabba -shshayāṭīna wa-mā aḍlalna, wa-rabba -rriyāḥi wa-mā dharayna. As'aluka khayra hādhihi -lqaryati wa-khayra ahlihā wa-khayra mā fīhā; wa-a`ūdhu bika min sharrihā wa-sharri ahlihā wa-sharri mā fīhā.

"Allāh, Panginoon ng pitong langit at mga naliliman ng mga ito, Panginoon ng pitong lupa at mga pinapasan ng mga ito, Panginoon ng mga demonyo at mga iniligaw ng mga ito, Panginoon ng mga hangin at mga ikinalat ng mga ito. Humihiling ako sa Iyo ng kabutihan ng nayong ito, kabutihan ng mga

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 2/978, sa numero 1342.

naninirahan dito, at kabutihan ng anumang nasa loob nito. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan nito, kasamaan ng mga naninirahan dito, at kasamaan ng anumang nasa loob nito."[1]

98. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palengke

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ، وَلَهُ الحَمْدُ، يُحْيِي وَيُمِيتُ، وَهُوَ حَيٌّ لَا يَمُوتُ، بِيَدِهِ الخَيْرُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd. Yuḥyī wa-yumīt; wa-huwa ḥayyun lā yamūt; bi-yadihi -lkhayr; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at nagbibigay-kamatayan Siya, habang Siya naman ay Buhay na hindi mamamatay. Nasa kamay Niya ang kabutihan. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."[2]

---

[1] Nagtala nito sina Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy, 2/100; at Ibnu As-Sunnīy sa numero 524. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Ḥāfiḏ sa pagsasadokumento ng Al-Adhkār, 5/154. Nagsabi ang Pantas na si Ibnu Bāz (kaawaan siya ni Allāh): "Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'īy nang may magandang isnād." Tingnan: Tuḥfah Al-Akhyār, p. 37.

[2] At-Tirmidhīy sa numero 3428; Ibnu Mājah, 5/291, sa numero 3860; at Al-Ḥākim, 1/538. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/21; at sa Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/152.

99. Ang Du`ā' Kapag Nagloko ang Sinasakyan

«بِسْمِ اللَّه»

Bismi -llāh.

"Sa ngalan ni Allāh."[1]

100. Ang Du`ā' ng Tagapaglakbay Para sa Residente

«أَسْتَوْدِعُكُمُ اللَّهَ الَّذِي لَا تَضِيعُ وَدَائِعُه»

Astawdi`ukumu -llāha -lladhī lā taḍī`u wadā'i`uh.

"Naglalagak ako sa inyo kay Allāh na hindi nawawala ang mga lagak sa Kanya."[2]

101. Ang Du`ā' ng Residente Para sa Tagapaglakbay

«أَسْتَوْدِعُ اللَّهَ دِينَكَ، وَأَمَانَتَكَ، وَخَوَاتِيمَ عَمَلِك»

Astawdi`u -llāha dīnak, wa-amānatak, wa-khawātīma `amalik.

"Naglalagak ako kay Allāh ng relihiyon mo, ipinagkatiwala mo, at mga pangwakas ng gawain

[1] Abū Dāwud, 4/296, sa numero 4982. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 3/941.

[2] Aḥmad 2/403 sa numero 9230; at Ibnu Mājah, 2/943, sa numero 2825. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 2/133.

mo."[1]

«زَوَّدَكَ اللَّهُ التَّقْوَى، وَغَفَرَ ذَنْبَكَ، وَيَسَّرَ لَكَ الخَيْرَ حَيْثُ ما كُنْت»

Zawwadaka -llāhu -ttaqwā, wa-ghafara dhambak, wa-yassara laka -lkhayra ḥaythu mā kunta.

"Magpabaon sa iyo si Allāh ng pangingilag magkasala, magpatawad Siya ng pagkakasala mo, at magpadali Siya para sa iyo ng kabutihan saan ka man naroon."[2]

102. Ang Takbīr at ang Tasbīḥ sa Pag-usad sa Paglalakbay

Nagsabi si Jābir (malugod si Allāh sa kanya): Kami noon, kapag umaakyat kami, ay nagdadakila, na nagsasabi:

«اللَّهُ أَكْبَر»

Allāhu Akbar.

"Si Allāh ay pinakadakila." at kapag naman bumababa kami, ay nagluluwalhati,[3]

na nagsasabi:

«سُبْحَانَ اللَّه»

Subḥāna -llāh.

"Kaluwalhatian kay Allāh."

---

[1] Aḥmad, 2/7, sa numero 4524; at At-Tirmidhīy, 5/499 sa numero 3443. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Sunan At-Tirmidhīy, 3/419.

[2] At-Tirmidhīy sa numero 3444. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/155.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/135, sa numero 2993.

103. Ang Du`ā' ng Tagapaglakbay Kapag Nagmadaling-araw

«سَمَّعَ سَامِعٌ بِحَمْدِ اللَّهِ، وَحُسْنِ بَلَائِهِ عَلَيْنَا، رَبَّنَا صاحِبْنَا، وَأَفْضِلْ عَلَيْنَا، عَائِذًا بِاللَّهِ مِنَ النَّار»

Samma`a sāmi`um bi-ḥamdi --llāhi wa-ḥusni balā'ihi `alaynā. Rabbanā ṣāhibnā wa-afḍil `alaynā `ā'idham bi--llāhi mina --nnār.

"May makinig-kinig nawa na tagapakinig sa papuri kay Allāh at sa ganda ng pagpapala Niya sa atin. Panginoon namin, sumama Ka nawa sa amin at magmagandang-loob Ka nawa sa amin, habang nagpapakupkop [sa iyo,] Allāh, laban sa Apoy."[1]

104. Ang Du`ā' Kapag Nanuluyan sa Isang Tuluyan sa Paglalakbay o Iba pa

«أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَق»

A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq.

"Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2086, sa numero 2718. Ang kahulugan ng: "May makinig-kinig nawa na tagapakinig" ay "May sumaksi nawa na tagasaksi sa pagpuri natin kay Allāh (napakataas Siya) dahil sa mga biyaya Niya at kagandahan ng pagsubok niya." Ang kahulugan pa ng: "May makinig-kinig nawa na tagapakinig" ay "May magpaabot nawa na tagapakinig sa sabi kong ito sa iba pa sa kanya." Nagsabi siya ng tulad nito bilang isang pagtawag-pansin sa pagsambit ng dhikr sa madaling-araw (saḥar) at pananalangin. Sharḥ An-Nawawīy `alā Ṣaḥīḥ Muslim, 17/39.

Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya."[1]

105. Ang Dhikr sa Pagbabalik Mula sa Paglalakbay

Magsasabi ng Allāhu akbar nang tatlong ulit sa bawat [pag-akyat sa] mataas na lugar. Pagkatapos magsasabi ng:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ، وَلَهُ الحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، آيِبُونَ، تَائِبُونَ، عَابِدُونَ، لِرَبِّنا حَامِدُونَ، صَدَقَ اللَّهُ وَعْدَهُ، وَنَصَرَ عَبْدَهُ، وَهَزَمَ الأَحْزابَ وَحْدَه»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Āyibūna, tā'ibūna, `ābidūna, li-rabbinā ḥāmidūna. Ṣadaqa -llāhu wa`dahu, wa-naṣara `abdahu, wa-hazama -l'aḥzāba waḥdah.

"Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. [Tayo ay] mga umuuwi, na mga nagbabalik-loob, na mga sumasamba, na sa Panginoon natin ay mga nagpupuri. Nagtotoo si Allāh ng pangako Niya, nag-adya Siya sa Lingkod Niya, at gumapi Siya nang mag-isa sa mga lapian [laban sa Islām]."[2]

---

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2080, sa numero 2709.

[2] Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasabi nito kapag bumabalik siya mula sa pagsalakay o ḥajj.

106. Ang Sasabihin ng Sinumang Dinatnan ng Isang Bagay na Ikinatutuwa Niya O Ikinaiinis

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kapag dinatnan siya noon ng bagay na ikinatutuwa niya ay nagsasabi:

«الحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي بِنِعْمَتِهِ تَتِمُّ الصَّالِحَات»

Alḥamdu lillāhi -lladhī bi-ni`matihi tatimmu -ṣṣāliḥāt.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh na sa pamamagitan ng biyaya Niya nalulubos ang mga matuwid na gawa."

at kapag naman dinatnan siya ng bagay na kinasusuklaman niya, nagsasabi siya:

«الحَمْدُ لِلَّهِ عَلَى كُلِّ حَال»

Alḥamdu lillāhi `alā kulli ḥāl.

"Ang papuri ay ukol kay Allāh sa bawat kalagayan."[1]

Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, 7/163, sa numero 1797; at Ṣaḥīḥ Muslim, 2/980, sa numero 1344.

[1] Nagtala nito sina Imām Ibnu As-Sunnīy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah sa numero 377; at Imām Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito, 1/499. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 4/201.

107. Ang Kainaman ng Pagdalangin ng Basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Ang sinumang dumalangin ng basbas para sa akin ay magbabasbas si Allāh sa kanya nang makasampu."[1] Para bang magsabi:

«اللَّهُمَّ صَلِّ وَسَلِّمْ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّد»

Allāhumma ṣalli wa-sallim `alā nabīyinā Muḥammad.

"O Allāh, basbasan Mo at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad.)

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag ninyong gawin ang libingan ko bilang isang pagdiriwang. Dumalangin kayo ng basbas sa akin sapagkat tunay na ang pagdalangin ninyo ng basbas ay umaabot sa akin saan man kayo."[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang maramot ay ang sinumang nabanggit ako sa piling niya ngunit hindi siya dumalangin ng basbas sa akin."[3]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at

---

[1] Nagtala nito si Imām Muslim, 1/288, sa numero 384.

[2] Abū Dāwud, 2/218, sa numero 2044; at Aḥmad, 2/367, sa numero 8804. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 2/383.

[3] At-Tirmidhīy, 5/551 sa numero 3546; at iba pa. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 3/25; at Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/177.

pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay may mga anghel na mga palagala sa lupa, na nagpapaabot sa akin mula sa kalipunan ko ng pagbati."[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang isa mang bumati sa akin malibang nagbabalik si Allāh sa akin ng kaluluwa ko nang sa gayon makapagbalik ako sa kanya ng pagbati."[2]

108. Ang Pagpapalaganap ng Pagbati

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi kayo papasok sa Paraiso hanggang sa sumampalataya kayo at hindi kayo sasampalataya hanggang sa mag-ibigan kayo. Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay mag-iibigan kayo? Ipalaganap ninyo ang [pagbati ng] kapayapaan sa pagitan ninyo."[3]

"May tatlong [katangiang] ang sinumang nakabuo ng mga ito ay nakabuo nga sa pananampalataya: ang pagpapakamakatarungan sa sarili mo, ang pagkakaloob ng pagbati sa nilalang, at ang paggugol

---

[1] An-Nasā'īy, 3/43, sa numero 1282; at Al-Ḥākim, 2/421. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ An-Nasā'īy, 1/274.

[2] Abū Dāwud sa numero 2041. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/383.

[3] Muslim, 1/74, sa numero 54; at Aḥmad sa numero 1430, na ang pananalita ay batay sa kanya samantalang ang pananalita ni Muslim: "Hindi kayo makapapasok ..."

[sa kawanggawa] sa kabila ng pagdarahop."[1]

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {May isang lalaking nagtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kung aling gawain sa Islām ang pinakamabuti. Nagsabi siya: "Magpapakain ka ng pagkain, bibigkas ka ng pagbati sa sinumang nakilala mo at hindi mo nakilala."}[2]

109. Papaanong Ibabalik ang Pagbati sa Kāfir Kapag Bumati Ito

«وَعَلَيْكُم»

Wa-`alaykum.

"Kapag bumati sa inyo ang mga may kasulatan, magsabi kayo: Wa-`alaykum (At sumainyo)."[3]

110. Ang Du`ā' Pagkarinig ng Tilaok ng Tandang at Ungal ng Asno

"Kapag nakarinig kayo ng tilaok ng tandang, humingi kayo kay Allāh mula sa kabutihang-loob Niya sapagkat iyon ay nakakita ng isang anghel."

Para bang magsabi:

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 1/82, sa numero 28, mula kay 'Ammār, kalugdan nawa siya ng Allāh, bilang mawqūf at mu`allaq.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 1/55, sa numero 12; at Muslim, 1/65, sa numero 39.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/42, sa numero 6258; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/1705, sa numero 2163.

«اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك»

Allāhumma innī as'aluka min faḍlika.

"O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo mula sa kabutihang-loob Mo."

"Kapag nakarinig kayo ng ungal ng asno, magpakupkop kayo kay Allāh laban sa Demonyo sapagkat iyon ay nakakita ng isang demonyo."[1] Para bang magsabi:

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyong kasumpa-sumpa."

111. Ang Du`ā' Pagkarinig ng Kahol ng Aso sa Gabi

"Kapag nakarinig kayo ng kahol ng mga aso at ungal ng mga asno sa gabi, magpakapakupkop kayo kay Allāh laban sa mga iyon sapagkat ang mga iyon ay nakakikita ng hindi ninyo nakikita."[2]

Para bang magsabi:

«أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيم»

A`ūdhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm.

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/350, sa numero 3303; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2092, sa numero 2729.

[2] Abū Dāwud, 4/327, sa numero 5105; at Aḥmad, 3/306, sa numero 14283. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 3/961.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyong kasumpa-sumpa."

112. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nilait Mo

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): (O Allāh, alinmang mananampalataya na nilait ko, gawin Mo iyon para sa kanya bilang isang pampalapit-loob sa Iyo sa Araw ng Pagbangon.)"[1]

113. Ang Sasabihin ng Muslim Kapag Pumuri ng Muslim

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag ang isa sa inyo ay magpupuri sa kasamahan niya nang walang pagsala, magsabi siya, 'Nag-aakala ako kay Polano [bilang gayon], samantalang si Allāh ay mapagtuos sa kanya, at hindi ako nag-eendorso kay Allāh ng isa mang nag-aakala ako,' kung nakaaalam siya niyan, 'bilang ganito at gayon.'"[2]

114. Ang Sasabihin ng Muslim Kapag Inendorso

«اللَّهُمَّ لَا تُؤَاخِذْنِي بِمَا يَقُولُونَ، وَاغْفِرْ لِي مَا لَا يَعْلَمُونَ، [وَاجْعَلْنِي خَيْرًا مِمَّا يَظُنُّون]»

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/171, sa numero 6361; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2007, sa numero 396. Ang pananalita nito: "Kaya gawin Mo ito bilang isang pagkabusilak at isang awa para sa kanya."

[2] Nagsalaysay nito si Imām Muslim, 4/2296, sa numero 3000.

Allāhumma lā tu'ākhidhnī bi-mā yaqūlūna, wa-ghfir lī mā lā ya`lamūna, [wa-j`alnī khayram mimmā yaḍḍunnūn].

"O Allāh, huwag Kang magpanagot sa akin dahil sa sinasabi nila, magpatawad Ka sa akin ng [kasalanang] hindi nila nalalaman, [at gumawa Ka sa akin bilang higit na mabuti kaysa sa ipinagpapalagay nila]."[1]

115. Papaanong Magsagawa ng Talbiyah ang Muḥrim sa Ḥajj o `Umrah

«لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْكَ، لَبَّيْكَ لَا شَرِيكَ لَكَ لَبَّيْكَ، إِنَّ الحَمْدَ، وَالنِّعْمَةَ، لَكَ وَالمُلْكَ، لَا شَرِيكَ لَكَ»

Labbayka -llāhumma labbayk. Labbayka lā sharīka laka labbayk. Inna -lḥamda wa-nni`mata laka wa-lmulk; lā sharīka lak.

"Bilang pagtugon sa Iyo, O Allāh, bilang pagtugon sa Iyo. Bilang pagtugon sa Iyo, walang katambal sa Iyo, bilang pagtugon sa Iyo. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; walang katambal sa Iyo."[2]

---

[1] Al-Bukhārīy sa Al-Adab Al-Mufrad sa numero 761. Sumang-ayon sa katumpakan ng isnād nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Adab Al-Mufrad sa numero 585. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay karagdagan ni Imām Al-Bayhaqīy sa Sha`b Al-Īmān, 4/228, mula sa ibang narasyon.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/408, sa numero 1549; at Ṣaḥīḥ Muslim, 2/841, sa numero 1184.

116. Ang Pagsabi ng Allāhu Akbar Kapag Naparaan sa Batong Itim (Hajar Al-Aswad)

"Nagsagawa ng ṭawāf ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Ka`bah sakay ng isang kamelyo. Sa tuwing naparaan siya sa Panulukan [na Hajar Aswad], tumuturo siya roon ng isang bagay na taglay niya at nagsasabi siya ng Allāhu akbar."[1]

117. Ang Du`ā' sa Pagitan ng Panulukang Yamānīy at Batong Itim

﴿...رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِي ٱلدُّنۡيَا حَسَنَةٗ وَفِي ٱلۡأٓخِرَةِ حَسَنَةٗ وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ﴾.

Rabbanā ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa-fi -l'ākhirati ḥasanatan wa-qinā `adhāba -nnār.

﴿...رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِي ٱلدُّنۡيَا حَسَنَةٗ وَفِي ٱلۡأٓخِرَةِ حَسَنَةٗ وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ﴾.

{...Panginoon namin, magbigay Ka sa amin sa Mundo ng maganda at sa Kabilang-buhay ng maganda, at magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.}[2]

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/476, sa numero 1613. Ang tinutukoy ng bagay ay ang baston. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/472.

[2] Abū Dāwud, 2/179, sa numero 1894; Aḥmad, 3/411, sa numero 15398; at Al-Baghawīy sa Sharḥ As-Sunnah, 7/128. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Abī Dāwud, 1/354, at Sūrah Al-Baqarah.

118. Ang Du`ā' ng Pagtindig sa Ṣafā at Marwah

Noong napalapit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Ṣafā, bumigkas siya:

«إِنَّ الصَّفَا وَالْمَرْوَةَ مِنْ شَعَآئِرِ اللَّهِ...، أَبْدَأُ بِمَا بَدَأَ اللَّهُ بِهِ»

Inna -ṣṣafā wa-lmarwata min sha`ā'iri -llāh ..., abda'u bi-mā bada'a -llāhu bihi.

"Tunay na ang Ṣafā at ang Marwah ay kabilang sa mga sagisag ni Allāh ..., magsisimula ako sa kung ano ang sinimulan ni Allāh."

Nagsimula siya [ng sa`y] sa Ṣafā saka umakyat siya roon hanggang sa makita niya ang Ka`bah. Humarap siya sa qiblah at nagsabi: "Lā ilāha illa --llāh. Allāhu akbar (Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay pinakadakila)." Nagsabi pa siya:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ، أَنْجَزَ وَعْدَهُ، وَنَصَرَ عَبْدَهُ، وَهَزَمَ الأَحْزَابَ وَحْدَه»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr. Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu. Anjaza wa`dah, wa-naṣara `abdah, wa-hazama -l'aḥzāba waḥdah.

"Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay may-kakayahan. Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya. Tumupad si Allāh ng pangako Niya, nag-

adya Siya sa Lingkod Niya, at gumapi Siya nang mag-isa sa mga lapian [laban sa Islām]."

Pagkatapos dumalangin siya sa pagitan niyon; nagsabi siya ng tulad nito nang tatlong ulit. Bahagi ng ḥadīth. Nasaad dito: Gumawa siya sa Marwah ng gaya ng ginawa niya sa Ṣafā.[1]

119. Ang Du`ā' sa Araw ng `Arafah

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Ang pinakamabuting panalangin ay ang panalangin sa araw ng `Arafah. Ang pinakamabuting sinabi ko at ng mga propeta bago ko pa:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ وَلَهُ الحَمْدُ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

"Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan."[2]

120. Ang Dhikr sa Muzdalifah

{Sumakay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay Qaswā' hanggang sa nakarating

---

[1] Muslim, 2/888, sa numero 1218. Qur'ān 2:158.

[2] At-Tirmidhīy sa numero 3585. Sumang-ayon sa kagandahan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/184; at sa Silsilah Al-Aḥādīth Aṣ-Ṣaḥīḥah, 4/6.

siya sa Muzdalifah. Humarap siya sa qiblah. [Dumalangin siya sa Kanya, nagsabi siya na si Allāh ay pinakadakila, nagsabi siya na walang Diyos kundi si Allāh, at nagdiin siya sa kaisahan ni Allāh.] Hindi siya tumigil na nakatindig hanggang sa nagliwanag na nang maigi, saka lumisan siya bago sumikat ang araw.}[1]

121. Ang Takbīr sa Pagbato sa mga Jamrah sa Bawat Bato

"Magsasabi siya ng "Allāhu akbar" sa tuwing pumupukol siya ng isang bato sa tabi ng Tatlong Jamrah. Pagkatapos susulong siya at titindig habang dumadalangin siya nang nakaharap sa qiblah habang nag-aangat ng mga kamay niya matapos ng Una at Ikalawang Jamrah. Hinggil naman sa Jamrah Al-`Aqabah, pupukol siya nito habang nagsasabi ng "Allāhu akbar" sa bawat bato. Lilisan siya at hindi titigil sa tabi nito."[2]

122. Ang Du`ā' sa Paghanga at Bagay na Nakagagalak

«سُبْحَانَ اللَّه»

Subḥāna -llāh!

---

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 2/891, sa numero 1218.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/583, sa numero 1751. Tingnan ang pananalita nito roon. Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 3/583, 3/584, at 3/581, sa numero 1753. Nagsalaysay nito si Muslim din sa numero 1218.

"Kaluwalhatian kay Allāh!"[1]

«اللَّهُ أَكْبَر»

Allāhu Akbar.
"Si Allāh ay pinakadakila."[2]

123. Ang Gagawin ng Sinumang Dinatnan ng Bagay na Nagpapagalak sa Kanya

"Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kapag dinatnan siya ng isang bagay na nagpapagalak sa kanya o ikinagagalak, nagpapatirapa siya bilang pasasalamat kay Allāh, na mapagpala at napakataas."[3]

124. Ang Gagawin at Sasabihin ng Sinumang Nakaramdam ng Pananakit sa Katawan

Maglagay ka ng kamay mo sa nananakit na bahagi ng katawan mo. Magsabi ka ng:

«بِسْمِ اللَّه»

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 1/210, 390, at 414, sa numero 115, 3599, at 6218; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/1857, sa numero 1674.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 8/441, sa numero 4741 at 3062; at Imām At-Tirmidhīy sa numero 2180; at Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā sa numero 11185; at tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 2/103 at 2/235; at Musnad Aḥmad, 5/218, sa numero 21900.

[3] Nagsalaysay nito ang mga May Sunan maliban kay Imām An-Nasā'īy: sina Imām Abū Dāwud sa numero 2774, Imām At-Tirmidhīy sa numero 1578, at Imām Ibnu Mājah sa numero 1394. Tingnan: Ṣaḥīḥ Ibni Mājah, 1/233; at Irwā' Al-Ghalīl, 2/226.

Bismi -llāhi.
"Sa ngalan ni Allāh."
nang tatlong ulit; at magsabi ka nang pitung ulit na:

«أَعُوذُ بِاللَّهِ وَقُدْرَتِهِ مِنْ شَرِّ مَا أَجِدُ وَأُحَاذِر»

A`ūdhu bi-llāhi wa-qudratihi min sharri mā ajidu wa-uḥādhir.

"Nagpapakupkop ako kay Allāh at sa kakayahan Niya laban sa kasamaan ng anumang nararamdaman ko at pinangingilagan ko."[1]

125. Ang Du`ā' ng Sinumang Natakot na Makausog ng Anuman

Kapag nakakita ang isa sa inyo mula sa kapatid niya o mula sa sarili nito o mula sa ari-arian nito ng nagpapahanga sa kanya, [dumalangin siya para rito ng pagpapala] sapagkat tunay na ang usog ay totoo.[2]

126. Ang Sasabihin sa Sandali ng Hilakbot

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّه»

Lā ilāha illa -llāh!
"Walang Diyos kundi si Allāh!"[3]

---

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 4/1728, sa numero 2202.
[2] Musnad Aḥmad, 4/447, sa numero 15700; Ibnu Mājah sa numero 3508; at Mālik, 3/118-119. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 1/212. Tingnan: Taḥqīq Zād Al-Ma`ād ni Al-Arnā'ūṭ, 4/170.
[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 6/381, sa numero 3346; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2208, sa numero 2880.

127. Ang Sasabihin sa Sandali ng Pagkakatay o Pag-aalay

«بِسْمِ اللَّهِ وَاللَّهُ أَكْبَرُ [اللَّهُمَّ مِنْكَ وَلَكَ] اللَّهُمَّ تَقَبَّلْ مِنِّي»

Bismi -llāhi wa-llāhu akbar. [Allāhumma minka wa-laka.] Allāhumma taqabbal minnī.

"Sa ngalan ni Allāh at si Allāh ay pinakadakila. [O Allāh, mula sa Iyo at para sa Iyo.] O Allāh, tanggapin Mo mula sa akin."[1]

128. Ang Sasabihin Laban sa Pakana ng mga Mapaghimagsik sa mga Demonyo

«أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ الَّتِي لَا يُجَاوِزُهُنَّ بَرٌّ وَلَا فَاجِرٌ: مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ، وَبَرَأَ وَذَرَأَ، وَمِنْ شَرِّ مَا يَنْزِلُ مِنَ السَّمَاءِ، وَمِنْ شَرِّ مَا يَعْرُجُ فيهَا، وَمِنْ شَرِّ مَا ذَرَأَ فِي الأَرْضِ، وَمِنْ شَرِّ مَا يَخْرُجُ مِنْهَا، وَمِنْ شَرِّ فِتَنِ اللَّيْلِ وَالنَّهَارِ، وَمِنْ شَرِّ كُلِّ طَارِقٍ إِلَّا طَارِقًا يَطْرُقُ بِخَيْرٍ يَا رَحْمَن»

A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti -llatī lā yujāwizuhunna barrun wa-lā fājirun min sharri mā khalaqa wa-bara'a wa-dhara'a, wa-min sharri mā yanzilu mina -ssamā'i, wa-min sharri mā ya`ruju fīhā, wa-min sharri mā dhara'a fi -l'arḍi, wa-min sharri mā yakhruju minhā, wa-min sharri fitani -llayli wa-nnahāri, wa-min sharri kulli ṭāriqin illā ṭāriqan

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 3/1557, sa numero 1967; at Al-Bayhaqīy, 9/287. Ang nasa pagitan ng mga panaklong ay sa ganang kay Al-Bayhaqīy, 9/287 at sa iba pa. Ang huling pangungusap ay inilahad ko batay sa kahulugan mula sa salaysay ni Imām Muslim.

yaṭruqu bi-khayrin, yā raḥmān.

"Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh, na walang nakalalampas na mabuting-loob ni masamang-loob, laban sa kasamaan ng nilikha Niya, ginawa Niya, at nilalang Niya, laban sa kasamaan ng anumang bumababa mula sa langit, laban sa kasamaan ng anumang umaakyat doon, laban sa kasamaan ng anumang nilalang sa lupa, laban sa kasamaan ng anumang lumalabas mula rito, laban sa kasamaan ng mga sigalot sa gabi at maghapon, laban sa kasamaan ng bawat tagadalaw sa gabi maliban sa isang tagadalaw sa gabi na nagdadala ng kabutihan, O Napakamaawain."[1]

129. Ang Paghingi ng Tawad at ang Pagbabalik-loob

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sumpa man kay Allāh, tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allāh at nagbabalik-loob sa kanya nang higit sa pitumpung ulit sa isang araw."[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O mga tao, magbalik-loob kayo kay Allāh sapagkat tunay na ako ay nagbabalik-loob sa

[1] Aḥmad, 3/419, sa numero 15461, sa isang isnād na tumpak; at Ibnu As-Sunnīy sa numero 637. Sumang-ayon sa katumpakan ng isnād nito si Al-Arnā'ūṭ sa pagsasadokumento niya ng Aṭ-Ṭaḥāwīyah, p. 133. Tingnan: Majma` Az-Zawā'id, 10/127.

[2] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/101, sa numero 6307.

Kanya nang isandaang ulit sa isang araw."[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsabi ng:

«أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ العَظِيمَ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الحَيُّ القَيُّومُ وَأَتُوبُ إِلَيه»

Astaghfiru -llāha -l`aḍīma -lladhī lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūmu, wa-atūbu ilayh.

Humihingi ako ng tawad kay Allāh, ang Dakila, na walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili, at nagbabalik-loob ako sa Kanya,

"magpapatawad sa kanya si Allāh kahit pa siya ay tumakas mula sa martsa sa labanan."[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakamalapit na sandali ng Panginoon mula sa lingkod ay sa kalaliman ng huling bahagi ng gabi. Kaya kung makakakaya ka na ikaw ay maging kabilang sa mga nag-aalaala kay Allāh sa oras na iyon, maging gayon ka."[3]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakamalapit na sandali ng tao

---

[1] Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2076, sa numero 2702.

[2] Abū Dāwud, 2/85, sa numero 1517; at At-Tirmidhīy, 5/569, sa numero 3577; at Al-Ḥākim, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon sa kanya si Adh-Dhahabīy, 1/511. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/182; at Jāmi` Al-Uṣūl li Aḥādīth Ar-Rasūl, 4/389-390, sa pagsisiyasat ni Al-Arnā'ūṭ.

[3] At-Tirmidhīy sa numero 3579; An-Nasā'īy, 1/279, sa numero 572; at Al-Ḥākim, 1/309. Tingnan: Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/183, at Jāmi` Al-Uṣūl sa pagsisiyasat ni Al-Arnā'ūṭ, 4/144.

mula sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa. Kaya magparami kayo ng pagdalangin."[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na talagang may lumalambong sa puso ko at tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allāh ng isandaang ulit sa isang araw."[2]

130. Ang Kainaman ng Tasbīḥ, Taḥmīd, Tahlīl, at Takbīr

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsabi ng:

«سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ»

Subḥāna -llāhi wa-bi-ḥamdih.

'Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya.'

nang isandaang ulit sa isang araw, maaalis ang mga kamalian niya kahit pa man singdami ng mga

---

[1] Muslim, 1/350, sa numero 482.

[2] Nagtala nito si Imām Muslim, 4/2075, sa numero 2702. Nagsabi si Ibnu Al-Athīr: Ang "talagang may lumalambong sa puso ko" ay nangangahalugang: "talagang natatakpan at nababalutan." Ang tinutukoy rito ay ang pagkaligta dahil siya noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nahihinto sa pagkadagdag ng pag-alaala, pagkalapit-loob, at pamamalagi ng pagkamalay kay Allāh. Kapag nakaligta siya ng isang anuman mula sa mga ito sa ilan sa mga sandali o nakalimot, ibinibilang niya ito bilang isang pagkakasala laban sa sarili niya kaya nagmamadali siya sa paghingi ng tawad. Tingnan: Jāmi` Al-Uṣūl, 4/386.

bula ng dagat."[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsabi ng:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ المُلْكُ، وَلَهُ الحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِير»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Lahu -lmulku wa-lahu -lḥamd; wa-huwa `alā kulli shay'in qadīr.

'Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan.'

nang sampung ulit, siya ay naging gaya ng sinumang nagpalaya ng apat na tao kabilang sa mga anak ni Ismael."[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "May dalawang pangungusap na magaan sa dila, na mabigat sa timbangan [ang gantimpala], na kaibig-ibig sa Napakamaawain:

«سُبْحَانَ اللَّهِ وَبِحَمْدِهِ، سُبْحانَ اللَّهِ العَظِيم»

Subḥāna -llāhi wa-bi-ḥamdih. Subḥāna -llāhi -

---

[1] Al-Bukhārīy, 7/168, sa numero 6405; at Muslim, 4/2071, sa numero 2691. Tingnan: Ang Kainaman ng Sinumang Nagsabi ng mga Ito ng Isandaang Ulit Kapag Nag-umaga at Kapag Gumabi, p. 65, ng aklat na ito.

[2] Al-Bukhārīy, 7/67, sa numero 6404; at Muslim sa pananalita nito, 4/2071, sa numero 2693. Tingnan: Ang Kainaman ng Sinumang Nagsabi ng mga Ito ng Isandaang Ulit, numero 93, p. 66, ng aklat na ito.

l`aḍīm.

'Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya. Kaluwalhatian kay Allāh, ang Dakila.'[1]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Talagang ang magsabi ako ng:

«سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَر»

Subḥāna -llāh, wa-lḥamdu lillāh, wa-lā ilāha illa -llāh, wa-llāhu akbar.

'Kaluwalhatian kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay pinakadakila.'

ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa anumang sinikatan ng araw.[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Nawawalang-kakayahan ba ang isa sa inyo na magkamit sa bawat araw ng isang libong magandang gawa?" Kaya may nagtanong sa kanya na isang tagatanong kabilang sa mga kaupuan niya: "Papaano po magkakamit ang isa sa amin ng isang libong magandang gawa?" Nagsabi siya:

«سُبْحَانَ اللَّه»

Subḥāna -llāh.

"Magsasabi siya ng isandaang subḥāna -llāh sapagkat magtatala para sa kanya ng isang libong

---

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, 7/168, sa numero 6404; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2072, sa numero 2694.

[2] Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2072, sa numero 2695.

magandang gawa o mag-aalis para sa kanya ng isang libong kamalian."[1]

"Ang sinumang nagsabi ng:

«سُبْحَانَ اللَّهِ العَظِيمِ وَبِحَمْدِه»

Subḥāna -llāhi -l`aḍīmi wa-bi-ḥamdih.

'Kaluwalhatian kay Allāh, ang Dakila, at kalakip ng papuri sa Kanya.'

may itatanim para sa kanya na isang punong datiles sa Paraiso."[2]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O `Abdullāh bin Qays, hindi ba ako maggagabay sa iyo sa isang kayamanan mula sa mga kayamanan ng Paraiso?" Kaya nagsabi ako: "Opo, O Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Sabihin mo:

«لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّه»

Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh.

'Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh.'[3]

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakakaibig-ibig na pangungusap kay Allāh ay apat:

---

[1] Muslim, 4/2073, sa numero 2698.

[2] Nagtala nito sina Imām At-Tirmidhīy, 5/511, sa numero 3464; at Imām Al-Ḥākim, 1/501, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman sa kanya si Adh-Dhahabīy. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 5/531; at Ṣaḥīḥ At-Tirmidhīy, 3/160.

[3] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 11/213, sa numero 4206; at Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2076, sa numero 2704.

«سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَر»

Subḥāna -llāh, wa-lḥamdu lillāh, wa-lā ilāha illa -llāh, wa-llāhu akbar.

'Kaluwalhatian kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay pinakadakila.'

hindi makapipinsala sa iyo sa alinman sa mga ito nagsimula ka."[1]

May pumuntang isang Arabeng-disyerto sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Magturo ka sa akin ng isang pananalitang sasabihin ko." Nagsabi siya: "Sabihin mo:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، اللَّهُ أَكْبَرُ كَبِيرًا، وَالحَمْدُ لِلَّهِ كَثِيرًا، سُبْحَانَ اللَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ العَزِيزِ الحَكِيمِ»

Lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah. Allāhu akbar kabīrā wa-lḥamdu lillāhi kathīrā. Subḥāna -llāhi rabbi -l`ālamīn. Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāhi -l`azīzi -lḥakīm.

'Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Si Allāh ay Pinakadakila nang malakihan at ang papuri ay ukol kay Allāh nang maramihan. Kaluwalhatian kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh, ang

[1] Muslim, 3/1685, sa numero 2137.

Makapangyarihan, ang Maalam.'"

Nagsabi ito: "Ngunit ang mga ito ay para sa Panginoon ko, kaya ano naman ang para sa akin?" Nagsabi siya: "Sabihin mo:

«اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِي، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَارْزُقْنِي»

Allāhumma -ghfir lī, wa-rḥamnī, wa-hdinī, wa-rzuqnī."

'O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, at tustusan Mo ako.'[1]

Noong ang isang lalaki ay yumakap sa Islām, tinuruan ito ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagdarasal, pagkatapos nag-utos siya rito na dumalangin sa pamamagitan ng mga pangungusap na ito:

«اللَّهُمَّ اغْفِرِ لِي، وَارْحَمْنِي، وَاهْدِنِي، وَعَافِنِي وَارْزُقْنِي»

Allāhumma -ghfir lī, wa-rḥamnī, wa-hdinī, wa-`āfinī, wa-rzuqnī.

"O Allāh, magpatawad Ka sa akin, maawa Ka sa akin, magpatnubay Ka sa akin, magpaigi Ka sa akin, at magtustos Ka sa akin."[2]

---

[1] Imām Muslim, 4/2072, sa numero 2696. Nagdagdag si Imām Abū Dāwud, 1/220, sa numero 832: Noong tumalikod ang Arabeng-disyerto, nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talaga ngang pumuno siya sa kamay niya ng kabutihan."

[2] Ṣaḥīḥ Muslim, 4/2073, sa numero 3697. Sa salaysay rin niya: "Tunay na ang mga [panalanging] ito ay nagtitipon para sa iyo ng Mundo mo at Kabilang-buhay Mo."

Tunay na ang pinakamainam na panalangin ay:

«الحَمْدُ لِلَّه»

Alḥamdu lillāh.
"Ang papuri ay ukol kay Allāh."
Ang pinakamainam na dhikr ay:

«لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّه»

Lā ilāha illa -llāh."
"Walang Diyos kundi si Allāh."[1]
Ang mga matuwid na gawang mananatili:

«سُبْحَانَ اللَّهِ، وَالحَمْدُ لِلَّهِ، وَلَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَاللَّهُ أَكْبَرُ، وَلَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّه»

Subḥāna -llāh, wa-lḥamdu lillāh, wa-lā ilāha illa -llāhu, wa-llāhu akbar, wa-lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh.

"Kaluwalhatian kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay pinakadakila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh."[2]

---

[1] At-Tirmidhīy, 5/462, sa numero 3383; at Ibnu Mājah, 2/1249, sa numero 3800; at Al-Ḥākim, 1/503, na sumang-ayon sa katumpakan nito at nakisang-ayon naman dito si Adh-Dhahabīy. Tingnan ang: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 1/362.

[2] Aḥmad sa numero 513 sa pagkakaayos ni Aḥmad Shākir. Tingnan: Majma` Az-Zawā'id, 1/297. Tumunton nito si Ibnu Ḥajar sa Bulūgh Al-Marām mula sa salaysay ni Abū Sa`īd kay An-Nasā'īy [sa Al-Kubrā] sa numero 10617 at nagsabi: "Sumang-ayon sa

131. Papaano Noon ang Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Nagluluwalhati kay Allāh?

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nakita ko ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagbibilang ng pagluluwalhati. Sa isang karagdagan: "sa kanang kamay niya."[1]

132. Ilan sa mga Uri ng Kabutihan at mga Masaklaw na Etiketa

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag nangyari ang pagdilim ng gabi o gumabi, magpigil kayo sa mga paslit ninyo sapagkat tunay na ang mga demonyo ay kumakalat sa sandaling iyon. Kapag may lumipas na isang bahagi ng gabi, hayaan ninyo sila. Isara ninyo ang mga pinto at banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh sapagkat tunay na ang demonyo ay hindi makabubukas ng isang pintong isinara. Talian ninyo ang mga sisidlang katad ng tubig ninyo at banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh. Takpan ninyo ang mga lalagyan ninyo at banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh kahit pa man

---

katumpakan nito sina Ibnu Ḥibbān sa numero 840 at Imām Al-Ḥākim, 1/541.

[1] Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud sa pananalita nito, 2/81, sa numero 1502; at Imām At-Tirmidhīy, 5/521, sa numero 3486. Tingnan: Ṣaḥīḥ Al-Jāmi`, 4/271, sa numero 4865. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ Sunan Abī Dāwud, 1/411.

naglagay kayo sa mga ito ng anuman. Patayin ninyo ang mga ilaw ninyo."[1]

Basbasan ni Allāh, pangalagaan, at biyayaan ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya sa kalahatan.

❋❋❋

[1] Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy kasama ng Al-Fatḥ, 10/88, sa numero 5623; at Ṣaḥīḥ Muslim, 3/1595, sa numero 2012.

Ang Indise

Ang Muog ng Muslim Mula sa mga Dhikr ng Qur'ān at Sunnah 2
Ang Panimula 2
Ang Kainaman ng Dhikr 5
1. Ang mga Dhikr Pagkagising 9
2. Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Damit 14
3. Ang Du`ā' sa Pagsusuot ng Bagong Damit 14
4. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsuot ng Bagong Damit 15
5. Ang Sasabihin Bago Maghubad ng Damit 15
6. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palikuran 16
7. Ang Du`ā' sa Paglabas sa Palikuran 16
8. Ang Dhikr Bago Magsagawa ng Wuḍū' 16
9. Ang Dhikr Matapos Magsagawa ng Wuḍū' 17
10. Ang Dhikr sa Paglabas ng Bahay 18
11. Ang Dhikr sa Pagpasok ng Bahay 19
12. Ang Du`ā' sa Pagpunta sa Masjid 19
13. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Masjid 21
14. Ang Du`ā' sa Paglabas ng Masjid 22
15. Ang mga Dhikr Kaugnay sa Adhān 23
16. Ang Du`ā' ng Pagpapasimula ng Ṣalāh 25
17. Ang Du`ā' sa Pagyukod 32
18. Ang Du`ā' sa Pag-angat Mula sa Pagkakayukod 34
19. Ang Du`ā' sa Pagkapatirapa 35
20. Ilan sa mga Du`ā' sa Pagkaupo sa Pagitan ng Dalawang Patirapa 37
21. Ang Du`ā' sa Sujūd Tilāwah 38

22. Ang Tashahhud 39
23. Ang Panalangin Para sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Matapos ng Tashahhud 40
24. Ang Du`ā' Matapos ng Huling Tashahhud Bago ang Salām 41
25. Ang mga Dhikr Matapos ang Salām ng Ṣalāh 48
26. Ang Du`ā' sa Ṣalāh Istikhārah 54
27. Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi 56
28. Ang mga Dhikr sa Pagtulog 76
29. Ang Du`ā' Kapag Bumiling-biling sa Gabi 85
30. Ang Du`ā' Para sa Takot sa Pagtulog at Para sa Sinumang Dumaranas ng Pangungulila 86
31. Ang Gagawin Kapag Nanaginip ng Mabuti o Masama 86
32. Ang Du`ā' sa Qunūt ng Witr 87
33. Ang Dhikr Pagkatapos ng Salām sa Witr 90
34. Ang Du`ā sa Alalahanin at Kalungkutan 90
35. Ang Du`ā' sa Pagdadalamhati 92
36. Ang Du`ā' sa Pakikipagtagpo sa Kaaway at May Kapamahalaanan 93
37. Ang Du`ā' ng Sinumang Nangamba sa Kawalang-katarungan ng Tagapamahala 94
38. Ang Du`ā' Laban sa Kaaway 96
39. Ang Sasabihin ng Sinumang Nangangamba sa mga Tao 97
40. Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Pag-aalangan sa Pananampalataya 97
41. Panalangin sa Pagbabayad ng Utang 98
42. Ang Du`ā' sa Pag-aalangan sa Ṣalāh at Pagbigkas ng Qur'ān 99

43. Ang Du`ā' ng Sinumang May Minamahirap sa Kanya na Isang Bagay 99
44. Ang Sasabihin at Gagawin ng Sinumang Nagkasala ng Isang Pagkakasala..... 100
45. Ang Du`ā' ng Pagtataboy sa Demonyo at mga Pagpapasaring Nito..... 100
46. Ang Du`ā' Kapag Nasadlak sa Hindi Ikinasisiya o Pinanaigan sa Nauukol sa Kanya 101
47. Ang Pagbati sa Pinagkalooban ng Anak at ang Pagtugon Nito..... 102
48. Ang Du`ā' sa Pagpapakupkop sa mga Bata kay Allāh 103
49. Ang Du`ā' Para sa Maysakit sa Pagdalaw sa Kanya 104
50. Ang Kainaman ng Pagdalaw sa Maysakit 104
51. Ang Du`ā' ng Maysakit na Nawawalan ng Pag-asa sa Buhay Niya 105
52. Ang Pagpapabigkas ng Shahādah sa Naghihingalo. 106
53. Ang Du`ā' ng Sinumang Dinapuan ng Isang Kasawian 107
54. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagpapapikit sa Patay..... 107
55. Ang Du`ā' Para sa Patay sa Ṣalāh Para sa Kanya..... 108
56. Ang Du`ā' Para sa Namatay na Bata sa Ṣalāh Para sa Kanya..... 111
57. Ang Du`ā' ng Pakikiramay 113
58. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagpapasok sa Patay sa Libingan..... 114
59. Ang Du`ā' Matapos ang Paglilibing sa Patay..... 114
60. Ang Du`ā' sa Pagdalaw sa mga Libingan..... 115
61. Ang Du`ā' Kapag Umihip ang Hangin 115
62. Ang Du`ā' sa Pagkulog..... 116

63. Ilan sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Ulan 117
64. Ang Du`ā' Kapag Bumuhos ang Ulan 118
65. Ang Du`ā' Matapos ang Pagbuhos ng Ulan..... 118
66. Isa sa mga Du`ā' ng Paghiling ng Pagtila ng Ulan 118
67. Ang Du`ā' sa Pagkakita ng Bagong Buwan 119
68. Ang Du`ā' sa Sandali ng Ifṭār..... 119
69. Ang Du`ā' Bago Kumain..... 120
70. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagkatapos sa Pagkain 121
71. Ang Du`ā' ng Panauhin sa May-ari ng Pagkain..... 122
72. Ang Pagpapahiwatig ng Du`ā' Para sa Pagpapakain o Pagpapa-inom 123
73. Ang Du`ā' Kapag Nagsagawa ng Ifṭār sa Piling ng Isang Mag-anak..... 123
74. Ang Du`ā' ng Tagapag-ayuno Kapag Nakahanda ang Pagkain at Hindi Kumain 124
75. Ang Sasabihin ng Nag-aayuno Kapag Inalipusta Siya 124
76. Ang Du`ā' Pagkakita ng Unang Bunga ng Datiles..... 124
77. Ang Du`ā' sa Pagbahin..... 125
78. Ang Sasabihin sa Kāfir Kapag Bumahin Siya at Nagpuri 125
79. Ang Du`ā' sa Bagong Kasal 126
80. Ang Du`ā' ng Magpapakasal at sa Pagbili ng Hayop 126
81. Ang Du`ā' Bago Makipagtalik sa Maybahay..... 127
82. Ang Du`ā' sa Sandali ng Pagkagalit 127
83. Ang Du`ā' ng Nakakita ng Isang Sinusubok 128
84. Ang Sinasabi sa Pagtitipon..... 128
85. Ang du`ā' na Panakip-sala Matapos ng Pagtitipon.. 129
86. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsabi ng: Ghafara -llāhu lak (Magpatawad nawa si Allāh sa iyo)..... 129

87. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Gumawa sa Iyo ng Nakabubuti 130
88. Ang Pananggalang Mula kay Allāh Laban sa Bulaang Kristo 130
89. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsabing Iniibig Kita Alang-alang kay Allāh 130
90. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nag-alok sa Iyo ng Yaman Niya 131
91. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagpautang sa Sandali ng Pagbabayad 131
92. Ang Du`ā' sa Pangamba sa Shirk 131
93. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nagsabi sa Iyo ng Bāraka llāhu fīk (Pagpalain Ka ni Allāh) 132
94. Ang Du`ā' ng Pagkasuklam sa Pag-uugnay ng Kamalasan 132
95. Ang Du`ā' sa Pagsakay 133
96. Ang Du`ā' ng Naglalakbay 134
97. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Nayon o Bayan 136
98. Ang Du`ā' sa Pagpasok sa Palengke 137
99. Ang Du`ā' Kapag Nagloko ang Sinasakyan 138
100. Ang Du`ā' ng Tagapaglakbay Para sa Residente 138
101. Ang Du`ā' ng Residente Para sa Tagapaglakbay 138
102. Ang Takbīr at ang Tasbīḥ sa Pag-usad sa Paglalakbay 139
103. Ang Du`ā' ng Tagapaglakbay Kapag Nagmadaling-araw 140
104. Ang Du`ā' Kapag Nanuluyan sa Isang Tuluyan sa Paglalakbay o Iba pa 140
105. Ang Dhikr sa Pagbabalik Mula sa Paglalakbay 141
106. Ang Sasabihin ng Sinumang Dinatnan ng Isang Bagay na Ikinatutuwa Niya O Ikinaiinis 142

107. Ang Kainaman ng Pagdalangin ng Basbas sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) 143
108. Ang Pagpapalaganap ng Pagbati 144
109. Papaanong Ibabalik ang Pagbati sa Kāfir Kapag Bumati Ito 145
110. Ang Du`ā' Pagkarinig ng Tilaok ng Tandang at Ungal ng Asno 145
111. Ang Du`ā' Pagkarinig ng Kahol ng Aso sa Gabi 146
112. Ang Du`ā' Para sa Sinumang Nilait Mo..... 147
113. Ang Sasabihin ng Muslim Kapag Pumuri ng Muslim 147
114. Ang Sasabihin ng Muslim Kapag Inendorso 147
115. Papaanong Magsagawa ng Talbiyah ang Muḥrim sa Ḥajj o `Umrah..... 148
116. Ang Pagsabi ng Allāhu Akbar Kapag Naparaan sa Batong Itim (Hajar Al-Aswad) 149
117. Ang Du`ā' sa Pagitan ng Panulukang Yamānīy at Batong Itim..... 149
118. Ang Du`ā' ng Pagtindig sa Ṣafā at Marwah 150
119. Ang Du`ā' sa Araw ng `Arafah..... 151
120. Ang Dhikr sa Muzdalifah 151
121. Ang Takbīr sa Pagbato sa mga Jamrah sa Bawat Bato 152
122. Ang Du`ā' sa Paghanga at Bagay na Nakagagalak. 152
123. Ang Gagawin ng Sinumang Dinatnan ng Bagay na Nagpapagalak sa Kanya..... 153
124. Ang Gagawin at Sasabihin ng Sinumang Nakaramdam ng Pananakit sa Katawan..... 153
125. Ang Du`ā' ng Sinumang Natakot na Makausog ng Anuman 150
126. Ang Sasabihin sa Sandali ng Hilakbot 154

127. Ang Sasabihin sa Sandali ng Pagkakatay o Pag-aalay 155
128. Ang Sasabihin Laban sa Pakana ng mga Mapaghimagsik sa mga Demonyo 155
129. Ang Paghingi ng Tawad at ang Pagbabalik-loob ... 156
130. Ang Kainaman ng Tasbīḥ, Taḥmīd, Tahlīl, at Takbīr 158
131. Papaano Noon ang Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) Nagluluwalhati kay Allāh? 165
132. Ilan sa mga Uri ng Kabutihan at mga Masaklaw na Etiketa 165

❋❋❋

tl24v5.0 - 11/10/2026

رئاسة الشؤون الدينية بالمسجد الحرام والمسجد النبوي

رسالة الحرمين

Message of The Two Holy Mosques

Guidance content for the visitors of the Holy Mosque and the Prophet's Mosque in languages